Ang Paglalantad ng Diyos

Jeffersonville, Indiana, USA
Hunyo 14, 1964

1 Manatili tayong nakatayo sumandali habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo para sa panalangin.

Mabiyaya naming Panginoon, tunay kaming nagpapasalamat sa araw na ito para sa pribilehiyong makapagtipon kami rito sa lupa bago dumating ang Panginoon. Nawa'y saliksikin namin ang aming mga puso ngayon, ayon sa Iyong Salita, upang malaman kung kami'y nasa Pananampalataya, upang kami ay maging handa, sa — sa oras ng Kaniyang pagpapakita. Na kami nga ay matulad sa sinabi ng Kasulatan, "Aagawing kasama ng mga natutulog, at sasalubungin ang Panginoon sa hangin, at makakapiling Niya magpakailanman."

Pinasasalamatan Ka namin sa tunay na Cristianong Espiritu na nariyan pa rin sa mundo, sa mga tao, na naniniwala pa rin sila sa Iyo at sa Iyong Salita. Kaya't hinihiling po namin ang Iyong mga pagpapala sa amin ngayong araw na ito, na Iyo pong ibuhos sa bawat isa sa amin ayon sa aming pangangailangan, upang kami ay madiligan ng Salita, upang kami'y maging mga instrumentong may gamit sa Iyong mga kamay, para sa huling araw na ito. Pagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, ang aming dakilang Pastol, na aming hinihintay na magpakita. Amen.

Maaari na kayong maupo.

2 At nais kong sabihin na itinuturing ko itong isang dakilang pribilehiyo sa umagang ito na maparitong muli. At ipagpaumanhin ninyo dahil hindi sapat ang dami ng ating upuan. At sisikapin natin, mamayang gabi, na magkaroon ng pananalangin para sa maysakit; Ngayong araw na ito, sa umagang ito, ay magiging mahirap nang bahagya.

At — at iti-teyp ko ang Mensaheng ito ngayong araw na ito. Ako . . . Tila kumikilos ang Panginoon sa akin ukol dito, o, isa o dalawang buwan na ang nakalipas, at ito'y napakahaba. . . At hindi ko hawak ang oras sa mga gawain, sapagkat hinahayaan nating tumagal ng tatlumpu, apatnapung minuto ang gawain. At pagkatapos tayo . . . Dahil kinakailangang pumasok sa trabaho ng mga tao at iba pang bagay, nakita kong mas mainam kung gagawin kong maikli ang aking mga Mensahe. At hindi sila nagkaroon ng panahon doon upang irekord ito, kung kaya naisip ko na hihintayin ko na lang na maparito ako sa Tabernakulo at dito na lang ito irekord. At medyo may kahabaan ito, at alam kong kayo'y nakatayo, at ako — ako'y magmamadali sa abot ng aking makakaya. At, ngayon, hindi makaaabala sa akin kung kayo'y magpapalitan ng mga upuan, o anupaman, iya'yiya'y ayos na ayos lang sa akin, dahil ito ay isang araw na laan para lang maisagawa natin ang pagrerekord na ito.

Kung kaya't mayroon tayong mga dakilang ulat ukol sa mga ginawa ng Panginoon sa bukirin, ngunit marahil ay higit na maraming ulat ang maibibigay natin mamayang gabi kung kailan mas maraming panahon.ang maiuukol natin.

3 At ngayon nagtitiwala kami na pagpapalain ang bawat isa sa inyo ng Panginoon. Alam kong puno ng kasiyahan ang inyong mga puso, na naghihintay sa Pagdating ng Panginoon. At ang sa akin man, ay naguumapaw sa galak, na makita ang mga bagay na nagaganap kung paanong naganap.ang mga ito. At — at ang pambansang sigalutan, at ang iglesia sa kondisyong kinalalagyan nito, at nakikita ang mga tanda ng Kaniyang Pagdating, kapuwa pisikal at espirituwal, at nababatid na ang oras ng Kaniyang Pagpapakita ay lubhang napakalapit na, pinupuno nito ng kasiyahan ang ating puso na malaman na tayo'y mababago isa sa mga araw na ito. Tayo'y mababago mula sa pagiging nilikhang tulad natin.

4 Ngayon, naniniwala ako, kung naiintindihan ko, na mayroon silang hook up sa telepono kung saan, na ang Mensaheng ito ay tutungo sa Phoenix at sa — at sa iba't ibang dako, sa pamamagitan ng telepono. Kung kaya ngayon, kami'y nagtitiwala na kung iyo'y gayon nga . . . hindi ko alam; sinabi lang iyan sa akin bago ako pumasok. At — at ang lahat ng mga taong naririyan ay tunay na nagtatamasa ng mabuting pangangatawan atang Luwalhati ng Panginoon ay sumasa kanila.

5 At ngayon — ngayon ay bubuksan natin ang Salita ng Panginoon. At kaya tayo naririto ay upang masiyahan ang ating mga sarili at ating masdan kung ano tayo . . . Hinding-hindi tayo pumupunta rito at tayo'y . . . Walang sinumang naririto ang nakakikilala sa sinumang tao na uupo sa ganitong init, at dahil lamang sa gusto niyang maparito. Tayo'y naririto para sa isang layunin, at iya'y ang, "higit na malapit na paglakad kasama ng Diyos." At iyan lang ang maaari nating gawin, ang manampalatayang ang Panginoong Jesus ay kasama natin. At naririto tayo upang — upang lumakad nang higit na malapit kasama Niya.

6 Ngayon medyo mahirap ang init na ito para sa akin. Medyo nasanay na ako sa tuyong init doon sa Tucson, na . . . Ang alinsangan dito ngayon; ang init doo'y mas higit na mainit kaysa rito, ngunit ito'y tuyo. Ang aming kahalumigmigan minsan ay ikadalawampung bahagi ng isang porsiyento, marahil, parang ganoon, halos ay para kang nabubuhay sa ilalim ng oxygen tent. Ngunit dito ay mayroon itong — ang — ang halumigmig nito, ginagawa ka nitong parang "patang-pata," tulad ng tawag namin dito. Kaya't mahirap ito para sa inyo, kaya't alam ko iyan, at kayong mga ina na may mga mumunting sanggol at

kayong mga nakatayo, matanda at bata, at pinagsama-samang tulad niyan. At ngayon, tayo'y — tayo'y umaasa na gagantimpalaan kayo nang masagana dahil sa inyong sakripisyo.

7 Nauunawaan kong si Kapatid na Roy Borders ay naririto lang. Narinig kong nabanggit siya kanina, ngunit sa wari ko'y hindi siya makapasok. Buweno. Siya ang tagapamahala ng mga pagtitipon.

Kaya ngayon ay nais din naming ipatalastas na isang dati nating kasama ay yumao na upang makapiling ang Panginoon ngayong umagang ito, isang lalaki, si Kapatid na Jackson mula sa Sturgis, Michigan. Walang nakaaalam kung paano siyang yumao o anuman tungkol dito. Maayos naman siya, at basta na lamang siya . . . Sa wari ko ay nakita na lamang nila siyang patay, o anuman. Ako — hindi ko nakuha ang buong detalye nito. At kami ay lubos na nagpapasalamat sa Diyos dahil si Kapatid na Jackson ay isang Cristiano. Hindi ko siya nakita sa loob ng maraming taon, ngunit umupo siyang kasama natin, at kabilang siya sa atin. Pagpahingahin nawa ng Diyos ang Kaniyang magiting na kaluluwa! Ang gayong pagyao, naniniwala tayo marahil na ito ay isang bagay, panahon na upang siya ay Jumisan. Hindi kailanman tayo binalaan ng Panginoon tungkol dito, o siyaman, basta na lamang siyang yumao. Gayon nga ang naganap. At nais kong tawagan ang kaniyang maybahay sa lalong madaling panahon at nais nating lahat na magpasalamat sa Diyos dahil sa kaniyang magiting na buhay Cristiano, at kung ano ang kahalagahan niya rito sa lupa, at lalung-Ialo na sa atin dito sa ating kalipunang lokal.

8 Ngayon, ngayong gabi ay naipatalastas ko na, na magkakaroon ng panalangin para sa maysakit mamayang gabi, at magsasalita ako nang higit ukol sa maysakit mamayang gabi.

Ngunit para sa pagkakataong ito, tumungo tayo nang tuwiran sa Salita ngayon, sapagkat masikip dito at mainit. Tuwiran tayong dadako sa Salita. Nais kong bumasa mula sa dalawang bahagi ng kasulatan ngayong umaga, may kahabaan ito, upang makapaglahad ako ng munting panlikod na larawan sa nais kong ipangusap.

At, ngayon, ang nais ko'y huwag muna nilang ilabas ang teyp, Kapatid na Sothmann at sa iba pa, bago ipagbili ito, kung maaari, at ako — nais kong mapakinggan ito bago natin . . . bago ito lumabas sa publiko.

9 Ngayon sa . . . nais kong bumasa mula sa mga taga-Filipos, ika-2 kabanata sa ika-2 kabanata, 1 hanggang 8; at Ikalawang Corinto 3, simula sa ika-6, at babasa hanggang sa ika-4 na kabanata ng Ikalawang Corinto, para sa isang panlikod na larawan. Ngayon sa mga Taga-Filipos, ika-2 kabanata muna ako babasa. ikalawang kabanata, muna ako babasa. Bago tayo bumasa, manalangin tayo.

10 Panginoong Jesus, ang Iyong Salita ay Katotohanan. At sa napakagulong oras na ito na aming pinamumuhayan, bansa laban sa bansa, salot, mga paglindol sa maraming lugar, ang puso ng mga tao'y nanghihina, natatakot, nakikita namin ang sulat kamay sa dingding. Ngayon, iyan ay sa natural na daigdig, upang makita ito ng buong mundo. Ngunit, ngayon, mayroon ding espirituwal na kaharian, at nakikita namin ang mga dakilang kaganapan, at nais naming mangusap tungkol sa mga ito ngayong araw na ito.

Basbasan Mo po ang Salita Mo sa aming puso. Batid namin na walang sinuman sa Langit o sa lupa ang karapat-dapat na kumuha ng Aklat na ito, na mag-alis ng mga Tatak, o maging tumingin man lang Dito. Ngunit may Isang nagpakita, isang pinaslang na Kordero, duguan, dumating at kinuha ang Aklat, at riaging karapat-dapat at nagawang buksan Ito. o, Kordero ng Diyos, buksan Mo ang Iyong Salita sa aming mga puso sa araw na ito, para kami maaliw. Kami ay mga lingkod Mo. Patawarin Mo ang aming mga pagkakasala, Panginoon. At anumang magiging hadlang para makasulong ang Iyong Salita na may dakilang kapangyarihan at impluwensiya sa araw na ito sa aming mga buhay, alisin Mo po ito, Panginoon, anumang sagabal, upang magkaroon kami ng lubos na karapatan sa lahat ng mga pagpapalang ipinangako sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salita. Hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

11 Mga Taga-Filipos 2. Kaya nga kung mayroong anomang kasiglahan kay Cristo, kung mayroong anomang kaaliwan ng pag-ibig, kung mayroong anomang pakikisama ng Espiritu, kung mayroong anomang mahinahong awa at habag.

Ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa ng akala, at — at isa lamang pag-iisip;

Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampi-kampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa 't isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili; Huwag tingnan ng bawa 't isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa 't isa naman ay sa iba 't iba. Mangagkaroon kayo sa inyo ngpag-iisip, na ito y na kay Cristo Jesus din naman: Na siya, bagama 't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios, Kundi bagkus hinubad niya ito, at nag-anyong alipin, na nakitulad sa mga tao:

At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus.

12 Ngayon, kung bubuklat tayo ngayon sa Ikalawang Corinto, sa ika-3 kabanata, magsisimula tayo sa ika-6 na talata, at babasahin natin ito hanggang sa ika-8, hanggang sa bahagi ng ika-4 na kabanata. Na sa amin naman ay nagpapaging sapat na mga ministro ng bagong tipan; hindi ng titik, kundi ng espiritu: sapagkat ang titik ay pumapatay, datapuwa 't ang espiritu ay nagbibigay ng buhay.

Nguni't kung ang pangangasiwa ng kamatayan, na nasusulat, at nauukit sa mga bato, ay nangyaring may kaluwalhatian, ano pa't ang mga anak ni Israel ay hindi makatitig sa mukha ni Moises, dahil sa kaluwalhatian ng kaniyang mukha; na ang kaluwalhatiang ito y lumilipas: Paanong hindi lalong magkakaroon ng kaluwalhatian ang pangangasiwa ng espiritu? Sapagka't kung ang pangangasiwa ng kahatulan ay may kaluwalhatian, ay bagkus pa ngang higit na sagana sa kaluwalhatian ang pangangasiwang ukol sa katuwiran. Sapagka't katotohanang ang pinaluwalhati ay hindi pinaluwal hati sa bagay na ito, ng dahil sa kaluwalhatiang sumasagana. Sapagka't kung ang lumilipas ay maluwalhati, ay lalo pang nananatili ay nasa kaluwalhatian. Yaman ngang mayroong gayong pag-asa. ay ginagamit namin

ang buong katapangan ng pananalita, At hindi gaya ni Moises, na nagtalukbong ng kaniyang mukha upang ang mga anak ni Israel ay huwag magsititig sa katapusan

niyaong lumilipas: Datapuwa't ang kanilang mga pag-iisip ay nagsitigas: sapagka't hanggang sa araw na ito, pagka binabasa ang matandang tipan, ang talukbong ding iyon ay nananatili na hindi itinataas, na ito'y naalis sa pamamagitan ni Cristo.] Datapuwa't hanggang sa araw na ito, kailan ma't binabasa ang mga aklat ni Moises, ay may isang talukbong na nakatakip sa kanilang mga puso. Nguni't kailan ma't magbalik sa Panginoon, ay maaalis ang talukbong. Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu: at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon . . . ay may kalayaan.

Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu. Kaya nga sa pagkakaroon namin ng ministeriong ito, ayon sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina; Bagkus tinanggihan namin ang mga kahiya-hiyang bagay na nangatatago, na hindi kami nagsisilakad sa katusuhan, ni nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Dios; kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay ibinibilin ang aming sarili sa bawat budhi ng mga tao sa harapan ng Dios. At kung ang aming evangelio ay natatalukbungan pa, ay may talukbong sa mga napapahamak:

13 Nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kaniyang pagpapala sa pagbasa ng Kaniyang Salita!

Ngayon, ang paksa ko sa umagang ito, umaasa akong ipahahayag ito ng Diyos. At sa bawat pagkakataon, kung kayo na kumukuha ng mga teyp at nakikinig, at ako'y umaasa at nagtitiwala na — na mayroon kayong espirituwal na pang-unawa kung ano ang sinisikap ng Diyos na ipabatid sa Iglesia nang hindi na ito kailangan pang sabihin ng tahasan. Kita n'yo? Isang bagay jto, minsan, kailangan nating sabihin— ang mga bagay-bagay sa isang paraan, upang kumaunti, upang magbunsod sa iba na lumabas, at ang iba ay umalis, at ang iba ay — ay — ay mag-isip-isip. Ngunit iyan ay sadyang ginagawa sa isang layunin. Kailangang maisagawa ito sa ganoong paraan.

14 At marahil ay may mga magsasabi, “Ibig mo bang sabihin ay sinasadya ng Diyos na gumawa ng ganoon?” Talagang ginawa Niya iyon. Hanggang ngayon ay ginagawa Niya pa rin ito.

Sinabi Niya isang araw, nang libu-libo ang nakapalibot sa Kaniya, ang sabi Niya, “Mali bang kanin n'yo ang laman ng Anak ng Diyos, o Anak ng tao, at inumin ninyo ang Kaniyang Dugo, walang Buhay sa inyo.”

Ano kayang uri ng pangungusap ito sa palagay ninyo para sa isang duktor ng medisina o sa isang nars, o sa sinumang mahusay at intelektuwal na — tao, ano kaya ang iisipin nila sa gayong pangungusap, ng isang Lalaking may lingkuran gaya ng sa Kaniya? Aba, sasabihin niya, “Kanin n'yo ang laman? Kanibal yan! Ang uminom ng dugo ng tao? Bampira yan! Sa ibang pananalita, nais Niya tayong maging mga kanibal at mga bampira.” At ang lahat ng tagapakinig ay nagsilayo sa Kaniya.

15 At may kasama Siya noong mga kapisanan ng mga ministro, pitumpu sila na nahirang. At bumaling Siya sa kanila, at ang sabi Niya, “Ano kaya ang iisipin ninyo kapag nakita ninyo ang Anak ng Tao na pumapanhik sa Kaniyang pinagmulan?” Ngayon hindi niya ivon ipinaliwanag. Hindi niya ipinaliwanag kung paano; Si Pablo ang gumawa noon sa banding huli. Basta nalang sinabi niya Iyon. Kita n'yo? At pagkatapos nang ito nga, ang sabi Niya, “ Ano kaya ang sasabihin ninyo,” sa mga ministrong ito, “kung makikita ninyo ang Anak ng tao na pumapanhik sa Kaniyang pinagmulan?”

Walang duda na sinabi ng mga taong iyon, “Ngayon, teka muna. Aba'y nakasalo natin Siya. Nangisda tayong kasama Niya. Natulog tayong kasama Niya. A — alan natin kung saan Siya isinilang. Nakita natin ang kunang Kaniyang — pinag-uguyan sa Kaniya. At paanong magagawa ng Taong ito. . . Napakatigas na pangungusap nito.”

At sinabi ng Biblia na, “Hindi na sila nakisama sa Kaniya.” Iniwan nila Siya.

16 Nang magkagayon ay labindalawa ang naiwan sa Kaniya. Humirang Siya ng labindalawa, at isa sa kanila ay diablo, ang sabi Niya. Kaya't hinarap Niya sila. At walang makapagpaliwanag sa kung ano ang kasasabi pa lang Niya. "Paano nilang kakanin ang Kaniyang laman at iinumin ang Kaniyang Dugo? At paano Siyang bumaba, samantalang isinilang Siya rito mismo sa lupa?" Kita n'yo? Hindi nila maunawaan Iyon. At binalingan Niya ang mga apostol, at ang sabi Niya, "Kayo rin ba'y aalis?"

At noon ipinangusap ni Pedro ang dakilang pangungusap na iyon, "Panginoon, saan kami tutungo?" Kita n'yo? "Sapagkat nasisiyahan na kami. Tiyak na tiyak namin na Ikaw lang, at tanging Ikaw lang, ang may Salita ng Buhay sa oras na ito." Kita n'yo? "At nasisiyahan na kami riyan." Kita n'yo, hindi nila Iyon maipaliwanag. Sila'y... Hindi mo maaaring ipaliwanag ang pananampalataya. Ito'y isang bagay na pinaniniwalaan mo, at napakatibay nito na walang maaaring pumalit dito. Kaya nga, alam nila na ang Salitang naisulat para sa panahong iyon na kinabubuhayan nila, ang panahon ng Mesiyas, na akmang-akma sa Kaniya ang lugar na iyon. At ano'ng gagawin nila para magbalik pa sa mga malalamig, mga pormal na iglesiang iyon na kanilang nilabasan? Ang sabi, "Saan kami tutungo?" Kita n'yo? "Lubos na kaming napaniwala na nasa Iyo ang Salita ng Buhay." Kita n'yo? At sila — hindi nita Iyon maipaliwanag, ngunit sinampalatayan nila Iyon. Kita n 'yo?

17 At sinabi iyon ni Jesus para mabawasan ang kaniyang tagapakinig, kita n'yo, hanggang sa matipon Niya ang lupong iyon. At sa dinami-dami ng mga taong iyon, sila, labing isa lang sa kanila noon ang totoong nakaunawa kung Sino Siya. Alam nila Siya ay Diyos, at tanging Diyos lamang. Ngayon, ang. . .

Ang paksa ko sa umagang ito ay ang ipahayag, o ilantad ang Diyos na iyon.

Lagi nang ang Diyos, sa bawat panahon, ay nagtatago sa likod ng tabing, lahat ng panahon, datapuwat Siya'y Diyos sa lahat ng panahon. Kita n 'yo? Subalit nanatili Siyang nakatago sa sanlibutan, at nagpapahayag Siya sa Kaniyang Hinirang, gaya ng mga apostol sa panahong iyon. Ngayon, iyon ay ang Diyos na nangungusap sa pamamagitan ni Cristo.

Ngayon, ang tao ay lagi nang, ito'y naging kalikasan na ng tao, hinahanap niya (sa paraang pisikal) ang Diyos na iyon. Lagi niyang nais makita Ito. Gumawa ang tao ng mga nilalang na kahawig Niya. Nag-iisip sila ng isang . . . Ang mga Indian ay sumasamba sa araw. At — at makikita natin, sa Africa, ang iba't-ibang anyo ng hayop, at iba pa. At doon . . . sa mga katutubo ng Alaska, at — at ang iba't-ibang anyo na ipinapalagay nilang kinaroroonan ng Diyos. Gaya ng ipinangusap ni Pablo roon sa Athens noon, sa burol ng Mars, at sinabing sila'y mapamahiin tungkol sa hindi kilalang Diyos na iyon, na, alamo nilang naroroon Siya ngunit hindi nila Siya kilala.

18 At kaya nga makikita natin maging sa panahon ni Job. Alam ni Job na may Diyos. Alam niya iyon. At walang si — si — sinumang tao, sa wasto nilang pag-iisip, ang hindi nakaaalam na talagang may Isang bagay kung saan. At, ngayon, nais makipag-usap ni Job sa Kaniya. At nais kong pansinin n 'yo ang anyong pinili ng Diyos upang makipagusap kay Job. Natatabingan ang Diyos nang makipag-usap Siya kay Job. Siya ay natatabingan ng ipu-ipo, bumaba sa pamamagitan ng ipu-ipo. Naniniwala ba kayong ang Diyos ay dumarating pa rin sa anyo ng isang ipu-ipo .

19 May mga nakaupo rito, ilan sa kanila, na kasama natin nung isang araw nang dumating Siya sa anyo ng isang ipu-ipo. Sinabi na sa amin ito isang araw bago iyon, naroon si Kapatid na Banks Wood, at ang iba pa, nang sabihin Niya, "Kunin mo ang batong ito, ipukol mo sa hangin, at sabihin, 'ITO ANG SABI NG PANGINOON! Makikita n'yo kaagad ito.''' At dinampot ko ang bato roon, sa tuktok ng bundok, ipinukol iyon sa hangin, at ang . . . anupa't, habang nahuhulog ito, lumikha ito ng isang ipu-ipo, kita n 'yo, ang paghigop nito ng hangin.

Kailangan mong gumawa ng isang bagay para maging sanhi upang sumunod dito ang isa pang bagay. Kumuha si Jesus ng isang pirasong tinapay at pinagputol-putol ito, at dumami ito mula sa iisang piraso ng tinapay. Kumuha siya ng tubig, isinalin ito sa pitsil. Kumuha si Elias ng asin, inilagay iyon sa isang sisidlan; pumutol ng patpat, ihinagis iyon sa tubig. Ito'y isang bagay na sumasagisag. At nang damputin ko ang batong iyon at ipukol iyon sa hangin, at sa pagbaba nito ay nalikha ang isang ipu-ipo.

20 Nang sumunod na araw, aba'y, may kasama kaming isang ministro sa isang lakbaying pangangaso. Nakatayo siya sa tabi ko, at sinabi niya sa akin, ''Nagbibigay ba ang Panginoon ng mga pangitain 'pag nasa labas kang tulad nito, Kapatid na Branham?" 39 Ang sabi ko, "oo, ngunit karaniwang nagpupunta ako rito para magpahinga." At noon din ay dumating ang pangitain.

At si Kapatid na Borders, sa palagay ko'y nasa labas siya ngayon, naroon siya. Si Kapatid na Banks Woods, sa wari ko, at, oh, marami kami roon sa itaas, walo o sampu. At si Kapatid na Banks Woods ay naghihintay dito: Mismo sa bundok, sa harap mismo no'n, eksaktong kalahating milya ang layo kung saan nagpakita ang pitong Anghel, na siyang dahilan ng pag-alis ko upang magtungo roon, at nagbalik at isinaysay ang . . . tungkol sa Pitong Tatak. Mga kalahating milya lang ang layo roon.

21 At nang sumunod na araw, habang nagaganap iyon, habang, ang . . . sabi ko sa kapatid, ang

kapatid na ito, Ang sabi ko, "Ang problema mo, may allergy ka sa mata mo. Sinikap ng mga duktor na lunasan iyan sa loob ng dalawang taon, at hindi nila magawa. Ang sabi nila ay mawawa . . . kakanin nito ang mata mo." At ang sabi ko, "Ngunit huwag kang magalala, kinilala ng Panginoong Jesus ang iyong pananampalataya." At ibinaba niya ang barilniya. At ang sabi ko, "ang iyong ina," kung ano siya at ano ang dipirensiya niya. At ang sabi niya, "Katotohanan iyan."

22 Si Kapatid na Roy Roberson na taga rito sa iglesiang ito, ay nakatayo roon, sa palagay ko'y kilala n'yo siyang lahat. Dahil alam kong siya'y isang beterano, at dahil alam ko kung ano ang napipintong maganap, ipinatong ko ang kamay ko sa kaniyang balikat; at ang sabi ko, "Kapatid na Roberson, mag-ingat ka't magmasid, may napipintong maganap."

Lumakad akong pabalik sa dakong dapat kong tayuan, at mula sa hangin ay may dumating na ipu-ipo, sa kaliabaan ng burol, mula sa taas; ria naging napakalakas hanggang sa natibag nito ang mga bato, mga walo o sampung pulgada, mula sa tuktok ng bundok, at itinapon ang mga iyon ng mga dalawang daang milya ang layo. At pumalakpak ng tatlong ulit na paganoon, at isang Tinig ang lumabas mula rito. Kita n'yo?

At lahat sila'y nangakatayo roon. Si Kapatid na Banks, na naririto ngayon, ay lumapit at nagsabi, "Iyon ba ang sinabi mo sa akin kahapon?" Ang sabi ko, "Opo, iyon na nga iyon." Ang sabi niya, "Ngayon, ano'ng sinabi nito?"

Ang sabi ko, "Ngayon, sa akin na lang iyon, Kapatid na Banks, kita mo, dahil iyon ay . . . Maaalarma nito ang mga tao."

23 Ngunit nagtuloy pa rin Ito, nangyari iyon mga ilang . . . naglakbay itong pahilaga. Mga ilang, ilang araw pagkalipas noon ay tumama Iyon sa karagatan, at nakita n'yo kung ano ang nangyari sa Fairbanks. Iyon ay tanda ng paghuhukom. Ngayon, makikita natin na — na ang Diyos pa rin . . . Nakikita n'yo ba, malalagay ang mga tao sa isang masidhing takot. At kaya nga noon ay nagkaroon sila . . . Kailangan iyong mangyari, kita n 'yo. Kailangan iyon mangyari. Ang mga bagay na nakatakdang mangyari ay talagang kailangang mangyari, sa anu't anuman. Kita n 'yo, mangyay'ari talaga iyon, sa anu't anuman.

24 Ninasa ni Moises minsan na makita ang Diyos, at inutusan siya ng Diyos na tumayo sa bato. At, sa bato'y, tumayo si Moises at nakita niyang nagdaraan ang Diyos, at ang likod Niya ay mistulang likod ng isang tao. Ang Diyos ay nasa isang ipu-ipo, at ang Diyos . . . habang nakatayo si Moises sa bato.

Sa palagay ko'y nakita n'yong lahat ang larawan doon sa labas noong isang araw, tumayo kami sa ibabaw ng bato ring iyon. At naririto ang Liwanag na iyon, ang Anghel ng Panginoon, doon mismo kung saan Iyon su.malpok. Nakatayo. . . Naririyan iyan sa ating bulletin board ngayon, minsan pa.

25 Pansinin, si Jehova ng Lumang Tipan ay si Jesus sa Bagong Tipan. Kita n'yo? Siya pa rin ang Diyos na Iyon, nagpapalit lamang ng anyo. 5o Ngayon, may nagsabi noong isang araw, isang-isang-isang ministrong Baptist doon sa Tucson, "Paano mong nasasabi na — na si Jesus at ang Diyos ay iisang Persona?"

Ang sabi ko, "Buweno, napakadali nito kung hahayaan mo lang munang lumayo ang sarili mong kaisipan, at ang isipin mo ay angisinasaad ng Biblia tungkol dito. Sila ay iisang Persona. Ang Diyos ay Espiritu; si Jesus ang katawang tumatalukbong sa Kaniya. Kita n'yo?" Ang sabi ko, "Gaya ng sa tahanan namin. Sa asawa ko, ako ay isang asawang lalaki. At mayroon akong isang batang anak na babae, si Rebekah, ako ay Ama niya. At may apo ako" at ang pangalan niya ay Paul, ako ay lolo niya. Ako ay asawang lalaki, ama, at lolo. At ang asawa ko ay walang pagturing sa akin bilang ama o lolo; ang maaari niyang ituring sa akin ay asawa lamang. At walang pagturing ang anak kong babae sa akin bilang asawang lalaki o kaya'y lolo; anak ko siya. Kita n'yo? Gayon man ang tatlong personang ito ay iisang persona. Kita n'yo? Iyon ay ang Diyos; Ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay ang mga pagtuturing lamang ng dispensasyon." Ang Diyos ay siya pa rin, ang siya pa ring Diyos.

26 Binago ng Diyos ang Kaniyang anyo, nagb'go Siya ng anyo. Kung mapapansin ninyo dito sa Filipos, ay sinabi Niya, "Hindi inaring isang bagay na dapat panangnan, bagkus ay nag-anyong tao."

Ngayon, ang salitang Griego roon sa anyong iyon, maghapon kong sinaliksik ito kahapon, sa pag-iisip ko kung ano iyon, nasumpungan ko, nakuha ko ang salitang ito na "en morphe." Kung babaybayin ay e-n m-or-p-he. Hinanap ko sa Griego, ang kahulugan ng en morphe ay . . . Maaaring magkamali ako ng pagbigkas diyan, kaya nga binaybay ko ito, para pag nailabas na ang teyp, ang mga tao, ang mga iskolar, ay makaalam kung ano ang — ang pakahulugan ko rito. Siya, nang ang en morphe, ang ibig sabihin niyan ay binago Niya ang anyo Niya. Siya, Siya'y nanaog. Ngayon, ang salitang Griego riyan, ay nangangahulugang, " Isang bagay na hindi nakikita bagama't naririyan, at pagkatapos ay nag-iba ito ng anyo, at maaari na itong Makita ng mata." Kita n'yo?

27 Gaya ni Elias, sa Dothan. Kita n'yo, hindi makita ng alipin ang mga Anghel na iyon sa palibot, at bigla na lang binago ng Diyos; hindi pinababa ang mga Anghel, ngunit binago Niya ang paningin ng alipin. At

naroon ang kabundukang punung-puno ng mga Anghel, at ng apoy, at mga kabayong apoy, at mga karuwaheng apoy, sa palibot ng Kaniyang propeta. Kita n 'yo, binago Niya ang kanilang paningin. Na - naroon na ang bagay na iyon.

Kaya't, ang sinasabi ko, ang Diyos na iyon na noon pa'y naroon ay naririto ngayon. Ang isang bagay lang na ginawa Niya nang Siya'y magkatawang tao, ay pinalitan Niya ang maskara Niya. Kita n'yo? Siya — Siya. ang en-morphe na ito, binago Niya ang Sarili Niya mula sa kung ano Siya dati, sa kung ano Siya ngayon, o ang maskara Niya, panibagong gampanin.

28 Tulad sa isang dakilang dula. Gaya-ng ipinangusap ko sa umagang ito, para akong nagbabalik-aral tungkol dito sa Shakespeare. Matagal nang panahon iyon. Datapuwat nang isulat ni Shakespeare ang — ang — ang dula, ang . . . para kay Haring Santiago ng Inglatera, nang siya . . . ang katauhan ni Macbeth. Kita n 'yo, hindi naniniwala si Shakespeare sa mga mangkukulam; ngunit sa dulang iyon, ang Hari ay naniniwala sa mga mangkukulam, kaya't kailangan niyang isali ang mga mangkukulam. Kita n 'yo? At ngayon, para niya magawa ito, ay binago nila ang mga tauhan.

Si Becky na ngayo'y naririto, sa dulang Carmen, isinadula nila iyon sa — sa eskuwela kung saan siya nagtapos ilang linggo pa lamang ang nakararaan. Ngayon, marahil ang isang tao ay gumanap ng tatlo o apat na papel. Para niya magawa niya iyon, nagpapalit siya ng kaniyang maskara. Minsan lalabas siya, bilang ganitong tauhan; at sa susunod na paglabas naman niya, ay ibang tauhan na naman siya. Ngunit iisang persona iyon sa lahat ng pagkakataon.

29 At ganiyan ang Diyos. Binago Niya ang Kaniyang Sarili mula sa—sa isang Haliging Apoy, upang maging isang Tao. At pagkatapos ay binago Niya ang Sarili Niya mula roon, pabalik sa pagiging Espiritu muli, nang sa gayon ay makapanahan Siya sa tao. Ginaganap ng Diyos sa pamamagitan ng tao kung ano talaga Siya. Si Jesus Cristo, ay Diyos na nasa isang Tao, nasa loob ng isang Tao. Sa isang Tao, iyon Siya. Nagbago Siya mula sa isang Haliging Apoy, at pagkatapos ay pumasok Siya; na siyang tabing sa ilang, na nagkubli sa Diyos mula sa Israel. Nakita ni Moises ang hugis ng Kaniyang katawan, ngunit angtotoo, noon pa'y nakatago na Siya sa Haliging Apoy na ito, na siyang Logos na nagmula sa Diyos. 59 Ngayon, makikita natin dito, ngayon mula noong Pentecostes, ang Diyos ay hindi na gumaganap sa tao, o gumaganap ng papel . . . ngayon Siya ay gumaganap na sa pamamagitan ng tao. Kita n 'yo? Siya ay gumaganap noon sa isang Tao, si Jesus. Ngayon, Siya ay gumaganap sa pamamagitan ng taong pinili Niya para sa layuning ito. Ang Diyos, sa anyo ng tao, binago Niya ang Sarili, Niya mula sa anyo ng — ng . . . Diyos, tungo sa anyo ng tao.

30 Naparito Siya sa tatlong pangalan, tatlong pangalan ng Anak. Naparito Siya sa Anak . . . sa pangalan ng Anak ng — ng tao, Anak ni David, at Anak ng Diyos: tatlong pangalan ng anak.

Ngayon, unaSiyang naparito sa Anak ni Da- . . . Anak ng tao, sapagkat Siya ay isang Propeta. Ngayon, si Jehova Mismo ay tumawag kay Ezekiel at sa mga propeta na, "anak ng tao, at ang iyong nakikita?" Hindi kailanman tinawag ni Jesus ang Sarili Niya bilang Anak ng Diyos; tinawag Niya ang Kaniyang Sarili bilang Anak ng tao, dahil ang — ang Kasulatan ay hindi maaaring mabali. Walang anumang maaaring mabali sa mga Kasulatan. Bawat Salita ay dapat. maganap. Ganiyan ang paniwala ko. Ganiyan dapat, hindi dahil pinaniniwalaan ko ito, kundi dahil Ito ang Salita ng Diyos.

31 Ngayon kung papansinin n 'yo sa pasimula, isang Salita, sa unang pahina ng Biblia, sa Genesis I, makikita natin na ang lahat ng ito . . . Lahat ng karamdaman, lahat ng kalungkutan, lahat ng sakit ng damdamin, at lahat ng bagay na nangyari sa mga tao, ay dumating dahil may isang taong hindi sumam'palataya sa isang Salita, at naging sanhi ng lahat ng ito. Iyan ang unahan ng Biblia. Sa hulihan ng Biblia, sa Apocalipsis 22, ang siya ring Diyos ay nagsabi, "Ang sinomang mag-aalis ng isang Salita mula Rito, o magdadagdag ng isang salita Rito." Kita n'yo, dapat ay salita sa salita kung paano talaga Ito.

32 Kaya nga, kunin na lang ang mga maliliit na bagay na gaya ng aking. . . lagi na lang may lumalapit sa akin tungkol sa mga babaeng nagpuputol ng kanilang buhok. Ngayon, para sa akin, habang ginagawa niya iyan, hindi mahalaga sa akin kung gaano man siya kabanal at kung gaano karami ang alam niya, mali pa rin siya. Nagsusuot siya ng syorts at ng mga damit na ito. nang gayon; hindi mahalaga sa akin kung ano ang gawin niya, gaano man siya kahusay umawit, gaano man siya kagaling mangaral, anuman ang kaya niyang gawin, anumang uri ng buhay ang ipinamumuhay niya, mayroon pa ring isang Salitang nalabag. Kita n'yo? Kita n 'yo, kailangan ay ang bawat Salita. Hindi isang pangungusap; isang Salita, isang Salita! Kaya't, ang Biblia ay hindi pansariling pagpapaliwanag. Dapat itong maging Salita sa Salita, kung paano Itong nasulat. Kailangan nating sampalatayanan Iyan.

33 At hindi lamang sampalatayanan Ito, kundi ipamuhay Ito. Kung hindi natin naipapamuhay Ito, kung gayo'y hindi natin Ito sinasampalatayanan; sinasabi lang natin na sinasampalatayanan natin ito. Gaya ng ako'y . . . Batay sa sinabi ko, hindi maipaliwanag Iyon ng mga alagad, datapuwat sinampalatayanan pa rin nila lyon, sa anu't anuman, at nagpahayag sila at namuhay ayon Dito. Nang ang lahat ng iba ay lumayo Rito, nanatili sila Rito! Pinaniwalaan nila Ito! Iyan ang ginagawa natin. Iyan ang dapat llating gawin. Kahit ano pa ang gawin ng sinuman, pinaniniwalaan natin Ito at isinasagawa natin Ito. Kung hindi

mo isasagawa ito, nangangahulugan lang na hindi mo Ito pinaniniwalaan.

34 Ngayon pansinin, ngayon sa Kaniyang pagparito, kailangan Niyang maparito bilang Anak ng tao, sapagkat isinasaad ng Banal na Kasulatan na magkakagayon, "magbabangon ang Diyos ng isang Propeta sa kanila." Kaya't hindi Siya maaaring pumarito at tawagin ang Sarili Niya na Anak ng Diyos, sapagkat . ndi a'nen son. Siya ang Anak ng tao na nanghuhula, upang tumupad, at nagpapahayag sa kanila ng lahat ng mga bagay na naganap sa anyo ng pagtitipo kung ano Siya. Noon ay naparito Siya sa lupa bilang Anak ng tao.

35 Tingnan n 'yo ang babaeng Sirofeniciang iyon na tumakbo sa Kaniya, at nagsabi, "Ikaw na Anak ni David, mahabag Ka sa akin!" Ni hindi Niya inangat anguloNiya.Wala siyang karapatang ituring Siya bilang Anak ni David. Isa siyang Hentil. Gaya rin naman na walang pagturing sa akin ang anak kong babae bilang asawang lalaki; o, ang asawa ko, bilang anak kong babae. Gayon pa man, anak ko siya at ang asawa ko, anak ko siya sa Ebanghelyo. Ngunit, dito sa lupa, wala siyang karapatang tawagin ako - akong ama. Kita n'yo? Ngayon pansinin, ang babaeng Hentil na ito ay walang pagturing sa Kaniya bilang Anak ni David. Nguni't mayroon ang bulag na si Bartimeo, Kita n'yo, siya ay isang Judio. Ngayon, Siya ay naparito bilang Anak ng tao.

Kailangang malaman n 'yo ang mga katagang ito at ang mga bagay na ito. Tingnan n 'yo si Hattie Wright sa panahong iyon, nang ang Ikatlong Hatak. Naaalala n'yo iyon. Higit sa lahat ng bagay, sinabi ng babaeng iyon ang dapat sabihin. Kailangan mong sabihin ang tamang salita, ang tamang bagay sa Diyos.

36 Pansinin, Una Siyang naparito bilang Propeta, at ipinako nila Siya sa krus. Ang lipi Niya ang nagpapako sa Kaniya. Naparito Siya bilang Anak ng tao.

At matapos dumating ang Espiritu Santo, Siya ay naging Anak ng Diyos. Ang Diyos ay Espiritu. Siya ang Espiritu Santo, Anak ng Diyos. Namuhay Siya sa loob ng mga kapanahunan ng iglesia bilang Anak ng Diyos.

Ngayon, sa Milenyum, ay magiging Anak ni David Siya, na nakaluklok sa Luklukan ng Kaniyang Amang si David. Siya ang Anak ni David.

Ngayon, at alalahanin, sa pagitan ng Anak ng Diyos . . . Sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea, ay pinalabas nila Siya. At sa Lucas, ay sinabi Niyang muli Siyang mahahayag bilang Anak ng tao, ang Propeta, tutuparin ang iba pa nito. Kita n 'yo? Sakdal na sakdal ang pagkakakabit-kabit ng Mga Kasulatan. Anak ng tao, Anak ng Diyos, Anak ni David. Ano iyon? Ang siya ring Diyos sa bawa't pagkakataon, nagpapalit lamang ng anyo, en morphe. Pinalitan lamang Niya ito. Isa itong napakagandang drama para sa Kaniya. Isinasadula Niya ito.

37 Naparito Siya bilang Anak ng tao, ang Propeta. Ginawa niya ito ng tugmang-tugma. Maging ang babaeng iyon sa lahat ng kaniyang pagkakasala, doon sa balon, nakilala niya Siya. Ang sabi niya, "Alam naming paririto ang Mesiyas, na tinatawag na Cristo, ganiyan ang Kaniyang gagawin." Kita n'yo, nakilala niya sapagkat isa siyang predestinadong binhi. Nang magkagayon siya . . . Kung saan, ang lahat ng iba sa kanila ay hindi nakakilala Rito. Wala silang anumang taglay upang makilala Ito. Nasa kasalanan sila, sa simula pa lang.

38 Para sa, para sa Kaniyang pagganap, ay binabago Niya ang Kaniyang anyo. Noon ay naparito Siya sa anyo ng Anak ng tao. Para sa panahon ng mga reformer, ni Wesley, ni Luther, at hanggang sa lahat ng, at makikita natin na naibalumbon na nila ito ng husto, gaya ng ginawa ng mga Israelita, hanggang sa nang Siya'y magpakita sa huling mga araw, sa panahong Pentecostal, bilang Espiritu Santo, tinanggihan nila Ito. Ginawa rin nila ang ginawa ng Israel. At ano ang ginagawa Niya ngayon? Nagbabalik bilang Anak ng tao. At pagkatapos, mula roon, bilang Anak ni David. Nakikita n 'yo ba kung gaano na tayo kalapit? Anak ng tao, Anak ni David, Anak ng Diyos. Siya'y naipahayag sa huling mga araw bilang Anak ng tao, ayon sa Malakias 4, lahat ng iba pang mga hula patungkol sa oras na ito. Hindi na siya nakikitungo sa iglesia matapos Siyang . . . Pinalabas nila Siya; nasa labas, kumakatok sa pintuan. Mayroon pang Hang predestinadong Binhi roon. Kailangan Niya silang maabot.

39 Ang Diyos, sa tao, ay ibinuhos ang Kaniyang Sarili. Joel 2:28, makikita natin na, sinabi Niya, "Ibubuhos Ko, sa huling mga araw, ang Aking Espiritu." Ngayon, kung papansinin n'yo ang salita roon, ang salitang Griego. Baka magkamali ako rito, ngunit ang nasumpungan ko . . .

Kailangan n 'yong suriin ang mga salita. Ang Ingles minsan ay may dalawahang kahulugan. Gaya na lamang ng salitang sinasabi natin, "diyos." N ilikha ng Diyos ang langit at ang lupa, Genesis I. Datapuwat ngayon, sa Biblia, ang sabi Nito, "Sa pasimula si Elohim." Ngayon, si Elohim, sa Ingles ay tinatawag na "diyos," ngunit kung tutuusin hindi iyon Elohim. Anumang bagay ay maaaring maging diyos, sa salitang diyos; maaari mong gawing diyos ang isang imahen; maaari mong gawing diyos ang pianong iyon; maaarf mong gawing diyos ang anumang bagay.

Ngunit hindi gayon ito sa salitang E/ohim; Ito'y nangangahulugang, "yaong Isang namamamalagi sa

Kaniyang Sarili." Kita n 'yo? Ang pianong iyon ay hindi maaaring mamalagi sa kaniyang sarili, walang anumang bagay na maaring mamalagi sa kaniyang sarili. Kaya nga, ang Salitang E/ohim, ay nangangahulugang, "Siya na laging namamalagi." Ang Diyos ay maaaring mangahulugan ng alin mang bagay. Nakikita n 'yo ba ang kaibahan sa salita?

40 Ngayon, nang sabihin dito na binasyo Niya ang Kaniyang Sarili, o ibinuhos Niya, ngayon, ang maiisip natin ay ganito, na Siya ay, "sumuka," ang salitang Ingles ng binasyo, o ibinuhos mula sa Kaniya, kita n 'yo, may lumabas sa Kaniya na iba kaysa sa Kaniya. Ngunit ang salitang kenos, sa Griego, ay hindi nangangahulugang "isuka," o kaya'y —. . . natanggal ang bisig Niya, o ang mata Niya'y naalis, o ibang persona.

Iyon ay, binago Niya ang Kaniyang Sarili, Kaniyang "isinalin ang Sarili sa isang sisidlan," (Amen!), sa loob ng ibang maskara, sa ibang anyo. Hindi lumabas mula sa Kaniya ang isa pang persona, na tinatawag na Espiritu Santo, kundi Siya mismo Iyon. Nakuha n'yo? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen." —Ed.] Siya Mismo ang naibuhos sa mga tao. "Si Cristo na nasa iyo!" Napakaganda, ang sarap isipin, ibinuhos ng Diyos ang Sarili Niya sa mga tao, sa mananampalataya. "Ibinubuhos!" Bahagi ng Kaniyang dula, ang gawin Iyon. Ang Diyos, ang buong kapuspusan, ang kabuuan ng Pagkadiyos sa laman ay nasa Personang ito, na si Jesus Cristo. Siya ay Diyos, at nagiisang Diyos. Hindi ikatlong persona o ikalawang persona, o unang persona; kundi ang Persona, ang Diyos na nalambungan ng laman ng tao.

41 Unang Timoteo 3: 16, "At walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan; dahil ang D-I- Y -O-S, Elohim," ang Malaking titik na D-i-y-o-s sa Biblia. Balikan ito, ninuman. Tumutukoy ito sa orihinal, ang nakasaad Dito ay, "Elohim!" Sa pasimula, si Elohim." Kita n'yo? "At, ang Elohim, walang pagtatalo dakila ang hiwaga ni Elohim; sapagkat si Elohim ay nahayag sa laman, at nahipo namin Siya." Si Elohim, na nalambungan ng laman ng tao! Ang dakilang Jehova na sumasakop sa lahat ng puwang, panahon, at nasa lahat ng dako, ay naging tao. Nahipo namin Siya, Si Elohim. "Sa pasimula, si Elohim. At si Elohim ay nahayag sa laman, at nanahang kasama natin."

42 Ano? Ito ang Kaniyang daan, ang mga yugto ng dula. Ganoon Niya dapat isadula ito, ang paraan Niya ng paghahayag ng Kaniyang Sarili sa atin bilang ibang tauhan. Tayo ay mortal, at batid Niya iyon. At nakauunawa lamang tayo bilang mga mortal. Nakaaalam lang tayo bilang mga mortal. Nakaaalam lang tayo batay sa ipinahihintulot ng ating mga pandama, at liban pa rito ay kailangan na nating paniwalaan sa pamamagitan ng pananampalataya. Kailangan nating sabihing may Diyos; makita man natin Siya, o hindi, pinaniniwalaan pa rin natin ito, kahit paano pa. Kita n'yo? Maging mayroon man o wala, kailangan paniwalaan pa rin natin ito sapagkat sinabi ng Diyos.

43 Gaya ng hindi makita ni Abraham ang anak na iyon, walang tanda, walang pagdadalang tao ni — ni Sarah, ni hindi siya dinatnan, o anuman, gayon man ay sinabi iyon ng Diyos. Lahat ng pag-asa, maging ang kaniyang — ang sinapupunan niya ay patay na, at ang buhay na nasa kaniya ay wala na, at ang — ang daloy ng buhay niya ay natuyo na, at ang kaniyang — ang buhay ni Sarah ay natuyo na rin sa loob niya. "Gayunpaman ay hindi siya natisod sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di pagsampalataya, bagkus ay naging malakas, nagbigay ng papuri, nalalamang kayang tuparin ng Diyos ang anumang bagay na sinabi Niyang Kaniyang gagawin."

Ganiyan dapat natin sampalatayanan ang Salita sa araw na ito. Paano itong magaganap? Hindi ko alamo Sinabi ng Diyos na magkakagayon iyon, at tapos na 'yon.

44 Sino ang dakilang Personang ito na di nakikita? Sino Ito na nagpakita kay Abraham ng mga pangitain? Sa bandang huli, gayon man ay nahayag Siya sa laman, bago dumating ang anak. Ang Diyos Mismo ay dumating kay Abraham sa anyo ng isang tao, sa huling panahon. Naipamalas! Nakita na niya Siya sa isang munting Liwanag minsan; nakita na niya Siya sa mga pangitain; narinig na niya ang Kaniyang Tinig; maraming kapahayagan. Ngunit bago pa dumating ang ipinangakong anak, nakita Niya Siya sa anyo ng isangtao, at nakipag-usap sa Kaniya, at pinakain Siya ng kame at inumin. Kita n'yo? Pansinin, Ang Diyos Mismo, nalalambungan ng laman ng tao.

45 Ito ay bahagi ng Kaniyang paraan. Ito ang paraan Niya ng pagpapamalas ng Kaniyang Sarili sa atin, ipinamamalas ang Walang Hanggang Salita, ang Diyos, si Jehova na naging laman. Gaya ng sa San Juan I, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Saltia ay sumasa Diyos, at ang . . . Sa pasimula ay si Elohim, at si Elohim ay . . . naging ang Salita, at ang Salita ay si Elohim. At ang Salita ay naging si Elohim." Kita n 'yo? Siya pa rin iyon, nailalantad lang.

Tulad ng katangian, kita n 'yo, ito'y nasa Diyos. Ang katangian ay ang iyong kaisipan. Ang Diyos sa pasimula, yaong Walang Hanggan, ni hindi pa nga Siya Diyos noon. Siya yaong Walang Hanggan. Ni hindi pa nga Siya Diyos noon; ang Diyos ay isang bagay na sinasamba, o kung ano man. Kita n'yo? Kaya't ni hindi pa nga Siya gayon. Siya'y Elohim, ang Walang Hanggan. Datapuwat nasa Kaniya ang mga kaisipan na nais Niyang maging materyal. At ano ang ginawa Niya? Nang magkagayo'y nangusap Siya ng isang Salita, at ang Salita ay naging materyal. Iyan ang buong larawan, mula sa Genesis hanggang sa Apocalipsis. Walang anumang mali. Ito'y si Elohim na naging materyal upang Siya ay mahipo, madama. At

sa Milenyum, ay naroon si Elohim na nakaupo sa Luklukan, kita n'yo, tama iyan kapiling ang lahat ng Kaniyang kinasasakupan sa paligid Niya, na Kaniyang itinalaga bago pa itatag ang sanlibutan.

46 Tulad ng isang lalaking bumubuo ng mga batingaw o gumagawa ng mga batingaw, ang taga-hulma. Kailangang magkaiba ang tunog ng bawat batingaw sa isa't-isa. lisang materyales, ngunit hinahaluan ito ng isang sukat ng asero, isang sukat ng bakal, isang sukat ng tanso, upang makalikha ito ng isang uri ng "tunog."

Ganiyan ang ginawa ng Diyos. Ihinalo Niya ang isang ito, doon sa isang iyon, sa isang ito at sa isang iyon, hanggang sa makuha Niya kung ano talaga ang nais Niya. Ganiyan Siya bumaba. Inilantad ng Diyos ang Sarili Niya sa isang Haliging Apoy sa panahon ng mga propeta, pagkatapos ay sa Anak ng Diyos, at, Siya ay Diyos. Kita n'yo, Siya ang Diyos ding iyon na naghahayag nang hustung-husto, mula sa kasakdalan tungo sa kasakdalan, mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian. Ganiyan din ang Iglesia.

47 Pansinin, sa mga kapanahunan, gano'n din, sa pamamagitan ng Kaniyanng mga propeta, ay naipahayag Niya ang Kaniyang Sarili. Hindi talaga sila mga propeta, sila'y mga diyos. Sinabi Niya iyon. Dahil ang ipinangusap nila ay Salita ng Diyos. Sila ang laman na ginawang lambong ng Diyos. Sila'y mga diyos. Si Jesus, Mismo, ay nagsabi, "Paano ninyo Akong hahatulan kapag sinasabi kong Ako'y Anak ng Diyos, samantalang ang sarili ninyong batas ang nagsasaad na yaong mga dinatnan ng Salita ay mga diyos?" Kita n 'yo?

Kaya't iyon ay ang Diyos na nag-anyong tao na tinawag na propeta. Kita n'yo? At ang Salita ng Panginoon ay dumating sa lalaking ito, kaya't hindi ang propeta iyon; ang propeta ang tabing, datapuwat ang Salita ay Diyos. Ang salita ng tao ay hindi kikilos ng gayon. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Hindi ito makakikilos sa gayong paraan. Ngunit sa potensiyal ay Diyos iyon. Kita n 'yo, Siya ay Salita ng Diyos sa anyo ng isang tao, na tinatawag na "isang tao". Pansinin, Hindi N iya kailanman binago ang Kaniyang kalikasan, kundi ang mga anyo lang Niya. Ang Hebreo 13:8, ay nagsabi na, "Siya'y katulad kahapon, ngayon, at magpakailan man." Kaya't hindi Niya binago ang Kaniyang kalikasan nang maparito Siya. Lagi Siyang ang Propetang iyon, sa lahat ng kapanahunan, Siya rin: ang Salita, ang Salita, ang Salita, ang Salita. Kita n'yo? Hindi Niya maaaring baguhin ang Kaniyang kalikasan, datapuwat binago Niya ang Kaniyang anyo. Sinabi ng Hebreo 13:8, na "Siya noon, ngayon at magpakailan man." Nagpalit lang Siya ng maskara.

48 Tulad ng nagbabago ako mula sa pagiging asawang lalaki, nang isilang ang anak ko, naging ama na ako. Nang isilang ang apo ko, naging lolo na ako. Kita n 'yo? Datapuwa't, hindi ako nagbabago Ako — ako pa rin iyon. Kita n'yo? (At ganoon ang Diyos.) Ang nangyari lang ay nagpalit ako ng . . . Kita n 'yo, nabago lang ang anyo ninyo. Kita n 'yo? Pansinin, at ang kalikasan ang bumabago nito mula sa isang binata tungo sa isang lalaking nasa gitnanggulang, tungo sa isang matandang lalaki. At hayan ka na, kita n 'yo, nagbago ka lang ng anyo.

Ngayon, hindi mo masasabi, halimbawang may isang batang nakatayo rito, labing-anim na taong gulang, sasabihing siya'y isang lolo. Hindi maaari. Kailangang mabago ang anyo Niya. Mababago ito ng ilang mga taon, kung magkagayon ay magiging lolo na siya. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

Datapuwat iisang Persona iyon sa bawat pagkakataon, ang siya ring Persona, ang Diyos sa lahat ng pagkakataon. Sa ganitong paraan ay ipinahahayag Niya ang Sarili Niya sa Kaniyang bayan, sa pamamagitan ng paggawa nito. Pansinin, sa buong kapanahunan ng Haliging Apoy, ay hinayag Niya ang Sarili Niya sa Kaniyang bayan. Sa panahon ni - ni Jesus, ay ihinayag Niya ang Sarili Niya sa Kaniyang bayan. Sa panahon ng Espiritu Santo, bilang Anak ng Diyos, Anak ni David . . . Lagi N iyang ihinahayag ang Sarili Niya sa gayong paraan sa Kaniyang bayan, upang makilala Siya ng mga tao. Natatabingan Siya ng isang bagay, pansinin n 'yo, sa gayon ding paraan o sa gayon ding kalikasan, sa lahat ng pagkakataon.

49 Ang Diyos ay nalambungan kay Jesus, upang isagawa ang gawa ng katubusan sa krus. Hindi maaaring mamatay ang Diyos, bilang Espiritu. Siya ay Walang Hanggan. Datapuwat kinailangan Niyang magsuot ng maskara at isadula ang bahagi ng kamatayan. Namatay Siya, ngunit hindi Niya magawa iyon sa anyong Diyos. Kailangan Niyang gawin iyon sa anyong Anak, sa anyong Anak ng Tao, dito sa lupa. Kita n 'yo? Kailangan Niyang mag-anyong Anak. Pagkatapos nang magbalik Siya sa Pentecostes, Siya ay naging Anak ng Diyos muli. Nakikita ba ninyo ang ibig kong sabihin? Nakukuha ba ninyo ang kaisipan? Siya ay . . .

50 Kailangan Niyang maparito sa katawang tao, upang . . . At walang sinuman, walang seksuwal na pagnanasa. Dahil muli Niyang pinatutunayan ang pangungusap natin tungkol sa binhi ng serpente, kita n 'yo, "seksuwal," walang pasubaling seks iyon. Hindi mga mansanas; kundi seks! Tama iyan. Iyon talaga 'yon. Pansinin n 'yo rito, kita n 'yo, para magawa ng isang matinong lalaki . . . Tingnan n 'yo ang mga propetang iyon doon, datapuwa't kailangan siyang maging higit pa sa isang propeta. Kita n'yo? Para magawa iyon, kailangan Siyang maparitong isinilang ng birhen, ipinapakitang ang brheng pagsilang na iyon ay nagpapatunay . . . Kailangan Niyang isilang ng birhen, upang alisin ang sumpa, ang Lunas.

Nakikita n 'yo ba ang ibig kong sabihin? Kaya't seks talaga iyon. Pinatunayan Niya iyon sa Kaniyang pagdating. Naparito Siya hindi sa pagnanasang seksuwal, kundi sa pamamagitan ng birheng kapanganakan. At pinalitan Niya ang Kaniyang maskara mula kay Jehova tungo kay Jesus, upang madala ang gawaing pagtubos sa dulang Kaniyang ginampanan, sa Diyos doon sa krus.

51 NinasaSiyang makita ng mga Griego. Sa Juan 12:20, marami sa inyo ang nakarinig nang ipangaral ko ang tungkol diyan na nagsasabi, "Mga Ginoo, nais po naming makita si Jesus." Napansin n'yo ba 'yon? 95 Ngayon, ang mga Griego ay mga iskolar, sila'y mga dakilang tao. At mayroon silang isang - isang dakilang pandama para sa Diyos, gaya nang

nangaral si Pablo sa kanila sa burol ng Mars. At sila'y, sila'y — pinamunuan nila — pinamunuan nila ang buong mundo sa agham at — at edukasyon, mga dakilang tao sila. Subalit sumasamba sila at naniniwala sa mitolohiya at iba pa, mga aklat ng sining at mapanuring sining, at iba pa.

Ngunit sila — sila — namangha sila tungkol sa Lalaking ito na nakapagpapagaling ng maysakit at nakapanghuhula ng mga bagay na magaganap, nang akmang-akma. At namangha sila, kaya't nagsadya sila roon upang makita Siya. Ngayon, masdan n'yong maigi ngayon, huwag n 'yo itong palalampasin. Kita n 'yo? At dumating sila at sinabi kay Felipe, na taga Bethsaida, "Ginoo, nais po naming makita si Jesus." At dinala siya ni Felipe at ng isa pang alagad kay Jesus, upang makita si Jesus.

Ngayon, pansinin ang mga salitang ipinahayag ni Jesus bilang tugon sa kanila, sapagkat dumating sila upang makita kung Sino Siya, at hindi nila Siya makita. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng tatlong beses-Ed.] Nakita nila ang anyo, datapuwat Siya ay nasa loob ng Kaniyang templo. Ang Diyos ay nasa loob ng Kaniyang Templo, nalalambungan ng laman ng tao. Pansinin n 'yo ang mga salitang inusal Niya, "Malibang ang isang butil ng trigo ay mahulog sa lupa, kita n 'yo, at mamatay, mananatili itong nag-iisa." Kita n'yo? "Sasapit ang oras, hindi maglalaon at ang Anak ng tao ay maluluwalhati, kita n'yo, at kakailanganin Niyang lumisan sa lupang ito. At malibang sumapit ang oras na iyon, hinding-hindi ninyo magagawang makita Ito." Kita n'yo?

52 Dito, bakit hindi nila makita si Jesus? Siya'y nakamaskara. Ang Diyos ay nakamaskara. Nais ng mga Griego ng isang Diyos, at naririto Siya, ngunit hindi nila Siya makita dahil sa tabing. Ganiyan din sa araw na ito, Hindi nila Siya makita dahil sa tabing. Ito'y nakatakip sa kanilang mga mukha. Ang mga Griegong ito ay namamaskarahan, o si Jesus ay nakamaskara sa mga Griegong ito.

Pansinin, ang sabi Niya sa kanila, "Mali bang ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa, mananatili itong nag-iisa."]

Hindi, hindi nila maunawaan kung paano, bakit hindi nila Siya makita. Naroroon at nakatayo ang isang tao. Naparoon sila upang makita ang Diyos, at Tao ang nakita nila. Kita n 'yo? Hindi nila makita ang Diyos, sapagkat ang Diyos ay natatalukbungan sa kanila. Ngayon, isaisip n'yo iyan, Ang Diyos ay natalukbungan sa isang Tao. Magagawa nilang sabihin, "Walang taong makagagawa ng mga gawang ito maliban sa Diyos. Walang taong makagagawa nito, at paanong nangyayari na narito't nakatayo ang isang tao at gayon ma'y naipapamalas ang mga gawa ng Diyos sa pamamagitan Niya!" Kita n'yo, hindi nila maunawaan na natatalukbungan ang Diyos.

53 Siya ay nalambungan sa isang tao, gaya ng lagi Siyang may lambong. Datapuwat, nalambungan Siya sa kanila, naroroon Siya sa Kaniyang taong templo. Ang Diyos ay nasa taong templo. Ngayon, maging totoong maingat, ngayon S iya'y kahapon, ngayon, at magpakai lanman. Kita n 'yo, Ang Diyos may lambong, itinatago ang Kaniyang Sarili mula sa sanlibutan, nalalambungan ng tao. Kita n 'yo? Naroroon ang Diyos! Ang mga Griegong iyon ay nagsasabi, "Nais namin Siyang makita."

At sinabi ni Jesus, "Kailangang mahulog ang butil ng trigo at mamatay." Kailangan mong mamatay sa lahat ng iyong mga kaisipan. Kailangan mong lumabas sa sarili mong mga kaisipan. Gaya ng mga alagad na iyon, hindi nila maipaliwanag ang tungkol sa pagkain ng Kaniyang katawan at — at pag-inom ng Kaniyang Dugo.. ngunit, kita n'yo, namatay na sila sa mga bagay na iyon. Patay na sila sa isang Prinsipyo, patay na sila kay Cristo. Kahit ano pa ang magawa Niya, o gaano man Siya katalunan kung tingnan, pinaniwalaan pa rin nila Ito. Kita n 'yo? Nakikita nila sa Taong iyon; isang Taong kumain, uminom, nangisda, natulog, lahat na, isinilang dito sa lupa, at lumakad na kasama nila, nakipagusap sa kanila, nagdamit nang katulad nilang lahat, ngunit Diyos iyon.

54 Kaya't hindi Siya makita ng mga Griego, dahil naikubli Siya sa kanila, sa isang tao. Pansinin ang Salita Niya sa kanila, "Malibang ang butil ng trigong ito ay mahulog sa lupa." 104 Ang Diyos ay nalambungan sa anyo ng isang tao, ikinubli ang Kaniyang Sarili mula sa kanilang paningin, ang nakikita nila ay isang tao lamang. Datapuwat yaong mga Predestinado ay nakakita sa Diyos. Ang isa'y tao ang nakita, ang isa nama'y Diyos ang nakita. Kita n 'yo? At Diyos iyon na nalambungan ng tao, kaya kapuwa sila tama, subalit ang pananampalataya mo ay nakasalig doon sa hindi mo nakikita. Pero pinaniniwalaan mo pa rin. Ang Diyos ay nalambungan sa isang tao. Na naroroon Siya sa lamang iyon, at ang lamang iyon ang Kaniyang lambong. Ang tabing ay nahapak, kita n 'yo, upang mahayag ang Diyos.

55 Sa Lumang Tipan, ang Diyos ay nakakubli noong Siya ay nasa Kaniyang luklukan ng awa; sa luklukan ng awa, sa pamamagitan ng isang tabing. Sa Lumang Tipan, ang Diyos ay nasa Kaniyang Templo. Ngunit ang mga tao ay pumapasok doon at sumasamba nang paganito ngunit, alalahanin, may tabing doon (amen) na nagkukubli sa Diyos. Alam nilang naroroon ang Diyos. Hindi nila Siya makita. Ang Haliging Apoy na iyon ay hindi na muli pang nagpakita roon. Napansin n'yo ba? Wala na kayong mababasa sa Kasulatan, mula nang mapunta ang Haliging Apoy sa likod ng tabing na iyon, na muli pang nagpakita lyon, hanggang sa dumating Iyon mula kay Jesus Cristo. Ang Diyos ay nalalambungan! lO6 Nang tumayo Siya sa lupa, ang sabi Niya, "Nagmula Ako sa Diyos, at babalik ako sa Diyos." 107 At si Pablo, (matapos Niyang mamatay, malibing at muling mabuhay), habang patungo siya sa Damaseo, naroroon na namang muli ang Haliging Apoy na Iyon. Ano Iyon? Lumabas iyon mula sa likod ng tabing! [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng apat na beses-Ed.] Luwalhati sa Diyos.!

56 Nanggaling Siya sa likod ng tabing. Ngayon nasa likod Siya ng ano? Balat na tabing. Kita n'yo, "mga balat ng hayop," sa likod ng tabing. At nang mahapak ang tabing na iyon sa araw ng pagkapako sa krus, ang tabing na bumalot sa Kaniya ay nahapak sa araw ng pagkapako sa krus, ang buong awa ay nalantad.

Ngayon, hindi maunawaan ng mga Judio kung paanong nagawang mahabag ng Diyos sa isang makasalanan, at maruming bayang tulad natin. Ngunit hindi nila makita ang Isang ito na nagkakaloob ng habag, sapagkat nakatago Siya. Nasa likod Siya ng luklukan ng awa, doon sa loob, may nakalaylay na mga balat ng hayop, na tumatakip sa Kaniya. Noon. . .

57 Noon, sa sinumang papas ok sa likod ng tabing na iyon, nangangahulugan iyon ng biglaang kamatayan. Amen. o, mag-aral tayo ng isang aralin dito sa isang sandali lamang, tingnan natin, kung kaya n 'yong — kung matatanggap n 'yo Ito. Ang lumakad sa likod ng tabing na iyon . . . Maging ang isang anak ng saserdote ay sumubok na gawin yon minsan, at namatay siya. "Huwag kang pupunta sa likod ng tabing." Ang lalaking lumakad sa likod . . . Bakit? Wala pang katubusan noon, sa loob noon. Potensiyal pa lang iyon. Nasa potensiyal pa lang na kalagayan ito noon. At anumang bagay na nasa potensiyal pa lamang ay hindi pa ang totoong bagay, kita n 'yo, nasa potensiyal pa lamang 'yon. Pagtubos iyon . . . Natakpan ang kasalanan, hindi pa naaalis . . . naisasalin pala, hindi pa naisasalin. Angpagsasalin ay "idiniborsiyo at ihiniwalay." Kaya't hindi iyon magawa ng dugo ng tupa at mga kambing, kaya't si Jehova ay natatago pa noon sa likod ng tabing. Ngayon, sa likod ng tabing na ito kung saan Siya natatago, ang pumasok doon, ang tao'y bigla na lamang mamamatay, kung tatangkain niyang pumasok Doon.

58 Ngunit mula noong Penteeostes, mula noong Pagkakapako sa Krus, nang ang tabing na iyon ay mahapak mula sa itoas pababa, para sa saling lahing iyon . .. Si Jesus ang Diyos na iyon, na natatabingan. At nang mamatay Siya sa Kalbaryo, nagsugo ang Diyos ng apoy at kidlat, at pinunit ang tabing na iyon mula sa itoas hanggang sa ibaba, hanggang sa ang kabuuan ng luklukan ng awa ay malantad sa paningin. Datapuwa't napakabulag nila upang makita Ito. Gaya nang sinabi ni Moises dito, gayon pa man, at ang sabi ni Pablo sa pagbasa kay Moises, "Habang binabasa si Moises, ang tabing na iyon ay nasa mga puso pa rin nila." o, Kapatid na lalaki, kapatid na babae, iyan ang ginawa ng mga Judio nang mahapak ang tabing at nalantad ang Diyos, nakabayubay sa krus. Siya'y nakalantad, ngunit hindi nila makita ito.

59 Posible kaya na nagawa na rin ng mga Hentil ang gayon? o Diyos! Nang sumakanila ang mga panahon ng iglesia, ng Anak ng Diyos; ngunit ngayon at ang tabing ng denominasyon at mga bagay-bagay, ang tabing na ito ng tradisyon na tinaglay natin mula pa nang Pentecostes, nang ang mga tradisyon ay mahapak, ang mga bagay na sinabi ng mga tao, "Lipas na ang panahon ng mga himala, at ang mga bagay na ito," at inalis na ng Diyos ang tabing mula rito, at inilantad ito, at handa na naman nilang ipako Itong muli sa krus, [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng anim na beses-Ed.] tamangtama talaga.

60 Ang nalantad na Diyos, kitang-kita, dapat sana'y nakita nila Siyang nakatayo roon. Gayon ma'y naging napaka karaniwan Niya, isa Siyang karaniwang tao. Hindi nila makita Iyon. Kita n 'yo, naroon at nakatayo ang isang lalaki. "Buweno," ang sabi nila, "ang Lalaking ito, saan bang paaralan Siya nagtapos?" Ngunit, alalahanin, nang bumaon ang sibat na iyon sa Kaniyang katawan, iniwan Siya ng Espiritung iyon, ang templo . . . ang mga blokeng pang-alay ay nagsitiwarik, at naglagos ang kidlat sa templo at hinapak ang tabing. Ano iyon? Hayun ang Diyos nila na nakabayubay sa Kalbaryo, at naging napaka-bulag nila para makita iyon.

Inilantad na Siya sa paningin ng lahat, at hindi pa rin nila Iyon makita! Binulag sila. Ang Diyos, na nalambungan sa isang tao!

61 Kung maaalala n 'yo, nagbalik Siya kay Pablo pagkatapos noon, at kay Pedro sa bilangguan, bilang Haliging Apoy. Naaaiaia n 'yo ba 'yon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."-Ed.]

Ngunit sa huling mga araw ay nakatakda na muli Siyang magbalik, ngunit ang Haliging Apoy ay

nakatakdang muling magbalik upang ipamalas ang Anak ng tao, kita n'yo, upang ipakita ang Salita, ang Liwanag. Ang mga tradisyong umiiral, ay mapapawi na. Wala nang anumang gagambala Rito; maisasagawa't maisasagawa ito. Wawasakin ng Diyos ang mga denominasyon at mga tradisyon. Anong uri ng Espiritu ang gagamitin Niya upang isagawa ito? Tulad din ng ginamit N iya nung una. Tingnan n 'yo kung ano ang ginawa Niya sa panahon ni Elias, sa panahon ni Juan. "Huwag ninyong ipalalagay sa inyong sarili na ang ama n 'yo ay si Abraham, 'pagkat magagawa ng Diyos ang magpalitaw mula sa mga batong ito ng mga anak ni Abraham." Kita n 'yo? Huwag n 'yong ipalagay sa inyong sarili, "Dahil, ako ay kabilang dito at kabilang ako doon." Kita n 'yo? Pinupunit ng Diyos ang tabing, kita n 'yo, upang ipakita kung Sino Siya. Kita n 'yo, masdan ang tabing kapag nahapak ito rito ngayon, makikita natin ngayon.

62 At dati, kung may taong lalagos sa tabing na iyon, mangangahulugan iyon ng biglaang kamatayan. Ngayon, kamatayan kung hindi ka lalagos Doon! Amen. Kung hindi mo magagawang wasakin ang tabing ng tradisyon, lagusin ang pader na iyon ng denominasyon, upang makita ang Diyos sa Kaniyang kapangyarihan, kamatayan ito. Kung noon ay kamatayan ang pumasok, ngayon naman ay kamatayan ang manatili sa labas. Ang buong luklukan ng awa ay naroroo't nakalantad, makikita ito ninuman, nahapak na ang tabing. Luwalhati sa Diyos! Ang buong luklukan ng awa ay nalantad na sa paningin.

63 Kung paanong nagawa ng Diyos na mahabag sa mga maruruming makasalanang tulad natin, nang ikubli Niya ang Sarili Niya, ay isang hiwaga. At ngayon ay lantad na Ito, o makikita na Ito sa kabuuan, ipinahayag ng Kaniyang Salita. Laging ang Salita iyon, sa tuwina, na siyang Diyos. Ang Salita ang nagbubukas nito. Kung alam lang ng mga tao noon ang Salita ng Diyos para sa araw na iyon nang mamatay si Jesus, nakita sana nila ang luklukan ng awa, nakilala sana nila kung Sino Siya.

"Sino nga ba Siya kung gayon? Bakit nahapak ang tabing?" Alalahanin, kamatayan ang pumasok Doon. Walang makakita Noon. Nakita Iyon ni Moises sa isang anyo, Iyon ay isang ipu . . . Iyon ay likod ng isang - isang Lalaki. Bueno, naririto na Ito, isang nagdurugong likod, ng Lalaki ring iyon! Ano Iyon? Nais ipakita ng Diyos sa kanila ang luklukan ng awa. Nais ipakita ng Diyos sa kanila kung Sino Siya. Kaya't ang tabing sa loob ng templo, mula sa kamay ng Diyos, sa itoas, ay nahapak mula sa itoas hanggang sa ibaba, at ipinakita ang Diyos nang lantaran. Si Jesus Cristo iyon na nakabayubay sa krus, ang luklukan ng Awa. At ano iyon? Naging napaka-bulag ng mga tao para makita Iyon.

64 Ngayon naulit itong muli, ang kanilang mga tradisyon! Kung paanong, noon, sa Araw ng Pentecostes, ang Salita ay dumating at nasa anyo ng "Anak ng Diyos." At pinasimulan nilang gawing organisasyon iyon sa Nicaea, Roma. At, kaagad itong, nagtungo sa Metodista, Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal, at iba pa. Ito'y mga organisadong tradisyon kaya't hindi na alam ng tao kung saan siya nakatayo. Ngunit, luwalhati sa Diyos, ipinangako Niya sa mga huling araw kung ano ang gagawin Niya. Ipapakita Niya ang Salita Niya nang malinaw, bukas muli sa ating harapan, kita n 'yo, bubuksan Ito.

Kung alam lang sana nila ang Salita, nakilala sana nila kung Sino si Jesus. Kung alam lang ng tao ang Salita ng Diyos, malalaman niya ang oras na kinabubuhayan natin at kung ano ang nagaganap. Talaga lang tumatanggi silang makinig sa Salitang iyon. Ang mga tradisyon nila! Ano ang naging dahilan upang makita iyon ng mga Judiong iyon? Ano 'ng sanhi? Kung titingnan ay nakita na dapat nila, dahil nahapak na iyon. Nahapak iyon sa isang layunin.

65 Ano ang dahilan ng revival na ito ngayon? Paano ba itong uusad? Paano ba itong pagpapalain? Kahit pa gaano karaming panggagaya ang maparito, o ano pa mang bagay, iya'y hindi. . . Nang lumabas si Moises, isang halu-halong karamihan ang sumama sa kaniya. Nguni't bakit ba naisagawa iyon? Iyon ay si Jehova Mismo na nag-aalis ng lambong mula sa Diyos, upang ipakita ang kaibahan ng tama at mali. At iyon ay, Metodista, Baptist, Presbyterian, o sino ba ang tama? Ang Salita ng Diyos ang tamar "Bawa't salita ng tao ay kasinungalingan, at ang Akin ay Katotohanan." At hindi nangangailangan ang Diyos ng tagapagpaliwanag. Siya ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag. Ipinamamalas Niya Ito, at naka. . . Siya ang nagbibigay ng pagpapaliwanag. Inilalantad ng Diyos ang Sarili Niya. Ay, naku! Dito mismo sa ating kalagitnaan, nakikita natin ang dakila Niyang kamay na nagsasaad ng mga bagay na ito, gumagawa ng mga ito.

May masasabi tayo tungkol diyan ngayon gabi, kita n 'yo, kung paanong pagmasdan ang kamay ng Diyos, kung ano ang ginagawa Nito, kung paano Nitong nilaladlad ang Sarili Nito. Kita n'yo?

At sinasabi ng mga tao, "o, Walang saysay iyan. Iyan ay pagiging panatiko. Walang anuman diyan. Walang saysay iyon. Si Beelzebub iyan. Iyan ay Diablo. Panghuhula lang iyan. Ganito iyan." "Kita n'yo, ganito rin ang sinasabi nila tungkol sa Kaniya.

66 O iglesia, at kung lalabas ang teyp na ito, hindi ba ninyo nakikita, mga ministro ng Ebanghelyo, kung saan tayo nabubuhay? Hindi ba ninyo nakikita ang oras na kinabibilangan natin? Ang Diyos, ipinapakita ang Sarili Niya, isinasantabi . . . Tingnan, kinuha Niya ang tabing na iyon sa templo at pinirapiraso iyon, upang makita nila ang Diyos nang malinaw, at naging napakabulag nila para makita Iyon. At ganito rin ang ginagawa Niya ngayon, inilalagay ang Salita Niya sa pinakaharap, yaong ipinangako Niya. Bawa't pangako sa Salita, nakalapag sa ating harapan, malinaw na malinaw!

Alam ba ninyo kung ano ang ginagawa ng iglesiang Hentil? Yaon ding ginawa ng iglesiang Judio, napa-kabulag nila para makita Ito. Iyon lang. Ito'y mapapasa-puso nila tulad sa araw na iyon.

67 Pansinin, kamatayan, ang lumayo Rito ngayon. Kailangan mong pasukin Iyon palagos sa tabing na ito, kung hindi'y hindi ka makakapasok. Ganoon na lang sana ang habag ng Diyos sa kanila, ngunit alalahanin kung ano iyon, na ipinamamalas ng Diyos kung ano ang nasa likod ng tabing. Tingnan kung ano ang nasa likod ng tabing, Ang Salita! Ano ang tinatabingan nito? Ang Salita! Ano iyon? Iyon ay nasa kaban. Ang Salita ang ikinukubli ng tabing na iyon. Kita n'yo? At si Jesus ang Salitang iyon, at Siya ang Salitang iyon, at ang tabing ng Kaniyang laman ang nagkubli Niyon.

At ngayon ang tabing ng tradisyon ay muling nagkukubli sa Salita, na nagsasabi, "Hindi ganiyan Iyan." Ngunit ganiyan Iyan. Nagpatotoo ang Diyos Dito, isinasambulat ang Sarili Niya palabas nang singliwanag ng araw, sa harapan ng bawat isa, at nabibigo silang makita Ito. Diyos, maging mahabagin Ka sa amin.

68 Sa tipo, si Moises parating mula sa Presensiya ng Diyos, taglay ang Salita ng Diyos para sa panahong iyon. Ngayon masdan, narito na tayo ngayon sa Exodo 19. Huwag n'yong palalampasin ito ngayon. Exodo 19, si Moises ay parating mula sa Presensiya ng Diyos, o 20 at 21, 19:20 at 21. Si Moises ay galing sa Presensiya ng Diyos. Nanggaling na siya sa Salita. Ang Salita ay naisulat na. At siya, sa Presensiya ng Diyos, taglay ang Salita ng Diyos, taglay niya ang Salita para sa panahong iyon. May Salita para sa bawat panahon. At nang dumating si Moises, ay nagliwanag !lng mukha niya! Kita n 'yo? Ang Salita ay nasa kaniya, handa nang maipamalas, maipamahagi sa mga tao.

Ang tunay na Salita, ang Diyos ang sumulat Nito, at taglay Iyon ni Moises. Pansinin, na kay Moises Iyon at handa nang maipamalas. Siya ang Salita sa kanila, siya ang buhay na Salitang hakubli. Tinabingan ang sari Ii, kinailangang maglagay ni Moises ng lambong sa mukha niya. Bakit? Siya ang Salitang Iyon. Amen. Hanggang sa ang Salitang iyon ay mahayag, kinailangang tabingan ni Moises ang sarili niya. Amen! Nakikita n 'yo ba Ito? Saan man maparoon ang Salita,lto'y natatabingan.

69 Taglay ni Moises ang Salita. Ngayon alalahanin, matapos maipamalas ang Salita, si Moises ay naging si Moises muli. Kita n 'yo? Datapuwat habang ang Salitang iyon ay nasa kaniya upang maipamahagi, siya ay Diyos; aba'y, hindi na siya si Moises. Taglay niya ang Salita ng Panginoon para sa panahong iyon. Walang makasasaling sa kaniya hanggang sa maganap iyon, taglay niya ang Salitang iyon. Kaya nga, nang dumating siya, iniwas ng mga tao ang mga ulo nila; hindi nila maunawaan. Nagbago sila. Ibang tao na siya. Dumating siyang tag lay ang Salitang iyon. "At naglagay siya ng lambong," ang sabi ng Biblia, "sa kaniyang mukha," sapagka't taglay niya ang Salita. At Siya ang Salita sa kanila.

70 Ngayon tingnan, kung si Moises . . .o kapatid, ito'y magiging insulto. Ngunit kung si Moises . . . Gaya ng sinabi ni Pablo rito sa Ikalawang Corinto, sa ika-3 kabanata. Kung kinailangang tabingan ni Moises ang sarili niya dahil sa angkin niyang Kaluwalhatiang iyon; kita n 'yo, sapagkat iyon ay natural na kaluwalhatian, iyon ay natural na katuruan. At kung si Moises, nalalamang ang kautusang iyon ay lilipas, datapuwat napakaliwanag ng Kaluwalhatiang iyon na binulag niyon ang mga tao,kaya't kinailangan nilang lambungan ang kaniyang mukha. Gaano pa kaya ang mangyayari Rito? Mga taong bulag sa Espirituwal! A-ha. Ang kaluwalhatiang iyon ay magmamaliw, datapuwat ang Kaluwalhatiang Ito ay hindi magmamaliw. Kita n 'yo? Taglay ni Moises ang kamal na kautusan, ang kahatulan, walang biyaya, walang anuman; hahatulan lang kayo nito. Ngunit Hong pinaguusapan natin . . . Walang kapatawaran doon, sinabi lang nito kung ano ka. Ito ang nagbibigay sa inyo ng daan upang makalabas.

At kapag ang Salitang iyon ay nalantad, ay, naku, anong uri kaya ng mukha Iyon? Kakailanganing matabingan Iyon. Dapat ay matabingan Iyon. Ngayon pansinin. Kung gayon ang Espiritu ay nalalambungan sa isang temp long tao, kita n 'yo, upang maipangusap Niya ang mga natural na salita nang may natural na tabing.

71 Ngayon, si Pablo ang nagsasalita rito ngayon, at dito — sa ganitong pakahulugan, ang Espiritung-Salita, "Kami ay mga ministro, hindi ng titik, Ang kautusan; kundi mga may kakayanang ministro ng Espiritu," na kinukuha ng Espiritu ang titik at ipinamamalas Ito.

Iyon ay kautusan pa lamang, kailangan mo pang tingnan iyon, sabihin, "Huwag kang makikiapid. Huwag kang magnanakaw. Huwag kang magsisinungaling. Huwag mong gagawin ito, iyon, at ang iba pa." Kita n 'yo? Kailangan mong tingnan iyon. 136 Ngunit ito ay Espiritu na lumulukob sa ipinangakong Salita para sa panahong ito, at namumunga, at nagpapamalas, hindi dalawang tipak na bato, kundi ang Presensiya ng buhay na Diyos. Hindi ang isang makaalamat na kaisipan na binuo ng kung sino, o kung anong panlalansi ni Houdini; kundi ang pinaka pangako ng Diyos na naipahayag at naipamalas sa harapan mismo natin. Anong uri kaya ng belo ang mailalagay doon? At para — para maiwala ang . . .

72 Kita n'yo, napakadakila niyon hanggang sa maging ang mga tao ay nagsabi, ang sabi nila nang makita nilang bumababa si Jehova sa anyo ng Haliging Apoy na ito, at nagpasimulang yanigin ang lupa, at — at ang mga bagay na ginawa Niya, at ang nagliliyab na bundok. At sinumang mangangahas na

magtungo sa bundok na iyon, ay mapapahamak. Napakadakila niyon hanggang sa maging si Moises ay natakot sa lindol. At, kung noon ay bundok lang ang niyanig Niya, sa pagkakataong ito ay yayanigin Niya ang sangkalangitan at ang lupa.

Paano naman kaya ang Kaluwalhatiang Ito? Kung iyon ay nalambungan ng natural na tabing, ito naman ay . . . nalalambungan ng espirituwal na tabing. Kaya huwag n'yong sikaping tumingin sa natural; lumagos kayo sa Espiritu at tingnan n 'yo kung nasaan na kayo, tingnan n 'yo kung anong oras na ang kinabubuhayan natin.

73 May kabuluhan ba Ito sa inyo? Kita n 'yo, Espirituwal na tabing ang nasa mga tao, nagsasabing, "Metodista ako. Kasingbuti ako ng sinuman. Baptist ako. At Pentecostal ako." Hindi ba ninyo napapagtanto, na iyan ay isang makatradisyong tabing? Iyan ang nagkukubli sa Diyos sa iyo. Iyan ang humahadlang sa iyo upang masiyahan ka sa lahat . . . O, sasabihin mo, "Sumisigaw ako at naglululundag."

Ang sabi Niya, "Bawat Salita!" Sinampalatayanan ni Eva ang bawa't Salita maliban sa isa. Kita n'yo? Ito'y ang kabuuan ng Salita ng Diyos, ang pangako ng oras na ito na naipamalas. Kita n'yo? .

Pansinin ngayon sa ating pagpapatuloy. Napakarami ko pang dapat ipangusap dito, ngunit may mga dalawampung pahina pa ako, ngunit ito'y . . . ng — ng mga tala, ngunit hi — hindi ko na tatalakaying lahat ito. Kita n'yo? Magmamadali ako. Siya nga.

74 Natabingan Siya ng natural na tabing bago Niya maipangusap. ang Salita sa mga tao. Ngayon, kailangang tabingan ng Diyos ang Sarili Niya, gaya ng ipinangako Niya, sa laman ng tao. Ang Diyos! Nakukuha n'yo ba Ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Amen." -Ed.] Kailangang maglambong ang Diyos ng laman ng tao, at maglagay ng espirituwal na tabing sa kanila, (na nagsasabi, "Buweno, ganito ako at ganoon ako"), para makapangusap sa mga tao. Kapag ang tabing na iyon, na isang maka-tradisyong tabing, ay nahapak, kung gayon . . . ang sinasabi nila, "Aba, ang mga araw ng mga himala ay lipas na."

75 May lalaking nagsabi sa akin nung isang araw, isang — isang mangangaral na Baptist doon, na lumapit sa akin, Kapatid na Green, at ang sabi niya, "Kapatid na Branham, isa lang ang hindi ko gusto sa iyo." Ang sabi niya, "Pinipilit mong ang mga tao'y . . ." Doon iyon sa Ramada Inn, nang idaos namin ang pagtitipon doon. Ang sabi "Pinipilit mong paniwalain ang mga tao sa isang panahong apostoliko, at mabuhay sila sa araw na ito na tila sila'y nasa panahon ng mga apostol." Ang sabi, "Ang panahong apostoliko ay lumipas nang kasabay ng mga apostol." Ang sabi ko, "Siyanga baT' "Siya nga." Ang sabi ko, "Sino ba ang tagapagsalita sa panahon ng mga apostol?" Ang sabi niya, "Ang labindalawang apostoles sa silid sa itoas."

Ang sabi ko, "Kung gayon ay hindi kasali si Pablo." Ang sabi ko, "Ang tagapagsalita ay si Pedro, at sinabi ni Pedro, noong Araw ng Pentecostes, nang makita nilang nagaganap ang lahat ng iyon, at kumikilos ang Espiritu Santo, ang sabi niya, 'Ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, at sa lahat ng tatawagin ng Panginoon.' Kung tumatawag pa rin Siya, ang bagay ding iyon ay naririto pa rin. Kailan ba lumipas ang panahong apostoliko? Lilipas ang panahong apostoliko kapag tumigil na sa pagtawag ang Diyos." Wala siyang masabi kundi dinampot niya ang sumbrero niya at lumakad nang palayo.

Kakailanganin ang Salita para gawin 'yon. Ang Salita iyon. Sinabi ni Jesus kay Satanas, "Nasusulat." Kita n'yo? Iyon na 'yon, "Nasusulat."

Ang sabi ko, "Sinabi ni Pedro na hindi i'yon magwawakas. Lahat ng tatawagin ng Panginoon, ang Pagpapalang ito ay para sa kanila. Ngayon ay sasabihin mo, 'Tumigil siya.' Kailan?" "Walang masasaktan?" Ang sabi ko, "Wala po, kaunti man. Sige lang." Mabuti. Kita n'yo?

Sinabi ni Pedro na ito'y para sa lahat ng tatawagin ng Diyos, matatanggap nila ang gayon ding Pagpapalang apostoliko. Iyan — iyan ang Salita ng Panginoon. Kita n 'yo?

76 Ngayon ang natural na tabing. Ang Diyos, ang Salita, na natatabingan ng laman ng tao. Ano iyon? Ang Diyos ay natabingan kay Moises. Ang Diyos ay nakay Moises, natatabingan, at ang Presensiya ng Diyos ay nasa kaniya. Naging napakasakdal niya dahil ang Salitang iyon ay nasa Kaniya nang gaya no'n, hanggang sa kailanganin niyang tabingan ang mukha niya. At isang bindikadong propeta ang nagladlad sa Salita at nagsabi sa kanila, "Huwag kang gagawa nito! Gawin mo ito! Huwag kang gagawa nito!" Kita n 'yo?

77 Upang ibigay ang Salita Niya sa salinglahing iyon, tinabingan Niya ang Sarili Niya ng tao, kung hindi ay bubulagin ng Salita maging yaong mga tinawag palabas. Kita n'yo? Maging ang mga taong nangaroroon sa malayo, hindi nila matagalang tumingin doon. Sa - sa Exodo ay makikita natin iyan, ang sabi nila, "Si Moises na lang ang pagsalitain, huwag na ang Diyos." Nakikita n'yo ba kung bakit hindi masyadong nagpakita ang Haliging Apoy? Kita n'yo?

Ang sabi ng Diyos, "Ga — ga — gagawin Ko iyan. Magbabangon Ako ng isang Propeta sa kanila." Amen! "Ibabangon Ko ang isa sa kanila." At dumating Siya nang akmang-akma. "Magbabangon Ako, at tataglayin Niya, magiging Salita Siya."

Ang sabi Niya, "Kung nais nilang makita kung ano ang Salita. . ." Ang sabi, "Ngayon, Moises, nagpakita Ako sa iyo doon sa anyo ng nagliliyab na palumpong." Ang sabi, "Bababa Ako at pagliliyabin Ko ang bundok na iyon." Ang sabi, "Makikita nila na katotohanan ang sinabi mo. Magpapakita Ako rito sa — sa — sa — sa gayon ding nagliliyab na paraan. Magpapakita Ako rito at patutunayan Ko sa mga tao, ibibindika Ko ang iyong lingkuran." Iyan ang sinabi Niya kay Moises dito, sa maraming pananalita."

78 Pansinin, ang sabi Niya, "Ngayon, Akin kang — luluwalhatiin Kita sa harap ng mga tao." Ang sabi, "Ngayon, sinabi mo sa kanila na kinatagpo Kita roon sa anyo ng nagliliyab na palumpong; ngayon ay bababa Ako, ang Apoy ding iyon, at ipahihintulot Kong makita ng mga tao na hindi ka nagsinungaling tungkol Dito." Magagawa mo pa nga Itong patunayan sa pamamagitan ng agham, kahit, kung nais mo. Kita n 'yo? "Mananaog Ako at ipababatid ko ito sa kanila."

At nang magpasimula Siyang kumulog, nang magsimulang kumulog si Jehova, ang sabi ng mga tao, "Huwag! Huwag! Huwag! Huwag mo nang pagsasalitain si Jehova; ma — mamamatay kaming lahat."

Kita n 'yo, kinailangan Niyang matabingan, kaya't tinabingan ng Diyos ang Sarili Niya kay Moises at ibinigay kay Moises ang Salita. At bumaba si Moises at ipinangusap ang Salita ng Panginoon, na may tabing sa kaniyang mukha. Tama ba 'yon? Si Jehova na natatabingan sa anyo ng isang propeta, 'pagkat walang pasubaling . . . At sinabi ng Diyos na hindi na Siya muling mangungusap sa kanila sa gayong paraan. Mangungusap na lamang Siya sa kanila sa pamamagitan ng isang propeta. Iyon na lamang ang tanging paraan ng pakikipag-usap Niya mula noon. Iyon na lamang ang tanging paraan ng pangungusap Niya. Tama iyan. Hinding-hindi na muli sa iba pang paraan. Hindi Siya nagsisinungaling.

79 Pansinin, na kay Moises lang ang Salita. Ngayon, walang pangkat na — na bumaba, walang mga Fariseo lang, o ang mga Saduseo, o hindi iyon isang — isang uri ng sekta o samahan. Si Moises 'yon! Iisang tao lang ang kinuha Niya. Hindi Siya maaaring kumuha ng dalawa o tatlong magkakaibang isip. Isang lalaki lang ang kinukuha Niya. Nakay Moises ang Salita, at kay Moises lang. Ni wala nga Iyon kay Josue. Walang ibang nagtaglay Nito. Amen! Si Josue ay isang — isang heneral; si Josue ay pinuno ng hukbo; si Josue ay isang mananampalataya, isang Cristiano. Datapuwat si Moises ay isang propeta! Ang Salita'y hindi maaaring dumating kay Josue; kailangan Itong dumating kay Moises. Siya ang propeta-mayor sa oras na iyon. Pansinin, hindi dumating ang Salita kay Josue hanggang sa mawala si Moises. Hindi po. Ang Diyos ay nakikitungo sa isa lamang sa bawa't pagkakataon. Ang Diyos ay iisa. Kita n'yo? Ngayori, si Moises lang ang may taglay ng Salita. Hindi isang grupo.

80 Tingnan n'yo, binalaan ng Diyos ang ibang tao na huwag magtatangkang sumunod kay Moises sa loob ng tabing; mga manggagaya. Kita n'yo? Babae, lalaki, pari, sinoman iyon, banal man, makadiyos, gaano man karangal, ano man sila; nagbabala Siya, "Hayaan n'yong si Moises lang ang pumasok! At kung may tao, o maging hayop man, na hihipo nito, ay papaslangin kaagad." Huwag kayong papasok sa tabing na iyon. Ang tabing na iyon ay para lamang sa isang tao. Ang Mensaheng iyon ay iisa. Kita n'yo? Sa templo, ay isang tao lang ang pumapasok taun-taon, pinahiran at inayusan upang pumasok; hindi upang ilabas ang Salita, kundi upang maghandog ng dugo. At lumakad man lang sa harap Nito, isa lang. Ang iba pang tao ay mamamatay. Kita n 'yo?

81 Sila sa espirituwal ay nangamamatay ngayon. Ito ang espirituwal na tabing. Kita n'yo? Iyon ay ang natural na tabing. Ito ang espirituwal na tabing. Patuloy lang sila sa paglalakad papasok doon sa likod, hindi mo sila masabihan. "o, alam ko! Alam ko iyan, ngunit ako'y . . ." Kita n'yo, Sige lang, mabuti iyan, nangungusap lang iyan . . . Alalahanin n 'yo, ang huling salot sa Egypto ay kamatayan, bago ang paglabas. Ang huling salot sa lupa ay espirituwal na kamatayan, bago ang paglabas. Pagkatapos ay susunugin sila at magbabalik sa pagiging alabok, at lalakad ang matuwid sa kanilang mga abo. Ngunit ang huling magaganap ay ang espirituwal na kamatayan, ang pagtanggi sa Salita.

82 Ngayon pansinin, binalaan ng Diyos ang sinumang tao na huwag magtangkang sumunod kay Moises papasok sa tabing ng Apoy. Si Moises ay matatabingan, kailangan niyang lumabas doon. Si Moises ay pumasok doon bilang Moises, pumasok sa Haliging Apoy, at nang lumabas siya, siya'y nalalambungan. Dahil, pumasok siya Roon, palabas sa kaniyang mga tradisyon, sa mga tradisyon ng mga matatanda. Nakita niya ang Haliging Apoy, ngunit ngayon ay papasok na siya sa Haliging Apoy. Kita n'yo? Amen! At lumabas siyang, may lambong. Ang Salita ng Diyos sa isang tao, nalalambungan! Heto siya't naglalakad palabas, ay, naku, nakikita ko ito. Binalaan ang bawa't isa na huwag tangkain iyon, walang maaaring makagaya Noon. Makabubuting huwag mong tangkain. Kita n 'yo? Kahit pa saserdote o taong banal, sino man iyon, cardinal man, obispo, ano pa man, na nagtangkang pumasok sa loob ng tabing na iyon, ay nangamatay. Binalaan sila ng Diyos. Hindi tayo magkakaroon ng panggagaya.

83 Ang Salita Niya'y ihinahayag lamang sa iisa. Laging gayon, isang propeta ang dumating taglay ang Salita ng Panginoon, sa bawa't panahon, sa bawa't pagkakataon, sa buong Kasulatan. Ang Salita ay

dumarating lamang sa isa. Sa bawa't panahon ay laging ganito, maging sa mga kapanahunan ng iglesia, mula sa pinakauna hanggang sa pinakahuli. Ang iba ay may kani-kaniyang lugar, tama iyan, pansinin, ngunit lumayo kayo sa Haliging Apoy na iyon. Kita n 'yo? Anong gandang aralin ang natutunan natin ngayon dito! Kita n 'yo, lahat na lang ay nagnanasang maging si Moises, at bawat isa . . .

84 Naaalala ba ninyo ang sinabi ni Dathan at ng mga iyon noon doon? Ang sabi nila, "Ngayon, Moises, teka nga muna! Masyado mo nang dinadakila ang iyong sarili, alam mo ba 'yon. Ngayon, may iba pang mga kalalakihan dito na tinawag ng Diyos."

Totoo 'yon. Sila, bawat isa, ay maayos na nagsisunod habang sila'y sumasang-ayon, ngunit nang mayroon nang humakbang at kumuha ng posisyong ipinagkaloob ng Diyos kay Moises, na naitalaga at pinili upang tumupad ng tungkuling iyon, tinangkang kunin iyon, bumuhos ang apoy at bumuka ang lupa at nilulon silang lahat nito. Kita n 'yo? Kita n 'yo? Magingat kayo. Kita n 'yo? Maging mabuti lang kayo at makadiyos na Cristiano, na sumasampalataya sa Salita. Kita n'yo? Iwasan n'yo ang Haliging iyon. Anong gandang aral nito!

85 Unang nagpakita ang Diyos kay Moises sa isang nagliliyab na palumpong, ang Diyos ay natatabingan ng Haliging Apoy. Ngayon makinig maigi ngayon sa loob ng isang sandali. Nang unang dumating ang Diyos kay Moises, Siya ay nalalambungan. Ang Diyos ay nasa isang Haliging Apoy, na nakatago sa isang palumpong, kita n 'yo; gaya ng sa likod ng mga balat, kita n'yo, sa likod, sa may luklukan ng awa sa altar. Kita n'yo? Siya'y natatabingan. Lagi Siyang may tabing. At nang dumating Siya kay Moises, nasa Haliging Apoy Siya, natatabingan ng Haliging Apoy. Ngunit dito, sa harap ng mga tao, binindika siya ng Diyos sa pamamagitan ng Haliging Apoy ding iyon. Kita n 'yo? Ang sabi ni Moises . . .

86 Ngayon masdan. Nababasa n'yo ba? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."-Ed.] Hinahayaan n'yo lang bang tangayin ang diwa n'yo nang malayung-malayo? Magagawa ba ninyo? Maaari bang. . . "Ang may pakinig, ay makinig." Kita n'yo?

Nang magpakita ang Diyos kay Moises, iyon ay sa isang Haliging Apoy, nang tawagin Niya siya sa lingkuran. At dumating si Moises at sinabihan ang mga tao tungkol dito. Hindi nila ito mapaniwalaan. Kahit pa nga ginawa niya ang mga himala at mga bagay-bagay. Ngunit, sa pagkakataong ito, ay nagpakita Siya, sa paraang nakikita ng mata at ng agham at binindika ang lingkuran ni Moises bilang siya ring Diyos na nangusap sa kaniya, 'pagkat nagpakita Siya sa anyong Haliging Apoy at pinagliyab ang bundok. At dumating Siya kay Moises sa isang palumpong, nangusap sa kaniya. Tama.

87 Ang unang pagpapakita ng Diyos kay Moises, ay sa isang tabing na nagliliyab na palumpong, nalambungan. Sa harap ng mga tao, ang Diyos ay nalambungang muli at binindika si Moises sa pamamagitan ng tabing, sa pamamagitan ng pagtatabing ng Sarili Niya ng Haliging Apoy ding iyon, ang siya ring Haliging Apoy ay bumaba. Mula — mula noon. . . Mula noon, upang ang tanging dinggin nila ay ang Salita ng Diyos. Nakukuha ba ninyo? Tanging ang Salita, narinig nila ang Tinig Niya. Dahil, si Moises, sa kanila, ay ang buhay na Salita, si Moises! Kita n'yo, Lubos na pinatunayan ng Diyos ang Salitang iyon sa pamamagitan ni Moises! Kita n'yo, ang sabi ni Moises . . . Ang sabi ng Diyos kay Moises, "Lumusong ka roon. Ako'y sasaiyo. Siya'y... walang makatatayo sa iyong harapan. AKO SI AKO NGA."

Bumaba si Moises, at nagsabi, "Maaaring hindi ninyo paniwalaan ito, marahil, ngunit nagpakita ang Diyos sa akin sa anyo ng Haliging Apoy, at sinabi Niya sa akin ang mga bagay na ito."

"O, maraming ganiyan dito." Ang sabi ni Faraon, "Aba!" Ang sabi ni Pastor Faraon, "Buweno, napakahinang klaseng palabas iyan ng salamangka. Aba'y, may mga salamangkero rin ako rito at magagawa nilang gawing serpente . . . ang isang tungkod — ang isang tungkod na isang serpente. Halina kayo rito, mga salamangkero." At nagsilapit sila at nagawa rin nila ang gayon.

88 Alam ni Moises iyon. Walang maaaring gumambala sa kaniya. Gaano man karami ang mga manggagaya nila, ay hindi nagbigay ng kaibahan sa kaniya. Tumayo lang si Moises nang tahimik. Ang kasunod na pangyayari, nagsigapang muna sila nang kaunti, at bigla na lang, nilamon ng ahas ni Moises ang lahat ng iba pa sa kanila. Kita n'yo? Bakit? Tulad ng mga apostol na iyon, hindi nila maipaliwanag Iyon. Hindi alam ni Moises kung paanong isasagawa ng Diyos iyon, datapuwat isasagawa Niya iyon.

Alalahanin, sinabi Niyang magbabalik sina Jambres at Jannes sa mga huling araw, kita n'yo, mga manggagaya. "At dadayain nila maging ang pinakahirang kung maaari lang," Mateo 24:24. Kita n 'yo? Akmang-akmang mga bagay, ginagawa ang katulad na mga himala at lahat ng bagay. Masdan ang Salitang Iyon! Masdan ang Salitang Iyon! At sasabihin ng isang lalaki na nakagagawa siya ng himala, at ang gusto pa ring paniwalaan ay tatlong Diyos, at narito ang lahat na ng klase; layuan n 'yo iyan. Alam natin na — na mali iyan, kita n'yo, walang ganiyan. Kita n'yo? Ang Salita, bawat Salita, bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos! Genesis, isang Salita! Dito naman, ang sabi, "Huwag magbabawas o magdadagdag man ng isang salita." Kita n'yo, dapat ay Iyon ding Salitang iyon. Kita n'yo?

89 Pansinin, nakita ng mga tao ang isang bagay na naganap. Si Moises ay natabingan bilang isang . . .

Siya ay isang propeta, at binindika na ng Diy6s ang Kaniyang Salita, bumaba Siya roon. At nakakita siya ng mga tanda't kababalaghan. At nang magkagayon, pagkatapos nito, ang mga tao ay naihiwalay, isang iglesia. Kita n 'yo, ang iglesia ay nangangahulugang ''tinawag palabas.“ Kita n 'yo? Matapos silang tawagin palabas sa mundong ito at naging isang bayan, kita n 'yo, at ang Diyos ay pinahintulot ang Kaniyang Sarili na makilala Siya bilang ang Haliging Apoy. Pinatunayan N iya ang Mensahe ni Moises. Kita n'yo? Siya ang Haliging Apoy. Marahil ay nakunan nila ng litrato lyon, sa palagay ko, kung may kamera lang sila noon, 'pagkat nag-Apoy ang kabuuan niyon. Nguni't sila'y — sila'y napatunayan lang nila iyon, pinatutunayan ng Diyos na ang Mensahe ay tama. Naroroon na ang Mensahe, naroroon na ang lahat, napipinto na silang ma-exodo noon. Tinabingan ang Kaniyang propeta sa bayang exodo na ito.

90 Nakita ng bayan, isipin n 'yo, na may nangyari sa kaniya. Iba na siya sa lahat ng mga Israelita. Siya'y naging iba, ang mensahe niya ay iba, iba siya sa mga saserdote, iba siya sa lahat ng bagay. Kita n 'yo, ibang tao na siya. Nakita ng mga tao na may nangyari. Nagtabing ang Diyos sa Kaniyang propeta, upang salitain Niya ang Kaniyang mga Salita sa kanila. Iyon ang ginawa Niya. Si Moises ang buhay na Salita noon sa mga tao, natabingan ng Haliging Apoy, nagsasaad kung ano ang matatabingan sa bandang huli sa likod ng mga balat ng hayop. Kita n'yo?

91 Kinailangang magmula muna kay Moises ang Salita. Kita n'yo? Nakay Moises ang Salita. Isinulat ang mga Iyon ng Diyos, walang sinumang maaaring magpaliwanag ng mga lyon, kailangan munang ipaliwanag Iyon ni Moises. Iyon ang dahilan kaya niya nilambungan ang kaniyang mukha, 'pagkat siya . . . Nakikita ba ninyo Ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng “Amen.”Ed.] Kita n'yo? Naririto Ito. [Dinampo~ ni Kapatid na Branham ang kaniyang Biblia-Ed.] Maaari nating damputin Ito, dalhin ito, at lahat na roon, ngunit kailangan Itong mahayag. Upang maipahayag Ito, kinailangang maging Diyos si Moises sa mga tao. Sasabihin mo, “Wala iyang saysay.”

Aba, sinabi Niya, sinabi pa nga Niya kay Moises, Siya Mismo, “Ikaw ang magiging Diyos, at si Aaron ang iyong magiging propeta! . . . ? . . .” Kita n'yo? Kaya heto na Siya, kita n'yo, kailangan Niyang lambungan ang Sarili Niya, 'pagkat lagi nang nasa likod ng tabing ang Diyos. Ay, naku! Nakikita ba ninyo Ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng “Amen.”-Ed.] Ang Diyos ay natatago sa madla.

Ang sabi, “Ama, pinasasalamatan Kita, itinago Mo Ito sa mga marurunong at maiingat, at ipinahayag Ito sa mga sanggol, yaong mga nais matuto.” Kita n'yo?

92 Ang Diyos ay nagtago sa likod ng tabing. Nilambungan ni Moises ang mukha niya. Si Moises ay ang buhay na Salita na nalambungan noon. Nakita ng mga tao ang Haliging Apoy na iyon, ang sabi, “Ngayon ay nasisiyahan na kami.” Kita n'yo? “Hayaang si Moises na lang ang magsalita.” Kita n 'yo? “Huwag na lang ang Diyos ang magsalita, baka kami'y mangamatay.” Lumakad si Moises papasok sa Haliging Apoy na iyon. Kita n 'yo?

At ang sabi ngayon, ang sabi Niya, “Ngayon hi — hindi na Ako mangungusap sa kanila sa ganitong paraan. Bibigyan Ko na lang sila ng isang propeta.” Kita n'yo? At gayon nang lagi ang paraan ng Diyos. Kita n 'yo? Ang sabi, “Ngayon, hayaan silang umakyat.” Datapuwat kailangang taglayin ng propetang ito ang Salitang ito. Kung siya'y natatabingan ng tradisyon, hindi ang Diyos ang nagsugo sa kaniya. Kung siya ay natatabingan ng Salita, ang Diyos ang magbibindika Nito. Ipinaliliwanag ng Diyos ang Sarili Niyang Salita. Sinalita ni Moises ang mga Iyon; ang Diyos ang nagpaliwanag sa mga Iyon. Amen.

Ang sabi ni Moises, “Sinabi ito ng Panginoon!” At tinupad ng Diyos kung ano ang sinabi Niya. Iyon ang dahilan kung bakit naging tama ito.

93 Ngayon, ang sabi Niya, “Ngayon, Moises, nauunawaan mo na. Naunawaan na ng mga tao. Kita n 'yo, ipinakita Ko na sa inyo, binindika na kita.” Naglambong ang Diyos sa katauhan ng propetang ito, upang maipangusap ang Salita Niya sa mga tao. Si Moises ang buhay na Diyos sa kanila, ang buhay na Salita na naipamalas. Kaya may tabing ang mukha niya. Kita n 'yo?

At alam n'yo ba na ganito rin sa isang tunay na Cristiano, Siya ay natatabingan ngayon, sa mga hindi mananampalataya? Nakikita nila ang mga kababaihang iyon na mahahaba ang buhok at iba pang bagay, ang sinasabi nila, “Tingnan mo ang lumang mode long iyan.” Ipinupusod ng mga babae ang buhok nila sa likod, sasabihin nila, “May plat na gulong, reserbang gulong siya.” Kita n'yo, lahat ng Ito ay natatabingan. Bulag sila. “Buweno,” sasabihin nila, “may Ph.D,L. . .” Hindi mahalaga sa akin kung “ano'ng mayro'n ka, ignorante ka pa rin sa Salita. Tamang-tama. ”o, iyan ay, iyan ay maliit na bagay lang. Ako'y...“ Kunin muna ninyo ang maliliit na aralin.

94 Paano naman ang mga taong nagsasabing sila'y natatabingan sa Presensiya ng Diyos, at pagkatapos ay mangangaral ng kung anong tradisyon ng iglesia? o, mahabag naman, naku naman! Na nagdadagdag at nagbabawas, at lahat na, sa pamamagitan ng pagsisingit ng sarili nilang mga paksa at ng mga sarili nilang kaisipan, at hindi ang Salita ng Diyos, kita n 'yo, anong uri ng tabing iyon? Iyon ay eklesiastikong tabing. Hinapak na ng lubos ng Diyos ang tabing na iyan!

Ang sabi nila, "Wala yang sinasabing mga propeta. Walang ganiyan, sa mga huling araw na ito, na mga apostol at mga propeta. Walang Makadiyos na pagpapagaling. Wala nang mga tagapangita, ngayon. Wala nang Marcos 16 na natutupad ngayon. Lipas na ang panahon ng mga apostol." Tinabingan nila Iyon sa mga tao. Datapuwat lumabas ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu Santong Apoy, at hinapak iyon mula sa taas hanggang sa baba. Hinapak na ng Diyos ang tabing.

95 Si Moises ang tabing, ang buhay na Salita ng Diyos na natabingan ng laman ng tao. Ang Haliging Apoy ay nakay Moises, mangyari pa, nagsasaad kung ano ang matatabingan sa bandang huli sa likod ng mga balat ng hayop, nakikita na ninyo.

Ngayon, iyon, ang Salita, ang Salita ay nailabas, pagkatapos ay naisulat Ito, pagkatapos ay nailagay Iyon sa likod at natatabingan pa rin, dahil ang Diyos ay laging nasa Salitang iyon. Amen! Siya ang Salita, lagi. Siya ay nasa loob ng Salitang iyon. Iyon ang dahilan na ang Salitang iyon ay kailangang matabingan.

96 O, kapatid na lalaki, kapatid na babae, nasasapo ba ninyo Ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Amen."-Ed.] Masdan! Hindi ba ninyo nakikita? Natabingan ito sa loob ng mga panahong ito, ayon sa sinabi ng Diyos, at Ito'y mabubuksan sa huling mga araw, ang pitong tatak na iyon ay mapipilas, at ang kabuuan Nito ay malalantad sa pananaw ng mga tao, kung ano ang matagal nang nagaganap. Ang oras ng Mensahe ng ikapitong anghel, lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay maihahayag sa Elias na iyon, sa huling oras na ito; kung paanong pinalabas si Cristo sa Kaniyang iglesia, ang Anak ng Diyos; kung paanong naipapahayag Siyang muli bilang Anak ng tao; kung paanong ang Iglesia ay maisasaayos, at lahat na para sa huling araw, at walang kredo, walang mga denominasyon, kundi tanging ang Salita na nabubuhay sa indibiduwal. "Kukunin Ko ang isa, at iiwan Ko ang isa. Kukunin ko ito, at iiwan ko iyon." Kita n'yo? Ito'y talagang. . . Walang mga tali, walang mga denominasyon, walang gumagapos o anuman; ang puso'y dapat mapasa Diyos, at sa Kaniya lamang. Kita n'yo?

97 Pansinin, natatabingan ng laman ng tao. si Moises taglay ang Salitang iyon, nagsasaad ng kung ano ang sa huli 'y matatago sa likod ng mga balat ng hayop sa darating na panahon. Kaya't iyan . . . Kaya't si Cristo ang Moises natin. Si Cristo ang Moises natin. Siya ang Diyos na nalambungan ng laman ng tao, natatabingan ng pagkatao, nasa laman. Tama iyan. At Siya'y noon, ngayon, at magpakailan man. Natabingan Siya ng mga balat ng hayop. Natabingan Siya. At sa pagkakataong ito ay natatabingan Siya ng isang tao. Kita n'yo? Ngayon pansinin, "Siya rin kahapon, ngayon, at magpakailan man," ang ipinangakong Salita para sa panahong ito. Siya'y si Cristo pa rin, ang naipangakong Salita sa panahong ito, na natatabingan ng laman ng tao. Ang Salita ay Diyos.

98 Ang pagkapahid ay isang persona. Ang salitang Cristo ay nangangahulugang yaong isang pinahiran, kita n 'yo, "yaong isang pinahiran." Kung gayon ay si Moises ang Cristo ng panahon niya, siya ang pinahiran noon. Si Jeremias ang Cristo ng kaniyang panahon, taglay ang bahagi ng Salita para sa araw na iyon.

Ngunit nang dumating si Cristo, dumating Siya bilang Manunubos na Pinahiran; at iyon ay kapuwa si Moises at lahat ng nakay Moises, at ang buong Salita, at ang lahat ng kapuspusan ng Pagkadiyos sa laman ay nasa Kaniya. Iyon ang dahilan na ang buong tabing ng templo ay nahapak, at ang luklukan ng awa ay malinaw na nalantad sa paningin, Siya Yaong Pinahiran.

99 Pansinin n'yo, ngayon, ang tabing sa anyo ng laman ng tao, ang pangakong Salita sa panahong ito ay kailangan ding matabingan. Pansinin. Ang mga kasapi ng iglesiang maibigin sa kasalanan ay hindi makakakita Nito dahil sa makataong tabing.

Iyan ang dahilan kung bakit hindi nila Siya makita. "Aba, isa Siyang tao. Saan Siya nagmula? Ano bang tarheta ng pakikisama mayroon Siya? Ano bang iglesia ang kinabibilangan Niya?" Nais kong mangusap tungkol diyan mamayang gabi: Anong iglesia ba ang kinabibilangan Niya? Kita n 'yo? At kaya nga, kita n 'yo, ngayon, "Anong iglesia ba ang kinabibilangan Niya, anong — anong grupo? Anong paaralan ba ang pinasukan Niya? Saan ba Niya nakuha ang edukasyon Niya? Buweno, ang taong ito ay isinilang, ayon sa tradisyon, o ayon sa — sa sabi-sabi tungkol sa Kaniya rito sa paligid, ang Taong ito ay isinilang sa labas ng banal na kasal. Aba, Siya'y, tiyak na, sa Diablo Siya. Kita n'yo, Siya'y — Siya'y sa Diablo. Anak Siya sa labas ng banal na kasal, at pinakasalan lang siya ni Jose para hindi siya batuhin, sapagkat mangangalunya siya. At pagkatapos ay darating ang Taong iyan dito at sasabihan kaming mga saserdote kung ano ang dapat gawin?"

100 At naroroon ang Diyos na nakatayo roon, at ihinahayag ang Salitang iyon, tumatangis, "Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" Yaon ding mga awiting inaawit nila sa templo, na nilikha ni David para sa kanila, maraming taon na ng lumipas, patungkol kay Cristo. "Lahat ng Aking mga buto ay nagsisititig sa Akin. Tinusok nila ang Aking mga kamay at ang Aking mga paa." At naroo't nangakatayo sila roon, inaawit 'yon, at ang Taong tinutukoy ng awit ay naghihingalo roon sa krus. At nang matapos sila at ang . . .

Nang mamatay Siya, ang Diyos ng Langit ay bumaba, tulad ng ginawa Niya sa Bundok ng Sinai, sa

pamamagitan ng Banal na Apoy, at sinunog ang tabing ng templo mula sa taas hanggang sa baba, hinapak iyon. At ano ang maaari nilang gawin? Dumungaw sila roon sa bintana ng Templo, sa Kalbaryo, at naroroon ang Diyos, lantad na lantad, ang Hain.

101 Ngunit hindi pa rin nila Ito makita hanggang ngayon. Hinapak na ng Diyos sa huling mga araw na ito ang mga tradisyong iyon, at dinala ang Salita para sa panahong ito nang malinaw, nakalantad, at hindi pa rin nila nalalaman Ito. Sadyang hindi nila alam Ito. Na — napakapayak nito. Kita n'yo, sadyang napakapayak nito. Napakalayo Nito sa mga bagay ng sanlibutan.

Nangaral ako nung isang araw sa isang pagtitipon, tungkol sa, "Pagiging isang hangal." Isa sa mga araw na ito ay nais kong mangusap tungkol diyan, "Ang maging isang hangal." Lahat tayo ay mga hangal para sa kung sino, kaya — kaya't mamabutihin kong ako'y maging hangal para kay Cristo. Sinabi ni Pablo na "ibinilang siyang isang hangal." Siyanga, kailangan kang magkagayon. Kita n'yo, kakailanganin ang isang hangal (nut) upang ipiting magkakasama ang mga bagay-bagay. Kita n'yo? Tama iyan.

102 Kaya't pansinin ang tabing, ang laman ng tao. Hindi, ngayon, ang mga taong maibigin sa kasalanan ay hindi makita 'yon. Yaong mga taong makatradisyon, hindi nila makita 'yon, sapagka't siya ay isang tao. Bakit? Ang lamang iyon ng tao ang nagkubli sa Diyos.

Ngayon, kung Siya'y naging isang dakilang Haliging Apoy na bumaba, kita n 'yo, isang dakilang Haliging Apoy na bumaba at nagpakita sa kanila kung ano Siya, na Siya itong dakilang Haliging Apoy, marahil ay nagawa nilang paniwalaan iyon; kung nagpagala-gala si Jehova. Ngunit nakikita n 'yo ba kung ano ang ginawa Niya, upang malampasan ang lahat ng mga marurunong, mga tusong taong iyon, ihinayag Niya ang Sarili Niya gaya nang ipinangako Niya kay Moises, kita n'yo, "Mangungusap Ako sa kanila sa pamamagitan ng isang Propeta." At Siya ay Anak ng tao, isang Propeta. At nakilala Iyon ng ilan sa kanila, mga isandaang bahagi ng isandaang bahagi sa sanlibutan, naniwala sila Rito; ang lahat ng iba sa kanila ay hindi naniwala. Ngunit, gayon pa rin Siya.

103 Datapuwat naroroon ang Makapangyarihan Diyos na nakatayong lantaran, ang luklukan ng awa! Namatay ,Siya nang ang Sarili Niyang mga anak ay nagsasabing . . . Ang Sarili Niyang mga anak ay naroroon, nagsasabing, "Hindi namin Siya tatanggapin! Palayasin Siya!" Niluraan nila Siya. . .

Isang tipo, noong paalis na si David sa templo, isang tinanggihang hari. Naglalakad doon sa lansangan, may isang matandang pilantod na lalaki na iika-ika, hindi niya siya naibigan kailan man, tinawag niya siyang "matandang mapagpaimbabaw" o anuman iyon, niluraan pa nga siya sa mukha. At hinugot ng guwardiang iyon ang tabak, nagsabi, "Hahayaan ko bang manatili ang ulo ng asong lumura sa aking hari?"

Ang sabi ni David, "Hayaan mo siya, ang Diyos ang nag-utos sa kaniya no'n." At marahil ay hindi alam ni David kung ano ang sinabi niya. Pumanhik siya roon sa bundok, lumingon sa likuran, nananangis.

Walong libong taon mula noon, ang Anak ni David ay pumapanhik sa bundok ding iyon, nakatingin sa malayo, nananangis para sa Jeruzalem, isang tinanggihang Hari. At niluraan nila Siya sa mukha.

Hindi ba ninyo nakikita? Iyon din. Nakikita n 'yo ba ang Salitang iyon na bumababa, sumusunod pababa sa araw na ito? Laging tinatanggihan ng nakararami, kita n 'yo, at sinasampalatayanan ng minoriya.

104 Ngayon, tingnan n 'yo, hindi nila mapaniwalaan Ito. Ang mga Griegong iyon, hindi nila Siya makita, naroon Siya sa makataong templo. "Aba," ang sabi nila, "ang pangalan ng taong ito ay Jesus; taga Nazareth Siya."

Ngayon, isa lang ang pangalan nila noong araw. Tulad ng, "John, Jim," sasabihin nila,."Juan na taga Jeffersonville, Jim na taga New Albany," o parang ganon, kita n'yo.

Ang sabi niya, "Ito si Jesus na taga Nazareth. Karaniwang pinaniniwalaan na ang ina Niya ay nabuntis ng isang sundalo." Kita n 'yo? At gano'n nga ang paniwala nila. Siyanga! At sasabihin pa nila, ngayon, "At ito'y si Jesus na taga Nazareth." Nakikita n'yo ba? "Sino Siya?" Kita n 'yo, hindi nila maunawaan Iyon.

105 Ngunit, aba, ang Salitang Ito para sa araw na iyon, pag nangangaral Siya, ang sabi, "Saliksikin n 'yo ang mga Kasulatan. Sa Mga Ito ay ipinapalagay ninyong mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang nagpapatotoo kung sino Ako. Kung hindi n 'yo Ako masampalatayanan; kalimutan n'yo, ang pagiging tabing Ko, ang sampalatayanan n 'yo ay ang Salitang lumalabas. Ang dalawa ay isang saksi," ang sabi Niya, "Ako'y nangungusap at ang Ama ay nangungusap para sa Akin." Amen. Tama yan.

Ipinangungusap Ko ang Salita para sa araw na ito, at ang Ama ang nagpapatunay Dito. Ngayon, iyan ba'y sapat nang patotoo sa inyo? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen."-Ed.] Siyanga, kita n'yo. Ganiyan ito natutupad.

106 Pansinin ngayon sa Ikalawang Corinto, ang . . . sa Ikalawang Corinto, ika3 kabanata, ika-6 na talata, ibinahay ng lumang templo ang Diyos sa likod ng mga lumang balat, mula sa mga Judio. Nang mahapak ang lumang tabing, patuloy ang mga Judio . . . bulag pa rin sa pagkakilala kung Sino — Siya noon, at kung Sino Siya ngayon. At ihinayag ng Pentecostes kung Sino ang tunay at buhay na Diyos, nang mahapak ang tabing na iyon sa dalawa, sa pamamagitan ng Diyos, mula sa itoas. Bakit nagkaganoon ang tabing na iyon? Bakit nagkaganoon?

Bakit dumating ang Mensaheng tulad nito sa araw na ito upang gawin Nito kung ano na ang nagawa Nito? Bakit Ito dumating? Bakit. . .

107 May isang nais tumawag sa akin, isang araw dito hindi pa katagalan, nais makipagdebate sa akin tungkol sa - sa kapanahunan ng iglesia, na, "ang Diyos ay nasa Kaniyang banal na iglesia," at mga bagay na tulad no'n. At natuklasan kong isa pal a siyang babaeng mangangaral, at kinalimutan ko na lang 'yon. Kita n 'yo, kung naging lalaki lang sana 'yon ay wala sanang masama, iba sana 'yon. Ngunit, ngunit ano'ng silbi ng pupunta pa ako roon sa ibang lalawigan, at kailangan ko pang iwan ang isang pagtitipon dito para lang magawa ko 'yon, nakikita n'yo ba? Kaya't hinayaan ko na lang sila. Ang bulag ay umaakay sa kapuwa bulag, kapuwakapuwa sila mahuhulog sa hukay.

108 Kaya, kaya ngayon sa panahong ito, kung kailan ang lumang makadenominasyon at makatradisyong tabing ay nahapak, mula sa Salita ng Diyos, upang maipamalas Ito! Nakikita ba ninyo kung ano ang ibig kong sabihin? Ang sabi ng tradisyon, "Ang lahat ng mga bagay na iyon ay nagsilipas na." [Si Kapatid na Branham ay huminto sandali-Ed.] Hayaan n'yong ibabad natin Ito ng kaunti. "Ang mga iyan ay lipas na." Ngunit, sa huling araw na ito, ang makatradisyong tabing na iyan ay nahapak na, naririto at nakataYo ang Haliging Apoy. Kita n'yo? Naririto Siya, ipinamamalas ang Salita para sa araw na ito. Ang tabing ay nahapak na. Ngayon, ang sanlibutan, hindi pa rin nila pinaniniwalaan Ito. Sa anu't anuman, hindi pa rin nila ito makita. Hindi nila Ito makita. Hindi ito isinugo sa kanila.

Alalahanin, ang Anak ng Diyos ay hindi ipinahayag sa Sodoma; ang dalawang mensahero ang nahayag doon. Tama iyan.

Ngunit, ang Diyos na ito Mismo sa laman ng tao ay nahayag kay Abraham, ang Hinirang. At masdan n 'yo kung ano ang ginawa Niya para ihayag ang Sarili Niya. At ngayon, alam ni Abraham, nang matukoy Niya kung ano ang iniisip ni Sarah sa likuran Niya, ang sabi niya, tinawag niya Siyang, "Elohim! Ang iyong lingkod . . ."

109 Pansinin n'yo ngayon, para ito maipamalas. Ang Salita ay natatabingan sa loob ng mga taong Ito, sa mga tao, "Hindi ito maisasagawa."

Naaalala ba ninyo ang ipinangaral kong sermon noong umagang una akong umalis dito, tungkol kay Goliat at David? Ang sabi ko, "Tingnan n'yo ang naghahamon doon, nagsasabing 'ang panahon ng mga himala ay lumipas na.''' Masdan n 'yo ang mga teyp na iyan sa pagpapatuloy ng mga ito, masdan ang bawat isa kung paanong Ito'y dumarating nang higit na malinaw; kung mayroon kayong mga taingang nakaririnig, kita n'yo, mga matang nakakikita. Ano? Ang sabi ko, "Naroroon at nakatayo ang malaking eklesiastikong daigdig na iyon, na nasa maka-agham na panahong ito, na nagsasabing hindi ito mangyayari." Ngunit sinabi ko, "Diyos . . ." sa liwanag na iyon bago pa iyon makunan ng litrato; hindi pa iyon noon nakukunan ng litrato. Doon iyon sa ilog; hindi nila iyon kinunan ng litrato. Kita n 'yo? Ang sabi ko, "Sinabi Niya sa akin na magaganap ito; mananawagan Siya at ito ay lalaganap sa lahat ng mga bansa."

At maging si Duktor Davis ay nagsabi, "Ikaw na mababang paaralan lamang ang naabot, ikapitong baitang, mananalangin para sa mga hari at mga pinuno, at magpapasimula ng isang revival na lalaganap sa lahat ng mga bansa?" Ang sabi ko, "Iyan ang sinabi Niya."

At ito'y naganap. Kita n'yo? Kita n'yo, ito'y naganap. Iyon ang mahalaga, hindi Niya kailangan ng tagapagpaliwanag. Ginanap Niya ito. Tinupad na Niya ito, iyan ang nagpapaliwanag sa Kaniyang Sarili, kita n'yo, tinatawag Niya ang Kaniyang Hinirang, kita n'yo, mula — mula sa lahat ng kalakaran ng buhay. Ngayon, ito'y naipamalas na.

110 Sinabi ko na si David ay tumayo roon, isang napakaliit, batang-batang lalaki, kubado ang likod, hawak ang tirador. At aba'y, tiningnan siya ni Saul, ang pinuno ng kapisanan ng mga ministro, ang sabi, "Aba'y ni hindi ka nga nagsanay." Ang sabi niya, "Titingnan ko kung mabibigyan kita ng Ph.D. o ng kung ano." Isinuot ang baluti sa kaniya at natuklasan niyang hindi iyon sukat sa tao ng Diyos.

Ang sabi, "Hubarin mo ito sa akin." Ang sabi, "Wala akong alam tungkol diyan." Ang sabi, "Hayaan mong pumaroon ako sa paraang alam ko, yaong ipinanglaban ko sa leon, yaong ipinanglaban ko sa oso." May pagka taonggubat siya. Ang sabi niya, "Hayaan mo akong pumaroon sa ganitong paraan." 218 At itong si Goliat ay nagsabi, "Nagsugo ba kayo ng aso para lumaban sa akin?" Ang sabi, "Tutuhugin kita ng dulo ng aking sibat at ibibitin ko ang bangkay mo roon sa itoas at ipakakain ko iyon sa mga ibon."

Ang sabi ni David, “Hinaharap mo ako bilang isang Filisteo, kasama ng iyong baluti at ng sibat, at haharapin kita sa Pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel.” Masdan n'yo ang propeta, ang sabi ni David, “Sa araw na ito ay tatagpasin ko ang ulo mo mula sa balikat mo.” Amen! Ay, naku! Alam niya kung ano ang taglay niya, kung Sino ang sinasampalatayanan niya, at lubos siyang napaniwala na kaya Niyang ingatan yaong ipinagkatiwala Niya sa kaniya. Kita n'yo? Kaya't nangyari pa rin iyon.

Ang dating kasabihan, “Ang mga kaarawan ng himala ay lipas na,” ang dingding ay nagiba na! Nakatayo pa rin si Jehova nang lantad na lantad, ipinamamalas ang Kaniyang Salita, yaong Isang nalantad. Tama iyan.

111 Pansinin ang iglesiang Hentil ay nabulag din naman sa tabing, matapos mahapak, ang eklesiastikong tabing, at mailantad ang Diyos. Paano? Sa pamamagitan muli ng paglalambong sa Salita sa pamamagitan ng tao. Iyan nga ang nabigong makita ng Israel. Kung naging Anghel iyon o iba pa, napaniwalaan sana Iyon ng Israel. Ngunit dahil . . . Hindi maaaring maging Anghel iyon. Kinailangang maging isang tao iyon. Amen! Hindi maaaring labagin ng Diyos ang Salita Niya. Sa huling mga araw ay kailangang magkagayong mulL Kita n 'yo? Ano ang bumulag sa Israel? Ang Taong iyon. “Isa kang Taong nagpapanggap na Diyos.” Kaya nila Siya pinatay, at, sa araw na ito, dahil ang Mensahe ay dumating sa pamamagitan ng isang tao at hindi mga Anghel. Kita n 'yo? Hindi maaaring baguhin ng Diyos ang pamamaraan Niya, o baguhin ang Salita Niya. Ang sabi Niya ay hindi Siya nagbabago. Kita n'yo? Pansinin n'yo, ipinangako Ako! At ang mga Hentil ay kasing bulag ngayon ng Israel. Ano'ng dahilan? Ang tabing. Ang Diyos na naglambong sa Tao, ang bumulag sa Israel. Pansinin, binulag ang isa. Ang isa, ay binubulag, sa isa naman, ay ipinapahayag Nito arig Katotohanan. Ipipinid Nito ang mga mata ng ilan, at imumulat naman ang mga mata ng iba.

112 Masdan, Tumayo si Jesus at nagsabi, “Buweno, ang pangalan mo ay - ay Simon, at ang pangalan ng ama mo ay Jonas. Ang sabi niya, ”Panginoong Diyos!“ Kita n'yo? Si Felipe. . . Ang sabi niya, ”Paano Mong nalaman?“ Ang sabi Niya, ”Naririto ang isang Israelita, na sa kaniya ay walang daya!“ At ang sabi niya, ”Rabbi, kailan Mo ako nakilala?“

Ang sabi Niya, “Bago ka pa tawagin ni Felipe, nang nasa silong Ka ng puno, nakita na Kita.”

Ang sabi niya, “Rabbi, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel. ”

Subalit, may mga nangakatayo roon na ang sabi, “Siya si Beelzebub.” Kita n'yo? Ano ang ginawa nito? Binuksan ang mata ng isa, binulag ang iba. Ano ang sinabi ng mga saserdote? “Aba, ang lalaking iyon ay si Beelzebub!”

113 Ang sabi ng babaeng iyon, “Alam kong darating ang Mesias, na tinatawag na yaong Pinahiran. Kita n 'yo, Darating ang Pinahiran. Matagal nang walang propetang lumilitaw sa amino . . Malamang na Ikaw nga'y isang propeta. Ngunit ang Pinahiran ay darating. Kami;y naghihintay sa Kaniya. Ito na ang huling mga araw para sa mga Hentil . . . O para sa mga Judio.” Aniya, “Ito na ang mga huling araw.” Kita n'yo, kapuwa mga Samaritano at mga Judio ay naghihintay sa isang Mesias. Kita n'yo? Ang sabi, “Ito na ang oras ng Kaniyang pagpapakita. Alam naming sa pagdating Niya, ay gagawin Niya ang mga bagay na ito. Sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito.” Ang sabi Niya, “Ako nga.” Namulat ang mga mata niya; ang pulis, ang mga saserdote ay binulag.

Ganiyan lagi ang ginagawa ng Ebanghelyo. Binubuksan Nito ang mga mata ng ilan, ihinahayag ang Katotohanan sa ilan, habang binubulag naman Nito ang iba; dalawa ang kahulugan nito. Ang iba'y matatanggap ang Anak na iyon at tuwirang makatititig Doon, at mabubulag; ang iba nama'y makatititig Dito at makalalakad palabas nang kasama Nito. Ito ang kaibahan.

114 Tulad ng naganap sa bawat kapanahunan, ang Pagkadiyos ay natabingan ng laman ng tao. Pansinin, ginawa Niya iyon. Ang mga propeta ay Pagkadiyos na nalambungan. Sila ay mga Salita ng Diyos (tama ba 'yon?) na nalambungan ng laman ng tao. Kaya't, hindi rin naman nila napansin ang ating Moises kita n'yo, si Jesus.

Pans in in, ang noo'y natatabingan sa likod ng mga lumang balat ng hayop sa lumang templo, ay ang Salita, ang Salita na naipapamalas sa mga tipak ng bato.

115 Ngayon, sisikapin kong makaalis dito sa loob ng dalawampung minuto, ngayon, kung magagawa ko, na tapusin ito ng alas siete y media. Pansinin, kung napansin n 'yo, inilipat ko ang ilang mga pahina rito, Kita n 'yo, para huwag tayong . . . para maiwasan kong putulin ang - masyado itong pakahabain. Alam kong naiinitan kayo, napapagod.

116 Sa likod ng lumang templo, sa loob ng tabing, ano ba ang naroroon sa likod nito? Ano ba si Jehova? Ano ba ang nakatago roon? Ano ba ang ikinukubli ng tabing? o, aleluia! Ano ba ang ikinukubli ng tabing? Itinatago nito ang Salita. Ang tabing, mga lumang balat ng mga hayop, ay nakatago, ikinukubli ang Salita sa kanilang mga matang natural. Sa likod din niyon, ay ang Luwalhating Shekinah. Ngunit lahat ng Iyon ay naikubli sa kanila. Ang lahat ng Iyon ay naikubli. Lahat ng Kaluwalhatian ng Diyos ay naroong lahat sa likod ng balat ng hayop, tama iyan, lahat ay natago sa natural na mata.

Ganito rin, ngayon. Binabansagan itong "isang bungkos ng mga holyrollers, mga panatiko," ngunit hindi nila nalalaman kung ano ang nakakubli sa likuran nito. Hindi nila alamo Kita n'yo?

117 At nang ang Diyos, saawa Niya, ay hinapak ang tabing upang makita nila, masyado silang naging balot na balot sa mga tradisyon nila na sila ay . . . nakatago pa rin ito sa kanila, maging sa araw na ito. 234 Ganito rin ngayon! Ang Kaluwalhatian, ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang Luwalhating Shekinah na lumulukob sa isang mananampalataya, ngayon, ang tinutukoy ko ay ang tunay na mananampalataya, na nagiging sanhi upang ang mga gawa ng Diyos at ang pananampalataya ay sumakaniya, upang makasampalataya sa Salita ng Diyos, na naikubli sa mga matang iyon. Ang wika nila, "Ang mga bagay na iyan ay lipas na." Nakikita ba ninyo, nabubuhay pa rin sila sa likuran ng tabing. Wala na kayo sa likuran ng tabing, mga mumunti kong Anak, naparito na ang Diyos nang lantad na lantad sa inyo.

118 Noong isang araw, si Kapatid na Fred Sothmann, si Kapatid na Tom Simpson . . . hindi ko alam kung nakarating siya rito o hindi. Marami kaming nagpunta sa isang simbahang Baptist, at may sinabi ang ministrong isang bagay na napakagandang pakinggan. Lahat kami'y nagsabi ng, "Amen!" Bawat isa sa simbahang iyon ay nanghaba ang mga leeg at nagsilingon. Kita n'yo? Kita n'yo? Nakasumpong kami ng mumong nagmula roon sa Shekinah, alam n'yo, at nagalak kaming damputin iyon. Ang sabi namin, sa ibang pananalita, "Salamat, Panginoon!" Kita n'yo? At, nang gawin nila 'yon, ang mga taong iyon ay gayon na lang ang pagkakatabing na pinagtawanan nila kami. Hindi nila alam kung ano ang kahulugan Noon. Kita n'yo? Natatabingan pa rin sila. Kaya nga, may mga nasa loob at may mga nasa labas. At kaya nga . . . Ngunit ang Diyos ay lantad na lantad na sa atin, at nakakubli rin. Tulad ngayon!

119 At nang ang Diyos, sa Kaniyang awa ay hapakin ang tabing, ay nalantad Siya. Subalit, masyado na silang balot ng kanilang mga tradisyon, at nakakubli pa rin Siya sa kanila. Ganito rin ngayon! Lahat ng Kaluwalhatian, natago, ay naitago para sa atin na nakay Cristo, ang Salita, na Siyang ating Templo.

O, ngayon, kakailanganing maghukay pa ako nang mas malalim sa loob ng ilang sandali. Ipagpaumanhin n 'yo ang aking emosyon sa umagang ito,. ngunit, o, no — noon ko pa nais ibahagi ito, ako'y . . . ito'y nag-uumapawsa akin. Kita n'yo?

120 Pansinin n 'yo, ang lahat ng Kaluwalhatian na nasa Diyos ay nasa Salita. Lahat ng mga pagpapala na nasa Diyos ay nasa Salita. Ito'y naitago, sa hindi mananampalataya, sa pamamagitan ng mga tradisyon. Nakikita ba ninyo ang ibig kong sabihin? Ngunit lahat nang ito ay nakay Cristo. Lahat ng nasa Diyos, binasyo Niya ang Sarili Niya, "kenos", at nanahan kay Cristo; at tayo, kay Cristo, ay nasa likod ng tabing.

"Buweno, ako'y nakay Cristo," sasabihin mo. At pagkatapos ay maniniwala kang tatlo ang Diyos? Magbabautismo sa ngalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo?" Naniniwala sa lahat ng mga tradisyong ito ng mga matatanda na pinaniniwalaan n'yo? Hindi, nasa likod pa rin kayo ng tabing. Kita n'yo? Pumasok kayo sa loob ng tabing. Siya, si Cristo ay ang Salita.

"Paano? Hindi ako naniniwala sa Makadiyos na pagpapagaling. Hindi ako naniniwala sa mga himalang ito at sa mga bagay na gaya Niyan."

Buweno, alam mo, ika'y — ika'y wala sa loob, sa loob ng tabing. Wala kang kamalayan tungkol Dito. Kita n'yo? Si Cristo ang Salita! At kung tayo'y nasa Salita, tayo'y nakay Cristo. At paanong mangyayaring nakay Cristo ako, nang itinatanggi ko si Cristo? Siya ang nagsabi, "Walang isa mang salitang maaaring idagdag o ibawas." Paaano kang makapagbabawas o makapagdaragdag, kung gayon? Kita n'yo, ipinapakita nito sa iyo kung anong uri ng tabing ang tumatabing sa iyo. Kita n 'yo?

121 Tayo'y nasa Kaniya! Kung magkagayon tayo, na nasa Kaniya, natatabingan pa rin tayo sa mga taong makarelihiyon at mga mapag-angkin sa santibutan. Kita n 'yo, ang Kaluwalhatiang nasa atin at nagiging kasiyahan natin, natatabingan pa rin tayo sa kanilang mga taga-Iabas. Iniisip nilang mga "baliw tayo, isa na namang hangal." Kita n'yo? Kita n'yo? Tama iyan. Ngunit tayo na naririto sa loob, kay Cristo, nabautismuhan sa Kaniya, (Unang Corinto 12), papasok sa Kaniya, tayo ay kabahagi ng Kaluwalhatiang ito. Kita n'yo? Subalit hindi sa labas; tumitingin ka pa rin papasok, itinatanggi Ito. Kita n'yo?

Kaya ngayon ay inaanyayahan tayong pumasok sa Kaniya, upang maging kabahagi ng lahat ng nasa Kaniya. Tayo'y naanyayahan upang pumasok sa Kaniya, na naitago sa mga hindi mananampalataya, sa pamamagitan ng tabing ng laman ng tao. Kita n 'yo? Kilala nila ang Kaluwalhatiang iyon, nababasa nila lyon, naririto iyon sa Salita, "ang Kaluwalhatian ng Diyos," at mga bagay na gaya no'n, isa lamang salita iyon para sa kanila. Sa atin, ito'y isang pagpapamalas! Kita n'yo? Hindi na ito Salita lamang; ito'y isa nang katunayan! Amen! [Si Kapatid na Branham ay pumalakpak ng isang beses-Ed.]

Ang sabi ng Diyos, "Magkaroon nawa ng liwanag," iyon ang salita. Ngunit ngayon ay mayroon nang liwanag. Hindi na iyon salita; liwanag na iyon. Nakikita ba ninyo kung ano ang ibig kong sabihin?

122 Ngayon, hindi tang ito nasulat na Salita sa atin; ito'y isang katunayan. Tayo ay nasa Kaniya.

Ngayon, nasisiyahan na tayo. Ngayon ay minamasdan natin Siya. Ngayon ay nakikita na natin Siya, ang Salitang nagpapamalas sa Kaniyang Sarili. Ito'y naikubli, roon sa labas, dahil (bakit?) Nalalambungan Ito ng taman ng tao. Kita n'yo?

O, sasabihin nila, "Ang tupon ng mga taong iyon, saan ba sila nagsipagaral? Ano — anong uri ba ng edukasyon mayroon sila? Saan, saan - saan ba sila nanggaling? Ano — ano — anong pangkat ba ang kinabibilangan nila?" Kita n'yo! Ha! Kita n'yo, hindi nila makuha Ito.

Ang sabi ng isang lalaki sa isa pang lalaki noong isang araw, ang sabi, "Kailangan mong sumapi sa isang denominasyon para ka maging isang Cristiano."

Ang sabi niya, "Cristiano ako; hindi ako kasapi ng alin man sa kanila." A — ha. Ang sabi, "Ang Diyos ang nag-alis ng kanser sa akin," ang sabi, "ngayon ano'ng palagay mo riyan?" Duktor siya. Ang sabi niya, "Ipakita mong ginagawa iyan ng mga denominasyon." Kita n'yo? Tama. Kita n'yo? Natatabingan pa rin Ito.

123 Tayo'y nasa loob ni Cristo. Ngayon, tulad noon, lahat ng tunay na mananampalataya ay nakakakita sa Kaniya, ang Salita ng pangako sa araw na ito, na hayag na hayag na naipapamalas. Napakalaking salita niyan kung makukuha n'yo. Kita n'yo? Kita n'yo? Lahat ng tunay na mananampalataya, na nasa Salita, ay nakakakita sa Diyos nang hayag na hayag. Ang tabing ay nahapak na, at nakatayong hayag na hayag ang Diyos sa harapan n'yo, naipapamalas. Kita n'yo? Ang Diyos, naipapamalas, nang hayag na hayag.

Para magawa natin ito, ang luma nating makadenominasyon at makatradisyong tabing ay kailangan muling mahapak. Para makita natin kung ano talaga Ito, kailangan mong lumabas mula sa bagay na iyan. Kita n 'yo? Hinding-hindi mo magagawa ito, lagi nilang ihaharang sa iyo ang tabing na iyon, sa tuwina, "o, wala iyan." Ngunit dito'y nakasulat, at dito'y naipapamalas Ito, kita n'yo. Kita n'yo?

124 Ngayon, ano kaya't tumanggi ang isang tao na makita ang araw, sabihing, "o, hayan, alam kong sinabi ng Diyos na, 'Magkaroon nawa ng liwanag,' ngunit wala namang gano'n. Mananaog ako roon sa silong. Ayaw kong makita 'yon."? Baliw ang taong iyon. May diperensiya Siya. 252 May diperensiya ang isang lalaki o babae, na nakakakita ng pangako ng Diyos, at nakikita Itong naipapamalas, at pagkatapos ay tatangging sumampalataya Rito dahil ibinababa ng denominasyon ang tabing. Kita n'yo, natatabingan!

125 Para natin magawa ito, ang mga makatradisyong .tabing ng denominasyon natin ay kailangang mawasak, ng Apoy at Tabak ng Espiritu ng Diyos, na siyang Kaniyang Salita. Sa tuwina ang Salita Niya ang Tabak N iya. Kita n 'yo? Kinuha N iya ang Tabak Niya sa araw na 'yon, puspos ng Apoy, at pinunit ang tabing na iyon mula sa itaas hanggang sa ibaba. Ganito rin ang ginagawa Niya sa Tabak ringiyon ngayon! Hindi "ang aking kredo, ang aking aklat ng mga kredo, ang aking — aking katesismo." Kundi ang Tabak ng Panginoon, kita n'yo, pinunit ang tabing, at makikita mo ang Diyos na nakatayong lantad na lantad, naipamamalas sa Kaniyang Salita. Napakaluwalhating tanawin! Kita n'yo? Tama. Ang Espiritu Santo at Apoy ng Diyos, ang Tabak Niya, ang pumupunit nito. Ang Salita ang pumupunit sa makadenominasyong tabing.

126 Ano kaya't, kasasambit mo pa lang ng, "Salita," at hindi gumana ang Salita? Ano'ng silbi ng Tabak dito, kung sasabihing "hindi Ito makalalaslas"? Ang sabi, "Ah," at hindi ito makalaslas?

Ngunit kapag iniumang mo ang Salita ng Diyos at namamasdan itong lumalaslas, siya'y-hawak siya ng itinalagang kamay upang magsagawa nito. Kita n 'yo, nilalaslas ito, at hayun na Siya. Hayun at ipinapakita nito ang Diyos ng malinaw na malinaw sa paningin, ang dakilang Jehova. Iyon ang Salita Niyang naipamalas, ang bahaging naipangako para sa araw na ito. Nakukuha ba ninyo Ito? Kita n 'yo? Kapag ang Tabak, na naipangako ngayon, sa araw na ito, kung ano ang dapat kalabasan nito, at kinukuha ng Diyos ang Tabak Niya at nilalaslas ang makadenominasyong tabing, at hinahawi ito, at ipinamamalas ang Sarili Niya, at .ipinakikitang naroroon Siya, yaon pa ring Haliging Apoy na iyon. Pansinin, iyan ang Salitang naipamalas para sa mga pangako sa araw na ito.

127 Nakikita natin Ito tulad ni Pedro nang sabihin niya, "Panginoon, saan kami tutungo, pagkatapos makita Nito?" Saan kami tutungo? Anong iglesia ang sasapian namin, samantalang isinilang na kami sa Isa? Kita n'yo? Ano ang maaari mong ... Anong denominasyon ang maaari n 'yong sapian pagkatapos n 'yong malaman ang mga Katotohanang ito, kita n 'yo, samantalang sila (bawa't isa sa kanila) ay tumatanggi Rito? Bawa't isa sa kanila! Wala akong alam na isa mang makapagsasabi ng mabuti tungkol Dito. Tama. Tama iyan.

128 Nagsimula ako sa mga paglalakbay na ito rito, kung saan ay apatnapu't dalawang mga iglesia sa isang lugar ang nagtaguyod; nang dumating ako roon, wala akong tagapagtaguyod. Bawat isa'y nagsabi, "Naniniwala Siya sa Walang Hanggang katiyakan." Ipinupuwera nito ang mga legalista. Wika naman ng isa, "Nagbabautismo siya sa Ngalan ni Jesus." Iyon naman ang nagpaayaw sa lahat ng iba sa kanila, kita n 'yo. Isa sa kanila ang nagsabi, ''Naniniwala Siya sa binhi ng serpente. Wala namang binhi ang serpente!" Iyon naman ang nagpa . . .

Ang Biblia ay nagsabi, "Pag-aalitin Ko ang kaniyang binhi at ang binhi ng serpente." Kita n'yo?

Ito'y... ang — ang tabing ay nahawi na sa Salita. Kita n'yo? Tama iyan. Naihayag Ito sa mga sanggol. Ito'y — Ito'y naiangat na; nakikita na nila Ito. At mangyayari ang gaya ng nasabi minsan, "Kapag nakita na ninyo," Kapag ang tabing na ito ay naalis na sa Salita, ang mga tradisyon ay naalis na sa Salita; gaya ng minsa'y sinabi ni Jesus, "Kapag nakita na ninyo Ako, ay nakita na ninyo ang Ama." Kita n'yo? Ang Diyos at ang Kaniyang Salita ay iisa. Ngayon ba'y nauunawaan na ninyo? Kapag ang Salita ay naipamalas, ano ito? Kita n 'yo?

129 Ang sabi ni Jesus, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, iniisip ninyong kayo'y may. . . Sumasampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya rin kayo sa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama ay huwag ninyo Akong paniwalaan. Ngunit kung ginagawa Ko ang mga gawa, Ako at ang Aking Ama ay iisa. Kapag nakita ninyo Ako, nakita na ninyo ang Ama. "

At kapag nakikita ninyong naipapamalas ang Salita, ay nakikita na ninyo ang Amang Diyos, sapagkat ang Salita ay ang Ama. Ang Salita ay Diyos. At ang Salitang naipapamalas ay ang Diyos Mismo na kumukuha sa Sarili Niyang Salita at ipinamamalas Ito sa mga mananampalataya. Walang makapagbibigay-buhay Dito maliban sa mga mananampalataya, mga mananampalataya lamang. Hindi ito. . . Hindi ito magiging. . .

130 Maaari mong kunin ang trigo at itanim iyon sa — sa isang — sa ibang uri ng lupa; hinding-hindi iyon tutubo. Ngunit kailangang may isang uri ng pataba sa lupa upang tumubo ang trigo. At kung walang — kung wa . . . kung ang pataba sa lupa ay hindi - hindi, ang binhi ay hindi katugma ng patabang iyon, hinding-hindi iyon tutubo. Kaya't kahit saan mahulog ang Salita, kung hindi ito mahuhulog sa tamang uri ng puso . . .

Sinabi iyon ni Jesus, "Ang iba ay nahulog sa daanan, sa batuhan, at dumating ang mga ibon sa himpapawid at kina in Iyon." At pagkatapos ay sinabi Niya, at ang mga ibon ng himpapawid ay dumating at kinain Iyon." At pagkatapos ay sinabi Niya, "Ang ilan ay nahulog sa mga tinik at dawag, at nagsitubo at kaagad nasakal," mga tradisyon, denominasyon, mga alalahanin ng sanlibutan ay sumakal Dito. Ngunit ang sabi, "Ang iba ay nahulog sa mabuting lupa at namunga ng tig-iisang daan," ang sabi, "ganiyan ang Kaharian ng Diyos." Gano'n din ito, kita n'yo, ang iba'y hindi talaga sasampalataya.

Ang iba ay maniniwala sa loob ng ilang panahon, gaya ng mga alagad. Sumunod sila sa Kaniya, marami sa kanila, ang pitumpu ay sumunod sa Kaniya sa loob ng maraming taon, para lang masumpungan, pagkalipas ng isa't kalahating taon o dalawang taon, para lang makita kung may masusumpungan silang isang bagay sa Kaniya, kung anong . . . gaya ng kung paanong may taglay Siyang kapangyarihan para gawin ang mga bagay na ito, o gaya ng paa ng kuneho, isang uri ng salamangka para palitawin ang mga bagay na ito, kung paanong nalalaman Niya ang saloobin ng puso ng mga tao, at kung ano ang iniisip nila. At nang huli ay natuklasan nilang sinabi Niya na bumaba Siya mula sa Langit, na Siya Mismo ang Salita. At nang matuklasan nila iyon, sobra na iyon para sa kanila, ang sabi nila, "Walang taong makauunawa Nito." At nagsilayo sila sa Kaniya. Iyon ang mga nangahulog sa tinikan.

131 Nagbabalik Ito sa gayon ding bagay, sa bawat kongregasyon, mayroong kunwa'y mananampalataya, hindi mananampalataya, at mga mananampalataya. Laging may ganiyan sa bawat kongregasyon. Lagi mo silang masusumpungan. Ang iba sa kanila kung umasta ay tila mga mananampalataya, iyan ang pinakamasamang uri. At mayroon din diyang mga totoong hindi mananampalataya; hindi ka niya babagabagin; lalakad lang siyang palayo at iiling. Subalit yaong mga nagkukunwang mananampalataya, nagsasabing sila'y mga mananampalataya, iyan ang uring dapat mong bantayan, ang mga kunwa'y mananampalatayang iyon. At mayroon din namang mga tunay na mananampalataya. Nakikita ba ninyo ang tatlong iyon diyan?

Nariyan ang hindi mananampalataya. Sa sandaling sabihin Niya, "Kanin n'yo ang laman ng Anak ng tao," o, naku eh, iyon na 'yon.

Ang iba naman ay kunwa'y mananampalataya. Nanatili sila (gaya ng ginawa ni Judas) hanggang sa malapit na sa dulo.

Datapuwat ang mga tunay na mananampalataya, hindi nila maipaliwanag iyon, ngunit sinampalatayanan pa rin nila 'yon. Nagpatuloy sila hanggang sa katapusan.

132 Ang tabing, ang tradisyon ng mga hindi mananampalataya, ay naalis, nakikita mo na ang Diyos. Kapag ang tabing ng mga tradisyon ay natahggal, makikita mong ang Diyos ay Diyos pa rin ng Kaniyang Salita. Tinutupad pa rin Niya ang Salita Niya. Siya ang — Siya ang Diyos, na May Akda ng Salita Niya. Iyon ay nakatago sa likod ng mga balat na tabing sa iba. oo, tama iyan. Doon sa mga hindi makalagos sa likod ng tabing, naroroon pa rin Siya sa likuran ng mga balat na tabing.

133 Pansinin n'yo. Pagkatapos, tayo, pagkatapos noon ay nagiging bahagi Niya tayo, dahil kayo na ang tabing na tumatabing sa Kaniya. Bahagi ka Niya, habang si Cristo ay nasa iyo dahil si Cristo ay sa Diyos.

Dahil nasa Kaniya ang Diyos, Diyos Siya. At dahil si Cristo ay nasa iyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian, ikaw ay nagiging bahagi ni Cristo. "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin niya rin." Kita n 'yo? Nagiging bahagi ka ni Cristo habang natatago sa iyo si Cristo. Kung magkagayon ay natatabingan ito sa hindi mananampalataya, ngunit alam mong Siya ay nasa iyo. Itinitemplo mo si Cristo na nasa likod ng tabing, ang balat. Kung magkagayon tayo, dahil . . . Sa likod, dahil sa tabing na ito, ang tabing muli, sa laman ng tao, ikinukubli ang Diyos (na Siyang Salita) sa hindi sumasampalataya.

134 Gaya ng nasusulat, kita n'yo, "Nasusulat, kayo'y mga liham na binabasa," ang sabi ng Biblia. Ngayon, ano ang liham? Ito'y "isinulat na salita." At kayo ang "isinulat." Sa ibang pananalita, binabasa mo Iyon ng paganito, "Ikaw," ang sabi Nito, "kayo'y mga liham," o "kayo ang Salitang naisulat, naipapamalas." Wala nang maidagdag pa rito. Hindi mo masasabi, "Ako'y isang liham," samantalang ipinamumuhay ang iba pang bagay kaysa sa naisulat na Nito,

dahil walang maaaring idagdag o ibawas.

135 Gaya nang isinusulat ni Doctor Lee Vayle ang kilalang aklat na ito; nais kong makita n 'yo ito makalipas ang ilang sandall. Naririto si Kapatid na Vayle, dito sa paligid kung saan. Nakita ko siya sa labas; Palagay ko'y hindi siya makapasok. Datapuwat sumusulat siya ng isang aklat, at nakamamangha ito, tungkol sa kapanahunan ng Laodicea. At nais kong kayo'y.. . Malapit na itong lumabas sa imprenta, kaya't ginagawananamin ang huling pagbasa nito ngayon, at isinusulat ito. Pinag-usapan namin ang tungkol dito doon sa loob, kita n'yo, tungkol sa . . .

136 Bawat isa, lagi silang lumalapit sa akin, ang sabi, "Kapatid na Branham, ang pitong kulog na iyon na ikinulog ng tinig, at ang sabi Niya, "huwag mong isulat, kita n'yo, kundi ipinid mo ito," ang sabi, "iyon ba'y pitong-kulog na maihahayag sa huling mga araw? Kita n'yo, pitong kulog na magsasabi sa atin?" Ngayon, hindi ba't ang gandang pakinggan niyan? Kita n 'yo? Ngunit ingatan n'yo ang sinasabi n'yo kapag sinasabi n'yo Iyan. Ang sabi Niya, "Huwag mo itong isulat." Kita n'yo? Ang pitong kulog na ito na umusal ng kanilang mga tinig (Kita n 'yo?), at ang sabi Niya, "Huwag mong isulat iyan, Kita n 'yo, datapuwat matatatakan Iyan sa loob ng Aklat hanggang sa mga huling araw."

137 Ngayon, may isang matagal nang, marami ang matagal nang nagsasabi sa akin, at mga teologo pa nga ang nagsabi, "Kapatid na Branham, kung ang Panginoong Diyos . . ." Ang sabi, "Kung — kung sa karanasan mong ipinagkaloob sa iyo ng Panginoon para sa Kaniyang bayan," buong pagpapakumbaba kong sinasabi ito, ang sabi, "magiging karapat-dapat kang sumulat ng isang — isang Biblia, ikaw mismo, ang iyong Salita, kung ito'y ipinamalas ng Diyos."

Ang sabi ko, "Maaaring totoo iyan." Kita n 'yo gusto niya akong hulihin. Kita n'yo? At ang sabi ko, "Ngunittingnan mo, hindi ko magagawa iyan." Ang sabi niya, "Bakit hindi? Nasa iyo ang lahat ng kuwalipikasyon."

Ang sabi ko, "Ngunit, tingnan mo, hindi maaaring magdagdag ng isa mang salita o magbawas man." Kita mo?

At ang sabi niya, "Buweno kung gayon, ang pitong kulog na iyon, kita n 'yo, ang sabi, "hindi ba't ang pitong kulog na iyon na umugong, hindi ba't isang kapahayagan iyan na ipagkakaloob sa isang tao?"

Ang sabi ko, "Hindi po, iyan ay magiging pagdadagdag o pagbabawas mula Rito."

Hayag nang lahat iyan Diyan, at ang pitong Tatak ang nagbukas ng kapahayagan kung ano lyan! . . . ? . .. Kita n'yo, ito'y nasa Salita pa rin. Kita n 'yo, hindi kayo maaaring lumabas sa Salitang iyan. Hindi Nito iiwan ang Salita. At ang Espiritu ng Diyos ay hinding-hindi aalis sa Salitang . iyan. Mananatili Ito sa Salita, binubulag ang iba at binubuksan ang mata ng iba. Laging magkakagano'n.

138 "Kayo'y mga liham, na binabasa ng lahat ng tao." o, kayo ang . . ." Isinasalin ko Iyan, binabaligtad ko Iyan nang paganito, kita n 'yo, baligtarin n 'yo lang, "Kayo ang mga liham na naisulat," 'pagkat hindi kayo maaaring magdagdag ng anuman Dito, "na binabasa ng lahat ng tao; naipamalas na Salita ng Diyos," sa ibang pananalita. At si Pedro't si Juan, para ipakita ito, nang magtungo sila roon, nahalata nilang sila'y mga ignorante at walang aral, wala silang pinag-aralan ngunit napagkilala nila na nakasama nila si Jesus. Kita n 'yo? Sila'y mga ignorante at walang aral, ngunit sila'y mga liham na nasulat, kita n'yo, nabasang nakasama nila si Jesus. Pagkat ipinamamalas ni Jesus ang Sarili Niya sa pamamagitan nila, si Cristong natatabingan ng kanilang laman; naipapamalas, naging buhay.

139 Tulad ng Siya ay nakay Moises. Nang ang Salita ay nakay Moises, siya ay Diyos na nasa laman. Nang Ito'y na kay Jesus, Ito'y Diyos na nasa laman. Kita n'yo? Ang ginawa lang Niya ay nagpalit Siya ng maskara, hindi ng Salita Niya, hindi ng kalikasan Niya. Siya'y kahapon, ngayon, at magpakailan man. Binago lang Niya ang anyo Niya. Nagbago Siya ng anyo mula kay Noe tungo kay Moises; Nagbago Siya ng anyo mula kay Moises tungo kay David, kay Jose at sa iba pa hanggang sa humantong Siya sa Kapuspusan ng Pagkadiyos. Kita n'yo?

Siya pa rin ang dating Diyos. Amen. Amen. Umaasa akong tumatagos iyan. Kita n 'yo? Ang siya pa ring Diyos, ngunit gumagamit lang Siya ng ibang tabing. Kita n 'yo, nagsusuot Siya ng ibang tabing.

140 Ginawa Niya iyon sa mga refonner, nagsuot ng lambong, nagsuot ng lambong. Hanggang sa kahulihan ay umabot Ito sa panahon ng Lutheran, patungo sa kasunod na panahon; at pagkatapos sa kahulihan ay nagtungo Ito sa Kaganapan. Bago Ito dumating, isang propeta ang muling lilitaw. .Kapag naganap lyon, inaanino Nito ang Salita, ipinapakitang muli roon, ipinahahayag kung ano'ng naganap, kung ano 'ng naiwan, upang ang iglesia ay mawalan . . . hindi mawalan ng kaunawaan. At kapag unti-unti na itong kumupas, kung gayon, gaya ng sinabi ni Juan, "kinakailangan akong bumaba; kinakailangan Siyang madakila," kung magkagayon ang lahat sa lahat ay papasok sa Kaniya. Siya ay lubos na naipamalas sa pamamagitan ni Luther, Wesley, sa panahon ng Pentecostes; pababa, pababa, Siya'y lubos na naipamamalas ang Diyos na nalalantad. Tignan n'yo Siya ngayon, pansinin, naganap sa Kaniyang mga pangako para sa araw na ito gaya ng naganap sa kanila noon.

141 Ngayon si Moises ang Salita sa araw na iyon, sapagkat ang Salita ay ibinigay sa Kaniya para sa araw na iyon; si Moises. Si Jose ang Salita sa kaniyang mga kaarawan, inilalarawan si Cristo nang tugmang-tugma. Kita n 'yo, ang bawat isa sa kanila ay ang Salita.

At nang dumating si Jesus, Siya ang Salita sa Kapuspusan Nito, sapagkat ang buong pIano ng katubusan ay nakasalig sa Kaniya. Hindi nakasalig ang buong pIano ng katubusan kay Moises, wala iyon kay Jose, wala iyon kay Elias. Kita n'yo, sila'y mga bahagi lamang ng Salita, na tumuturo Rito. Kita n'yo? Ngayon, pansinin, ingatan n'yo ang inyong kaisipan; heto na ito, gaya ng lagi kong sinasabi. Kita n 'yo, ang buong pIano ay wala sa kanila. Tumuturo sila rito.

142 Kaya't pagkatapos Niya, na Siyang Kapuspusan, hindi na tayo maaaring tumuro pa sa iba. Tumuturo Itong pabalik sa Kaniya, ang Salita. [Dinampot ni Kapatid na Branham ang Biblia niya-Ed.] Ito ang kumpletong Kapayahagan; walang maaaring idagdag o ibawas Dito. Iyan na ang kumpletong kapahayagan. Lahat ng iyon, ay anino Niyaong darating; datapuwat nang dumating Siya, Siya yaong Sakdal. Hebreo I, "Ang Diyos, sa iba't-ibang panahon ay nangusap sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, "Ang Diyos ang nangusap sa pamamagitan ng mga tabing, ang mga propeta, ngunit sa huling mga araw na ito sa pamamagitan ng Kaniyang Anak na si Jesus Cristo." Hayan ka na. Naalisan ng tabing doon sa Kalbaryo, ang Anak ng Diyos, naalisan ng tabing.

143 Pansinin, "naging buhay," at ngayon kapag ang Salita ay naipamalas sa mga sisidlang tao, Ito'y walang pasubaling ang Salita na nagaganap sa araw na iyon, na nagbabalik sa Diyos. Nabautismuhan sa Kaniya, ayon sa Unang Corinto 12, tayo'y napagkikilalang kasama Niya. Amen

144 Ang sabi ko'y kalahating oras, ngunit maari bang magtagal ako nang kaunti pa? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."-Ed.] Kita n'yo? Tingnan n'yo, hindi ko maaaring lampasan ito. Pansinin, napagkilalang kasama Niya!

145 Ngayon, pansinin. Ilan ba ang mga mamamayang Amerikanong naririto? Itaas n'yo ang inyong kamay. Mabuti, kayo'y mga mamamayang Amerikano, kung gayon ay napagkikilala kayong kasama ng bansang ito. Kung ano man ang bansang ito, ay gayon din dapat kayo. Tama ba iyan? Kayo ang lahat ng kaniyang kaluwalhatian at kayo rin ang lahat ng kaniyang kahihiyan. Napagkikilala kayong kasama niya. Mga Amerikano kayo, kaya't dala-dala n'yo ang Amerika. Aleluia!

Kasama ako ni George Washington nang tawirin niya ang Delaware. Napagkilala akong kasama niya. Tama iyan. Kasama ako ni Abraham Lincoln nang magsalita siya sa Gettysburg. Nakatayo ako roon, kasama ako ng mga kawal sa Guam, kayong mga kabataang lalaki noon, nang itoas ninyo ang watawat na iyon. Naroroon ako. Ako'y isang Amerikano; ako'y napagkikilalang kasama nito. Amen. Ngayon, ang maging Amerikano, anuman ang naging kahihiyan niya sa Rebolusyon, dala-dala ko iyon; 'pagkat ako'y isang Amerikano. Tama iyan.

146 At bilang isang Cristiano, ako'y napagkikilalang kasama Niya. Amen! Kasama ako ni Noe nang pumasok siya sa daong, kasama ako ni Moises nang lumabas Siya sa Egipto. Amen! Kasama ako ni Elias doon sa Bundok nang Carmel. Opo! Luwalhati sa Diyos, kasama niya ako nang gawin niya iyon. Tunay na kasama Niya ako; ipinakilala ko ang sarili ko sa kamatayan Niya doon sa Kaibaryo nang mamatay ako sa mga bagay ng sanlibutan, sa aking sarili, at sa lahat ng mga tradisyon. Napagkilala akong kasama Niya. Napagkilala akong kasama Niya noong Pasko ng pagkabuhay nang magbangon Siya mula sa mga patay. Napagkilala akong kasama Niya noong araw ng Pentecostes nang bumaba ang Espiritu Santo tulad sa humahagibis na hangin. Napagkilala akong kasama Niya. Lahat ng Siya ay ako, lahat ng ako ay Siya; amen, dahil namatay na tayong kasama Niya, tayo'y napagkilalang kasama Niya. Kung ano Siya ay gayon ako. Amen!

147 Kung ano ang bansang ito ay gayon ako. Ikinararangal kong maging gayon. Handa kong pasanin ang kahihiyan niya. Handa kong pasanin ang kahihiyan ng pagiging isang Amerikano. Tama iyan. Datapuwa't doble niyan ang gagawin ko kay Jesus Cristo! Lahat ng kung ano Siya ay ako rin. Nais kong

mapagkilalang kasama Niya.

Ang mga apostol na iyon, nang magsibalik sila, naisip nila . . . pinagtawanan sila, binansagan ng lahat na ng uri ng ban sag, itinuring nilang isang dakilang karangalan ang pasanin ang kahihiyan ng Kaniyang Pangalan.

Nagagalak ako sa araw na ito na maging isa sa kanila, na napagkikilalang kasama ng Salita, na si Cristo. Napagkikilalang kasamsa Niya, nabautismuhan sa Kaniya, naipakilala tayo; naipakikilala sa Kaniyang Wangis, napagkikilala kasama ng Kaniyang Salita, na walang iba kundi Siya. Kung ako'y nakay Cristo, ako ay Salita Niya; dahil Siya ang Salita, at kung ano Siya ay gayon ako. Amen! Nakukuha ba ninyo? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."Ed.] Mabuti.

148 Ang Salita ay naipapamalas, o naipapahayag doon sa Kapahayagang iyon, kung gayon ay saan ako inilalagay niyan? Kung Siya ang Luwalhating Shekina, bahagi ako Nito. Amen! O! Amen! Tama iyan. Ang Salita Mismo ang nagpapahayag, nagpaahayag sa Sarili Nito. Isipin n'yo! Ang mga hiwaga ng Diyos na naipabatid na sa atin sa araw na ito sa pamarnagitan ng makalangit na Mensahero ring iyon na naipakilala sa kanila sa mga araw na iyon; pansinin n 'yo, ang Haliging Apoy ding iyon na nagsugo kay Moises; ang siya ring Haliging Apoy na nakay Moises na sumulat ng Biblia; ang siya ring Haliging Apoy na nakasalubong ni Pablo sa daan patungong Darnasco.

At si Pablo ang sumulat ng Bagong Tipan. Alalahanin, sina Mateo, Marcos, Lucas at Juan, isinulat larnang nila kung ano ang nakita nila; datapuwat taglay ni Pablo ang Kapahayagan. Hinugot niya lyon, dahil nakatagpo niya ang Haliging Apoy, mismo. At isipin na lang, ang siya ring.. .

149 Doon, si Jose, lahat sila'y nagsipagsulat ng kung ano ang naganap noon, bawat isa sa kanila ay nagsipagsulat noon. Datapuwat nang dumating si Moises sa tagpo, taglay niya ang Kapahayagan. Nakatagpo niya ang Haliging Apoy, at nahayag kay Moises kung paanong naganap ang Genesis. lsinulat niya ang unang apat na aklat ng Biblia, lsinulat iyon ni Moises. Tarna ba 'yon? Dahil nakatagpo niya ang Diyos sa anyong Haliging Apoy, natatabingan ng Haliging Apoy.

Nang makatagpo Siya ni Pablo sa daang . .. Isinulat lang ng mga alagad kung ano ang nakita nilang ginagawa Niya, datapuwat si Moises ang may Kapahayagan. Nanaog siya roon sa Egipto sa loob ng tatlong taon at nag-aral, at nakitang ang Diyos ng Lumang Tipan ay ang Jesus ng Bago, ang Kapahayagan! "Hindi ako naging masuwayin sa Makalangit na pangitain." Tarna iyan. Tarna! 299 At isipin n 'yo Ito. Ang siya ring Haliging Apoy na dumating sa mga taong iyon na sumulat ng Biblia, ay siya ring Haliging Apoy na naririto ngayon na nagpapaliwanag sa Biblia. Amen! Pinasasalarnatan natin Siya dahil diyan! Siya rin! Anong kaaliwan! Anong pagkakakilanlan! Nagagalak akong mapagkilalang kasama Niyan; hindi ko alam kung ano'ng gagawin ko. Mas nanaisin ko pang mapagkilalang kasarna Niyan kaysa ng lahat ng mga Baptist, Metodista, Presbyterian, Lutheran, at lahat ng iba pa sa kanila. Napagkikilala sa Salitang iyon kung saan naroon ang Luwalhating Shekina at ang Kapahayagan!

150 Ang Haliging Apoy na nagpapakita sa kalagitnaan natin, ipinakikilalang ang Mensaheng iyan ay tama, gaya ng ginawa Niya sa Bundok ng Sinai. Alalahanin, bago pa lumabas ang tunay na Mensahe, na ipinangaral ni Moises, at inakay niya sila palabas ng Egipto; ngunit doon, bago pa mailatag ang tunay na mga utos (ang mga Tatak ay maipasok), bumaba ang Diyos sa mga tao at pinatunayang si Moises ay isinugo Niya (tama ba 'yon?) sa isang Haliging Apoy, na sinabi ni Moises na nakita niya sa isang palumpong at nakipag-usap sa kaniya.

O, sa mga huling araw na ito ang makita ang siya ring Haliging Apoy na iyon sa kalagitnaan natin, nangungusap ng Siya ring Salita; hindi lang iyon, kundi ipinaliliwanag pa nga Ito sa pamamagitan ng pagpapamalas Nito, at pagpapatunay na Ito'y Katotohanan. Kaya't ang mga tao ay wala nang dahilan upang hindi sumampalataya, malibang talagang naisin nila, at pagkatapos, "ang sinumang nagkakasala nang sinasadya matapos. makaalam ng Katotohanan, wala nang natitirang hain para sa kasalanan."

151 Pansinin, ang Siya ring Haliging Apoy na isinugo kay Moises at kay Pablo na sumulat ng Biblia, ngayon ay isinugo upang magpahayag Nito. Ang biyaya ng Diyos, ang hindi nagbabagong Diyos na tumutupad ng mga pangako ng Mateo 28, ''Narito, Ako'y sumasainyong lagi"; tinutupad ang San Juan 14: 12, "Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo," tinutupad ang San Lucas 17:28-29, "Sa mga huling araw ay maipapahayag ang Anak ng tao," kita n'yo, kita n 'yo; Malakias 4, "Narito, Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta, na magsasauli ng pananampalataya ng mga tao pabalik sa orihinal na Salita." Nakikita ba ninyo? Kita n'yo? .Kung paano itong. . . Kita n'yo? Ay, naku!

152 Namatay Siya upang ihayag ang Sarili Niya sa atin. Ngayon, tayo nang mamatay sa ating sarili upang maihayag Siya sa iba. Tayo nang mamatay sa mga tradisyon at mga bagay-bagay upang maihayag Siya sa iba. Mamatay sa mga denominasyon upang ihayag Siya sa iba.

153 Pansinin, doon sa lumang templo ay naroroon ang Luwalhating Shekina, at ang Liwanag ng Shekina ay sumisilay sa Salita. AngSalita ang Binhi; ihinatid Nito ang tinapay na handog para lamang sa mga

mananampalataya. Ang Dugo ay nasa tipan din naman; at ang Dugo ay ang tubig, ang tubig na nagbibigaybuhay sa butil, sa trigo, sa binhi, na siyang Salita.

Gaya nang sinabi ni Jesus, "Kung paanong itinaas ni Moises ang ahas na tanso," at muli ay sinabi Niya, "Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na ipinagkaloob N iya ang Kaniyang bugtong na Anak; upang ang sinomang sumampalataya sa Kaniya ay hindi mapahamak." Hinampas ni Moises ang bato sa ilang upang iligtas ang isang bayang nasa bingit ng kapahamakan, upang magpalabas ng tubig. Hinampas ng Diyos si Jesus, upang magpalabas ng Espiritu mula sa Kaniya para sa isang bayang nasa bingit ng kapahamakan. Ang Dugo ay nagmula sa Kaniya, sa siyang "tubig na panghugas sa pamamagitan ng Salita." At, ang tubig ang naghahatid ng Buhay sa Binhi, at pinalabas Nito ang Luwalhating Shekina; sumilay sa Salita, na siyang nagpalitaw ng tinapay na handog. At ang tinapay na handog ay para lamang sa isang hinirang na bayan. Tama ba iyan?

154 Ngayon, nilalampasan ang tubig, nilalagos ang tabing, tungo sa Kaniyang Presensiya, kung saan ang Salita ay (hindi kredo), ang Salita; doon sa loob nakikita ang Luwalhating Shekina, ang Shekina, ang Kapangyarihan, ang Espiritu Santo na sumisilay sa Salita, naghahatid ng pangako, nagpapakitang nasa likod ka na ng tabing. Amen. Natawid ko na ang punit na tabing kung saan ang Kaluwalhatian ay hindi nabibigo. (Ummm.) Aleluia, Aleluia; nabubuhay ako sa Presensiya ng Hari. Natawid ko na ang pun it na tabing kung saan ang Kaluwalhatian ay hindi nabibigo, nabubuhay ako sa Presensiya ng Hari.

155 Ang lumang ba]at ng hayop, ang mga denominasyon ay nahapak na, nalampasan ko na iyon patungo sa Luwalhating Shekina, at nakikita ko ang Salita. Nakikita ko ang Haliging Apoy na kumikilos. Nakikita ko ang Salita na naipapamalas. Kung ano ang sinabi Niyang gagawin Niya sa mga huling araw, nakikita ko itong lumalago. Nakikita ko ang mga anak na kumakain ng Shekinang Tinapay na iyon na nagmumula sa pagkahinog ng Salita, na sumasampalataya Rito. Amen. Anong gandang oras ang kinabibilangan natin. Kita n 'yo, ang Shekina sa ibabaw ng Salita, at sa ilalim no'n ay ang Tinapay. At naroroon ang Dugong iwinisik na nagdudulot ng Tubig Dito. Ang Espiritu ang nagbibigay Buhay sa Salita. At ang . . . Ilan ba ang nakabasa, nakarinig ng teyp na Ang Paglilitis? Palagay ko'y marami sa inyo ang nakarinig nito. Kung titingnan n'yo roon, kakailanganin . . . Ang Salitang iyon ay kailangang tumubo. Para ito makatubo, kailangan Itong maihasik sa tamang uri ng lupa. Kita n'yo? At ang Diyos ay mangangako at titimo Iyon sa puso, hindi Ito mabibigo.

156 Naghintay si Noe ng isandaan at dalawampung taon. Naghintay si Abraham ng dalawampu't limang taon, sa batao Sinabi iyon ng Diyos, at tapos na iyon. Kita n'yo? Ano iyon? Naroroon ang Salita dinidilig ng pananampalataya, sinasampalatayanan Ito, pinalitaw Nito ang mga resulta. Pinalitaw Nito ang isang anak na lalaki; pinalitaw Nito ang ulan; pinalitaw Nito ang birheng naglihi.

Isang propeta ang nagsabi, "Isang dalaga ang maglilihi." Walang alinlangang bawa't dalaga ay pumaroon at naghanda ng mga damit ng sanggol. Buweno, ang propetang ito na si Isaias ay ipinakilalang propeta, binindika ng Diyos. At ang sabi ng Panginoon, "Isang dalaga ang maglilihi. Pagkakalooban Ko sila ng isang sobrenatural na tanda, isang dakilang tanda; isang dalaga ang maglilihi."

157 Doon, lahat ng mga taong iyon, ang mga mananampalatayang iyon, tulad din naman ninyo. At nang marinig nilang sinal ito iyon ng propetang iyon, bawa't dalagita . . . Bawa't lalaki'y nagsabi, "Ang anak kong babae 'yon. Siyanga po." Bawat isa'y pumaroon at nagsibili ng sapatos ng sanggol at ng mga lampin, at lahat na, nagsisipaghanda, 'pagkat batid nilang iluluwal niya iyon. Lumipas ang salinglahing iyon, naisip nila, "Ang ipinakilalang propetang iyon, binindika ng Diyos, paano niyang magagawang magsalita ng anumang bagay na mali? Dapat itong maganap!"

Walong daang taon ang lumipas, ngunit iniluwal niya ang Sanggol. "Langit at lupa'y lilipas, ngunit ang Aking Salita'y hindi lilipas."

158 "At mangyayari na sa huling mga araw," ang sabi ng Diyos. Kita n'yo, naririto na tayo. Ang - ang Liwanag sa Salita. Kung paanong ang liwanag ng araw ay bumabago sa binhi mula sa kaluwalhatian tungo sa higit na kaluwalhatian, tayo rin ay nagiging higit na katulad Niya habang tayo'y namumuhay sa Kaniyang Presensiya; tulad Niya, naihuhubog sa Kaniyang pinagpalang wangis habang lumalakad tayong kapiling Niya.

Masdan kung anD ang ginagawa ng araw. Magtanim ka ng binhi, ano'ng nangyayari? Mabubulok ang binhing iyon. Sa loob ng binhi ay may buhay. Ang buhay ay lalabas at magpapalitaw ng tangkay. Ngayon hindi iyon kahawig ng una. Hayan si Luther, ito'y isang tangkay. Tama.3 Ang tangkay ay tumubo, at ang kasunod na pangyayari ay mag-uusbong ito ng bulaklak. Kita n'yo, iyori ang revival sa panahon ni Wesley; hindi rin kamukha ng una. Pagkatapos ay dumating naman ang revival ng Pentecostal, kita n'yo, inilalabas ang bautismo ng Espiritu Santo. Tama. Anong nangyari? Nagkakaroon ng amag ang butil. Nagsisimulang mag-iba ang anyo nito. Hindi iyon kamukha ng Salita. Hindi ito katulad ng iba pang bahagi Nito. Hindi ito kamukha ng orihinal na Butil na naibaon.

159 Datapuwat naroroon pa rin ang Diyos upang gawin iyon - iyon sa anu't ano man. Pansinin, ano ang

ginagawa nito? Sa kahuli-hulihan ay muli Itong nagbabalik sa orihinal na Binhi. Nang dumating Siya sa anyo ni Martin Luther;

nang dumating Siya sa anyo ni John Wesley; nang dumating Siya sa anyo ng mga Pentecostal; kailangan Niyang ipahayag ang Sarili Niyang muli tulad ng Binhi ring iyon na naitanim, ang Anak ng tao. Ipinahayag Niya ang Sarili N iya bilang Anak ng Diyos sa panahon ng uhay at iba pa, ngunit sa huling kapanahunan ay ihahayag Niya ang Sarili Niya bilang Anak ng tao, muli. Nakukuha ba ninyo? [Nagsabi ang kongregasyon, "Amen."-Ed.] Mabuti, tulad sa pasimula, hinubog!

160 At ano ang itinutubo ng uhay na iyon? Patuloy ito sa paglaki. Lumalaki ang munting uhay na iyon, ngunit hindi pa rin kamukha iyon ng orihinal na binhi. Gayon din naman ang mensahe ni Luther; hindi, dating naman ang — ang iba pang mga mensahe; sina Finney, Sankey, Knox, Calvin, pababa, walang alinman sa kanila. Mensahe pa rin sila ngunit, ang nangyari, hindi nila nakuha ang buong Kapahayagan Nito 'pagkat hindi pa panahon. Hindi mo maaaring ilagay ang butil sa mais bago sumapit ang tamang oras ng pagdating nito. Kita n'yo? At sa kahuli-hulihan ay muling magbabalik ang orihinal na Binhi na nahulog sa lupa.

161 Kita n'yo, sinusundan ng Diyos ang kalikasan nang akmang-akma. Kita n'yo? Isinilang Siyang isang kordero, iyon ang dahilan kung bakit sa sabsaban Siya isinilang. Ang mga kordero ay hindi sa kama isinisilang. Kita n'yo, inakay Siya patungo sa Kalbaryo. Ang mga tupa ay inaakay. Tama iyan. Mga kambing ang umaakay sa kanila sa katayari, alam n 'yo iyan, sa bahay-katayan. Kambing ang umaakay sa kanila, ngunit kailangan silang akayin. Hah! Tama iyan. Kaya't inakay Siya patungo sa katayan, kita n'yo, sapagkat Siya ay isang Kordero.

Lahat ay nagpakilala sa Kaniya sa kalikasan. Iyan ang dahilan na isinilang Siya ng Marso o Abril, hindi Disyembre, hindi maaari iyon. dalawampung piye ang kapal ng niyebe roon sa ganoong panahon ng taon. Hindi ang diyos na araw, kundi Siya ang Anak ng Diyos. Kita n'yo? Ang diyos na araw ng mga Romano sa ikadalawampu't limang araw ng Disyembre, kapag dumaan ang araw sa mga lugar na iyon doon atdoon sila nagdaraos ng mga Roman circus, at tinawag iyong kaarawan ng diyos na araw, at ginawa nila iyong Anak ng Diyos. Hindi, hindi. Siya ay Anak ng Diyos. Ang kaarawan Niya ay akma sa iba pang bahagi ng kali}r~san. Akmang-akma. Ngayon, pansining muli sa ating pagpapatuloy, kakaunti na ang natitirang oras natin.

162 Ngayon, patungo sa sakdal. Matapos mamuo ang uhay; matapos mamuo ang bulaklak; matapos mamuo ang butil sa busal; kung magkagayon ay kailangan itong dumating sa kasakdalan, pabalik sa karaniwang butil muli. At tandaan, ang butil ay kailangang may angking buhay. Kita n'yo? Kung hindi, hindi ito mabubuhay. Kita n 'yo? Walang alinmang nasa labas ng mga Mensaheng iyon ang maaaring mabuhay. Kailangan itong umakma Rito. Ngunit alalahanin, ang Buhay na nasa uhay ay siya ring nasa butil. Pinagugulang lang nito ang sarili pabalik, kita n 'yo? Ipinahayag Niya ang Sarili Niya, (bilang ano?) Anak ng tao, ang butil na nahubog sa lupa. Nakukuha ba ninyo ang Mensahe? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."Ed.] Ang sabi ng mga Griego sa Kaniya, ''Nais naming makita si Jesus."

Ang sabi Niya, "Mali bang ang butil ng mais ay mahulog sa lupa." Kita n'yo? Mabuti.

163 Ngayon, sa anong anyo naman Niya ipinahahayag ang Sarili Niya pagkatapos? Sa iba na namang anyo; uhay, at bulaklak, at iba pa, at lahat ng mga dahon at lahat na. Ihinayag Niya ang Sarili Niya noon (ano?) ang siya ring Espiritu, ngunit sa iba namang anyo. Kita n'yo? Ngunit ano ang huling anyo ng mais? Nagbabalik ito sa orihinal na butil. Tama ba 'yon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."-Ed.]

At ang lingkuran Niya ay nagmula, sa mga repormasyong iyon pabalik sa Salitang muli. Ang Salita ay dumarating sa isang propeta, at ipinangako Niya Ito sa Malakias 4, "At isasauli ang Pananampalataya ng mga tao pabalik sa original na butil." Yaong nahulog sa lupa ay siya ring naririto ngayon. Ang butil ay dumaan dito. Tumubo Ito bilang Anak ng Diyos, ngayon ay ipinahahayag Nito ang Sarili bilang Anak ng tao, at pagkatapos ay ihahayag Nito ang Sarili Nito bilang Anak ni David sa Luklukan. Kita n'yo, ang tatlong pagka-anak, akmang-akma. Ay, naku, muli tulad sa orihinal!

164 Ngayon, sa sakdal na lingkuran ng Kaniyang Sarili; hindi ang kung sinong tao, hindi ang kung sinong denominasyon, gaya nang ginawa nila sa mga nagdaang kapanahunan, kita n 'yo; kundi Siya Mismo na naipapamalas, ipinamamalas ang Sarili Niya sa pangako, tinutupad ang San Lucas 17:28, Malakias 4, at iba pa, Hebreo 13 :8, nang akmang-akma. Sa panahong iyon, anong panahon kaya iyon dapat maganap? Kapag ang maharlikang Binhi ni Abraham ay nag-aabang na sa pangakong Anak. At lahat ng mga tipo ay kailangang matupad. At ang Diyos mismo ay nagpakita sa anyo ng isang Tao sa natural na binhi ni Abraham, bago dumating ang pagwasak, at sinabi ni Jesus na magkakagayon din ang maharlikang Binhing ito bago magbalik ang pangakong Anak.

165 Pansinin ang lumang tabing na nagtago ng kaluwalhatian. Ang lumang balat ng mga hayop, walang anumang ganda na maaaring nasain dito; gayon

din naman ang laman Niya. Iyan ang dahilan na sinasabi ng mga tao, “Ang isang hukot ang balikat na Taong gaya niyan?” Marahil ay tatlumpung taong gulang, at abuhin na, at ang balbas Niya'y abuhin na at hindi kaayaayang pagmasdan. Ang sabi ng Biblia, “Wala Siyang angking ganda upang nasain namin Siya.” Hindi Siya mukhang Hari, ang lumang balat ng hayop, ngunit, o, ano ang nasa loob!

Pagkatapos ay may maliit na kalipunan ng mga “holy-rollers” na uupong magkakasama sa isang mainit na gusaling tulad nito, iyon ang ban sag nila sa kanila, walang gasinong ganda upang nasain, ngunit ano ang nasa loob! Nakatitiyak akong ito'y natatabingan pa rin sa napakaraming mga puso, nakikita n 'yo ba? Nakikita n 'yo ba? Tama.

166 Sa labas ay wala Itong halaga, datapuwa't ang lahat ay nasa loob. Kapag nakapasok ka na sa loob Nito, doon mo pa lang Ito makikita. Paano kang makapapasok Dito; Pakillipagkamay, pagsapi? Hindi. Isisilang ka papasok Dito. Pagkamatay, pag-aalis ng luma mong mga balat ng hayop, kita mo, ang dati mong pagkatao upang pumasok sa bago. Kita n'yo? Iwaksi ang mga lumang balat ng hayop.

Ang Liwanag na Shekina ay hindi . . . Makinig kayo mga ministro! Mga Ministro, nais kong pakinggan n'yo Ito. Sa sandaling nasa loob ka na. . . Ngayon; babagalan ko ito ng husto, para makatiyak na makukuha ninyo Ito. Sa sandaling nasa loob ka na ng tabing, sa ilalim ng Luwalhating Shekina, hindi kukunin ng Liwanag na Shekina ang Salita ng Diyos at ipahahayag si Jesus bilang isang “manghuhula,” hindi, gaya ng ginagawa ng mga denominasyon ngayon, “mental telephaty, holly-roler, Beelzebub.” Hindi Siya ihahayag ng Luwalhating Shekina bilang gayon.

Ngunit hinihinog ng Luwalhating Shekina ang Binhing ipinangako para sa oras na iyon, ng Salita, ipinakikitang Siya pa rin ang Lirio ng Lambak. Pinatutubo Nito ang Binhing iyon, ang Lirio ng Lambak, ang Tinapay ng Buhay, ang Alpha at Omega, siya rin kahapon, ngayon, at magpakaiian man. Siya ang bahagi ng mananampalataya, na Siya'y kahapon, ngayon, at magpakailanman.

167 Hindi, “Ang mga araw, lipas na Siya, at patay na Siya at tapos nang lahat iyon.” Kaya't kaibigan, kung ganiyan ang paniwala mo, kung ganiyan ang paniwala rno, hindi mo pa natutumbok ang Luwalhating Shekina. Paano Siyang ihahayag ng Luwalhating Shekina bilang tatlong persona? Kita n 'yo? Paaanong magagawa ng Luwalhating Shekina ang ihayag Siya sa pagbabautismo ng mga tao sa ngalan ng “Ama, Anak, at Espiritu Santo,” samantalang walang isa mang tao sa Biblia na nabautismuhan sa gayong paraan? Paanong magagawa ng Luwalhating Shekina ang limitahan Siya sa isang apostol samantalang Siya'y kahapon ngayon at magpakailan man? Kita n'yo?

Ang Luwalhating Shekina ang nagpapamalas sa Kaniya. Pinauusbong Nito ang Salita ng pangako sa iyo. Iyan ang dahilan na nilambungan Niya ang mukha ni Moises, dahil nasa kaniya ang Salita. Nilambungan Niya si Jesus bilang isang mapagpagkumbabang maliit na Lalaki upang huwag nilang makita si Jehova. At nilalambungan Niya ang Sarili Niya ngayon sa mga sisidlang putik na nagtataglay ng Shekina. Ang labas ay tila lupon ng mga holy-roller, lumang balat ng mga hayop. Ngunit sa loob ay nakakubli ang Luwalhating Shekina. At hinihinog Nito ang Tinapay na Handog na ating pinagpipistahan, at dahilan ng pagmamaneho natin sa magkabilang dulo ng bansa ng daandaang milya, kita n'yo. Ito ang Pagkain ng mananampalataya. Ito'y para lamang sa mga mananampalataya, kita n'yo, Tinapay na Handog na Binhi. Pans in in, anD ang ginagawa Nito? Ang Luwalhating Shekinang iyon na sumisilay sa Tinapay na Handog, ang dahilan kaya hindi Iyon napapanis.

168 Alalahanin, ang mana na nagmula sa Langit, nanatili iyon sa Luwalhating Shekina, mula sa isang salinglahi tungo sa isa pa. Sa labas ay inuuod ito, sa loob lamang ng magdamag, napapanis. Tama ba 'yon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”-Ed.] ,

Sa labas ng Luwalhating Shekina, “Ang panahon ngmga himala ay lipas na. Kita n'yo, lahat ng iyan ay panatisismo.” Ngunit sa loob “ . . .

169 Tingnan n 'yo, nakakuha sila ng ilang buto ng sunflower mula sa kaban sa Egipto na inimbak doon“noong panahon no Jose, apat na libong taon na, halos, ang lumipas. Inilagay ni Jose ang mga iyon sa kaban. Itinanim nila ang mga iyon. Nabuhay ang mga iyon. Bakit? May taglay silang buhay.

170 Ano itong Luwalhating Shekina ngayon? Lalagusin ang tabing upang makita kung Sino ang Diyos na nakatayo sa inyong harapan, kita n'yo, ang Diyos ay nakatayo sa ating harapan, ang — ang Haliging Apoy, Siya ay natatabingan ng laman ng tao. Ngunit anD ang ginagawa ng Shekina, ano ang ginawa Nito? Ang Binhing Handog na Tinapay, ang Salitang dapat nating ipamuhay sa araw na ito sa pamamagitan ng mga pangakong ito, ang Luwalhating Shekina ang humihinog sa Handog na Tinapay na iyon, pinangyayari ito, ginagawa itong Tinapay para sa mga mananampalataya, na nasa mga pahina ng Biblia taun-taon, ang Salita para sa panahong ito.

Sa mga denominasyon, Ito'y isang batong-katitisuran. Sa mga denominasyon, natitisod sila Rito. Sa loob ng napakaraming taon, sa panahon ni Luther, ni Wesley, ni Martin Luther, at lahat na, ni Sankey, ni Finney, ni John Smith, ni Knox, lahat ay nangatisod Dito.

171 Ngunit anD ang gagawin Nito sa mga huling araw? Ano ang "ihahayag"? "Pasisibulin!" Anong gagawin ng Malakias 4? Ang ipanumbalik ang mga tao mula sa batong-katitisurang iyon, upang was akin ang mga tradisyon, at upang ihayag ang Tinapay na may Luwalhating Shekina. Masdan n 'yo itong nahihinog at namumunga ng kung ano talaga ang sinabi Nitong gagawin Nito, ay, naku, ang Handog na Tinapay para sa panahong ito. Sa denominasyon, isang batong-katitisuran, "isang lupon ng mga panatiko." Ngunit sa ating nagsisisampalataya!

172 Ngunit ngayon gaya ng naipangako ng Apocalipsis 10, "Lahat ng mga hiwaga ng Diyos na nakakubli sa mga pahina sa loob ng mga taong nagdaan ay mahihinog, lilitaw sa panahon ng Mensahe ng ikapitong anghel." Tama ba 'yon? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen." -Ed.] Ano ba ang sinabi Niya isang taon at anim na buwan na ang nakalilipas, mga dalawang taon na ngayon? "Pumaro~n ka sa Tucson; pumaroon ka sa gawing hilaga ng Tucson, may isang malakas na pagsabog," at ano ang nakatakdang maganap, "mabubuksan ang mga Tatak," ang mga Tatak na naghahayag ng mga bagay na ito. Nagbalik ayon sa sinabi Niya. Ano iyon? Nagpapakitang hindi maaaring maging tao iyon. Lagi itong tumatama, tuwid na tuwid, sa bawat pagkakataon. Ano iyon? Ito'y ang kamay ng Diyos, kita n'yo, sa ating harapan. At dahil ito'y nasa isang maliit na kalipunan, nalalambungan ng laman ng tao, ito'y natatabingan sa daigdig na nasa labas. Natatabingan Siya sa daigdig na nasa labas. Ipinahahayag Niya ang Sarili Niya sa mga sanggol na nais matuto. Kita n'yo? Tama iyan.

173 Bawat, tingnan n'yo, bawat talinghaga sa Biblia, bawat tipo sa Biblia ay naipapamalas dito mismo sa ating harapan. Ang Diyos na nasa Haliging Apoy na sumulat ng Biblia, kapuwa sa Luma at Bagong Tipan, ay naririto at nagpapamalas Nito, ipinakikita nang malinaw na malinaw kung ano talaga iyon, ipinaliliwanag Itong pabalik, at upang'makatiyak na ito nga ang pagpapaliwanag.

"Nakuha na namin ang pagpapaliwanag!" Kung gayon ay tingnan natin kung mangyayari ito. Kita n'yo, iyon na 'yon, tingnan natin kung maipapamalas ito. 339 Naipapamalas! Ang sabi ni Jesus, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama ay huwag ninyo Akong sampalatayanan." Kita n'yo, kailangan itong mapatunayan.

Ngunit ngayon — ngayon, hindi ang mapatunayang gaya ni Jesus, binalot nita ng — ng basahan ang ulo Niya at pinalo Siya sa ulo, ang sabi, "Kung Ikaw ay isang propeta, sabihin Mo sa amin kung sino ang pumalo sa Iyo." "At kung Ikaw angAnak ng Diyos, gawin Mo ang tinapay na ito . . ." Kita n 'yo, ang diablo 'yon. "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, bumaba Ka riyan sa kr-. . ."

174 Ang ibig kong sabihin ay ang Kapahayagang dapat Niyang gawin, iyon Iyon. Ngunit ngayon gaya ng paghahayag ng Apocalipsis 10, ang mga hiwaga ng Diyos ay naipamalas, naipaalam, bilang Aklat na may Pitong Tatak na naipangako. Ngayon, hayaan n'yong ang pananampalataya ninyo sa Kaniya na Siyang Salita. 'Pagkatsa Apocalipsis 10 ay sinasabi . . .

O, sa Apocalipsis 19, pala. . . Isinulat ko ito rito, Apocalipsis 10, upang tunghayan natin; ngunit hindi iyon 10, iyon ay 19. Kapag dumating Siya, tatawagin Siyang "Ang Salita ng Diyos," nakasakay sa kabayong puti, at ang mga tagasunod ng Langit ay susunod sa likuran Niya.

Wasakin ang makadenominasyong tabing ng edukasyon. Wasakin ang makadenominasyong tabing ng tradisyon. Wasakin n'yo ang mga tabing na iyan na tumatakip sa Kaniya sa inyo. Wasakin ang mga tabing na iyon ng pagmamataas, kayong mga kababaihan. Kayo'y - kayo'y mga anak na babae ng Hari; umasta kayong gayon; mamuhay kayong tulad nito. Wasakin ang bawa't tabing, kahit pa ano'ng sabihin ng kung sinong Ph.D. at LL.D. Kung ito'y salungat sa Biblia, lagusin n'yo ang tabing na iyan! Dahil natawid na natin ang pun it na tabing. Nasa kabilang panig na tayo ngayon, sa kabilang panig. At makikita mo, kung gagawin mo lang 'yon, wasakin ang mga lumang tradisyon at mga bagay-bagay at tutungo ka sa Kaniya, makikita mo Siyang nakatayo, ang Makapangyarihang Manlulupig, ang Salita ng pangako para sa panahong ito na naipapamalas. Makikita mo ang Makapangyarihang Diyos na nalalantad, makikita mo Siya sa kalagitnaan natin dito, naalisan ng tabing, ang Makapangyarihang Diyos, hindi nagawang lupigin ng mga tradisyon.

175 Tinangka nila Siyang itogo roon sa likuran; sinikap nila sa loob ng maraming taon, subalit ang oras para sa pangako ay papalapit na nang papalapit. Nagbangon ng isang Moises ang Diyos minsan, at pinalaya niya ang mga anak mula sa mga bagay na iyon. At Siya pa rin . . . Hindi Siya malulupig. "Langit at lupa'y lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas." Siya'y kahapon, ngayon, at magpakailanman. 345 Ang sabi nila, "Hindi mangyayari ito." Ngunit nangyari iyon. At nang mangyari iyon, ang sabi nila, "Sa Diablo iyan.".

Ngunit hindi niyan mababago ang Salita ng Diyos kaunti man; nananatili pa rin Itong Diyos sa mananampalataya, "ang Makapangyarihang Manlulupig; siya rin kahapon, ngayon at, magpakailan man," sa Kaniyang katangian, sa Kaniyang Salita, Hebreo 13:8.

176 Magwawakas ako sa pamamagitan ng pagsasabi nito, dahil limang niinuto na lang bago mag alas-dose, sasabihin ko lang ito. May mga sampu, o labindalawa pang mga pahina rito. Tatalakayin ko ito sa

ibang pagkakataon, marahil ay mamayang gabi.

Pans in in, pansinin ito. Nagkaroon ng isang subasta noon, at isinalang nila ang isang biyulin. Maraming ulit n'yo na itong narinig, isang lumang biyulin. At ang sabi ng tagapagbili, "Magkano ba ang alok sa akin para rito?" Maaaring hindi tamang-tama ang pagsasalaysay ko nito ayon sa tula. Napakarami na kasing taon ang lumipas, ngunit bigla ko itong naisip. At dinampot nila ang lumang biyulin; hindi gasinong magandang tingnan iyon; mukha itong marumi, at lahat na. Ni wala ngang gustong tumawad doon. Sa wakas, sa palagay ko'y may tumawad ng isang dolyar o parang gano'n.

177 At may isang nakatayo na sa palagay niya ay hindi dapat gano'n ang halaga no'n, kaya't pumaroon siya at dinampot iyon. Hinawakan niya iyon ng kaniyang mga kamay at kinuha ang busog at pinatunog ito, tumugtog siya ng isang himig. At nang gawin niya 'yon, ay nagsimulang umiyak ang bawat isa. Hindi pa sila nakarinig ng gayong musika sa tanang buhay nila. Nang magkagayon ay sinabi ng tagapagbili, "Magkano ba ang alok sa akin ?"

"Dalawang libo!" "Limang libo!" "Sampung libo!" Kita n'yo? Ano iyon? Ihinayag ng kamay ng Maestro kung ano ang natatabingan sa lumang instrumentong iyon. 351 Ganito rin ngayon! Ang Lumang Aklat, Ito'y gasgas na, pinagtawanan na Ito, sinunog, ginawang biro. Ngunit sumapit na ang panahon ng kanilang makadenominasyong subasta, ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia. Ipinagbibili nila Iyon nang higit kaysa alinmang kalakal. May makadenominasyong subasta na gaganapin.

178 Ngunit alalahanin, may isang bagay sa lumang Aklat na nangakong may predestinado, nakatalagang kamay na darating isang araw na dadampot Dito at magbubunsod sa Salita ng Aklat na ito, sa isang predestinadong puso, para sa gawaing nakatalaga para Rito, ihahayag ang mga pangakong nakapaloob Dito. Maaaring mukhang luma ito, gaya ng mga lumang lupon ng mga holy-roller o anuman iyon; ngunit kakailanganin lang ang kamay ng Maestro, ang Salita upang dumampi Rito, upang ihayag ang Salitang iyon, at iyon ay magiging higit pa kaysa sa holy roller. Naging gayon na ito sa bawat isa sa atin, hindi ba,

mga kaibigan? Hindi Ito isang bungkos ng panatisismo. Depende na lang iyon sa kung kaninong kamay ang humahawak ng busog. Manalangin tayo.

179 Makalangit naming Ama, sa pamamagitan ng pananampalataya sa araw na ito ay nakikita ko ang Maestro ng lumang Aklat, na ipinagpalit na nila sa mga tradisyon. Ipinagpalit na nila Ito sa mga denominasyon. Tinangka nila itong ipagpalit. Ngayon ay ipinagpapalit nila ito sa isang — isang Pandaigdigang Konseho ng mga tao, ng mga iglesia, maka-komunista, makaateista. Nagumpisa na ang subasta, Panginoon.

Diyos, lumapit Ka! Tiyak naming lalapit Ka. Isugo Mo sa amin ang propetang iyon, Panginoon, na kukuha ng busog na iyon, na kukuha sa Salitang Ito at magpapatunay na si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Marami, Panginoon, ang magbibili ng kanilang buhay, itotapon nila ang mga dating tradisyon, wawasakin nila ang mga tabing. Ninanasa nila Ito, Panginoon. Ibibigay nila ang lahat, lahat-Iahat, ibigay Mo lang si Jesus sa kanila. 355 Panginoon, sa palagay ko'y pinatunayan Mo na ito sa kanila ngayon. Kung saan-saan sila nanggaling. Inuubos nila ang kanilang kabuhayan. Ginagawa nila ang lahat para makarating sa mga pagtitipon upang gawin nila ang abot sa kanilang makakaya, sapagkat nasumpungan nila ang Perl as na iyon na napakamahaI. Ang iba pang mga bagay ay nagiging napakaliit ng halaga. Pagpalain Mo sila, Ama.

180 Nakalapag sa pulpitong ito sa umagang ito, Panginoon, ang mga panyo. Marahil ang iba sa kanila ay kailangang umalis ngayon bago ganapin ang gawaing pagpapagaling mamayang gabi. o walang hanggang Diyos, tumingin Kang pababa, alam kong naririto Ka; Ika'y natatabingan. At isinusugo ko ang mumunting mga belong ito, Panginoon, na tinatawag na mga "panyo," at mga mumunting "panapi," at mumunting "sapatos ng bata" para sa mga mumunting sanggoI. At isinusugo ko ang mga ito bilang maliliit na belong tanda, na ang Salita Mo'y naipangaral sa ibabaw nito sa umagang ito, at bilang isang mananampalataya, ay ipinapatong ko ang mga kamay ko sa mga ito, ang katawan ko, nagpapakitang pinaniniwalaan ko Ito. At sa pamamagitan ng pananampalataya, ang bawat isa sa loob ng gusaling ito ay ganito rin ang ginagawa, Panginoon. Nawa'y gumaling ang mga maysakit.

181 Maaari Mong hagurin ang — ang Salita mula rito, Panginoon, tulad ng ginawa ng matandang biyulinista sa biyulin, at gawin Mo itong gayon, Panginoon. Itulot Mong tugtugin nito ang tamang himig, ang busog tanging sa

kamay ng Maestro, at makikita namin Siyang nakatayo nang lantad na lantad sa paningin ng madla. 358 Marahil ay iniisip ng mga taong iyon noong araw na iyon, nang hindi sila tumawad ng kahit magkano, nang wala silang maialok para sa lumang biyuling iyon. Hindi nila gusto iyon. Ayaw nilang iuwi iyon sa bahay nila. Ngunit sa sandaling damputin iyon niyaong isa na makapagpapasunod dito, ay ipinagbili nilang lahat ang nasa kanila, makuha lang nila iyon. Pinagawayan at pinagagawann nila iyon. Subalit huli na.

182 Magkakagayon din pagdating ng panahon kapag tumunog na ang Pakakak ng Panginoon, ang oras ay

mapaparam na. Yaong mga minatamata at pinagtawanan, na tumayo roon sa harap ng bukas na tabing at nakakita sa pagpapamalas ng Salita ng Diyos. Ang iba'y magsisigawan upang makuha lyon, ngunit gaya ng sinabi Mo, "Magiging huli na pag nagkagayon" (nagtungo na sila sa Hapunan ng Kasalanan), at naiwan sila sa labas kung saan ay may pagtangis, at pagdaing, at pagngangalit ng mga ngipin.

Tulungan Mo po ang bawat taong makapanampalataya sa umagang ito, Ama. Lagusin Mo ang bawa't tabing ng pagiging makasarili, bawa't tabing ng kawalan ng pananampalataya, at ipakita Mo ang Makapangyarihang Manlulupig na nalantad sa harapan ng mga mananampalataya. Sapagkat, "Narito, Ako'y sasainyong lagi, maging hanggang sa wakas ng sanglibutan. Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanglibutan, gayon ma'y makikita ninyo Ako." Ipakita Mo ang Sarili Mo sa aming kalagitnaan, Panginoon, gaya nang noon Mo pa ginagawa. Manatili Ka nawang ganiyan hanggang sa makita kami sa Iyong harapan, kapag ang en morphe ay mapalitan at muli Kang maging Anak ng Tao at Anak ni David. Itulot Mo po ito, Panginoon sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Habang nakayuko ang ating mga ulo at lahat ay nananalangin.

183 Iniisip ko ngayon kung may ilan dito na . . . naririto sa loob o sa labas. Walang paraan upang magdaos dito ng panawagang altar, dahil walang lugar. Ngunit nag-iisip ako nang buong katapatan, pinaniniwalaan ba ninyong ito'y Katotohanan? Naniniwala ba kayo na sa araw na ito na pinamumuhayan natin, lahat ng kaguluhang ito at maka-agham na panahon gaya ng mga kaarawan ni Noe, sa mga kaarawan ni Moises, ang mga kaarawan ni Cristo, na ang Diyos, ang Dakilang Ama nating lahat na isinilang sa Kaniya, ay nakatayong kasama natin ngayon?

184 Ang nakikitang Haliging Apoy na pinatunayan ng agham, maraming taon na ang lumipas nang ako'y bata pa ay nangusap sa akin doon, at sinabi sa aking dito ako mismo titira, kung ano ang magaganap. Isinaysay ko nasa inyo ang tungkol dito, at lto'y . . . Isang araw doon sa ilog, bago magsimula ang lingkuran, ang unang revival, nagpakita Siya sa kalangitan, ipinakilala ang Sarili N iya at ipinagkaloob ang utos. Sa lahat ng mga taong nagdaan ay iningatan ko ito sa aking puso, nilalambungan si Cristo, ang siya ring Haliging Apoy na nagpapaliwanag sa Salita, tulad ng naipangako. Narito , na tayo sa mga huling araw, ang pagdating ng Panginoon. At kung nasumpungan mo ang iyong sarili na nasa labas ng tabing na iyon, na ang ibig sabihin ay kamatayan ang manatili sa labas, nais mo bang sa pamamagitan ng pananampalataya, sa umagang ito, na magsabing, "Sa tulong ng Diyos. At sa tulong Mo, Panginoon, nais kong lagusin ang tabing na iyon. Nais kong pumasok sa kinaroroonan Mo upang makita ko ang Salita ng Diyos."?

185 Huwag ninyong subukang maging isang Moises. Huwag ninyong subuking maging isang Aaron. Huwag. Maging kung sino lang kayo, ngunit maging isa kayong Cristiano.

Maaari ba, habang nakayuko ang mga ulo natin, itoas n'yo ang inyong mga kamay sa Diyos at magsabi, "Panginoong Diyos, tulungan Mo po akong makapasok sa tabing."? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Iya'y, tingnan lang ninyo ang mga kamay!

Sa labas, alalahanin, maaaring hindi ko makita ang kamay mo. Hindi ito — hindi gasinong mahalaga na makita ko iyan; ang Diyos iyon. Ito lamang ay . . . Para sa akin, ipinakikita lang nito sa akin na ang — ang Binhi ay nahulog kung saan, at. . . Ngunit nakikita ng Diyos ang totoong puso. 366 Kung mayroon pang iba na hindi pa nagtataas ng kamay, na nais nang magtaas ngayon, itoas ninyo ang inyong kamay at kayo'y aalalahanin sa panalangin. itoas ninyo ang inyong mga kamay. Pagpalain kayo ng Diyos. Mabuti iyan. Pagpalain kayo ng Diyos.

186 Ama, nananalangin kami na ang mga ito, Panginoon, na hindi pa nakalalagos sa tabing, nakatayo sila roong gaya ng Israel, sila'y nagmamasid. Sumasampalataya sila, ngunit hindi pa sila nakakalagos Dito, upang makita ang dakilang Liwanag na Shekina, kapuwa espiritual at pisikal, hanggang sa ang mekanikal na mata ng kamera ay paulit-ulit na nakakakuha nito. Dalawang linggo pa lamang ang nakalilipas ay muli Itong nakunan. Ipinahahayag Mo ang Sarili Mo, Panginoon, ang Makapangyarihang Diyos na lantad sa isang mananampalataya: natatabingan pa rin sa hindi mananampalataya, ngunit lantad na sa mananampalataya. Nawa'y makalampas sila sa araw na ito, Panginoon, nang makita nila ang Iyong kagandahan at Kaluwalhatian. Nawa ang mga puso nila'y mabago bago pa man kami makabalik sa simbahang ito ngayong gabi. Lahat nawa sila ay mapuspos ng Iyong Espiritu, ng Iyong Presensiya. Nawa'y madampot ng Maestro ang pananampalatayang taglay nita, pasilayin iyon sa Salita; nawa'y magbalik ang tono, "Ikaw ay naitalaga na bago pa itotag ang sanlibutan upang sampalatayanan Ito. Sumampalataya ka, anak Ko, at maligtas."

187 Amang Diyos, inilalagak namin sila sa Iyong mga kamay ngayon, napagtatanto naming hindi na kami makagagawa ng higit pa kaysa rito. Lahat ng ito'y nasa Iyo na, Ama. Ibinibigay ko sila sa Iyo. Sa Ngalan ni Jesus Cristo, na Iyong Anak. Amen. Mahal siya, Mahal Siya 'Pagkat minahal Niya ako Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo. Mahal mo ba Siya? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."-Ed.] Kamangha-manghang tunay si Jesus sa'kin, Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan; Naghugas ng aking mga kasalanan Kamangha-manghang tunay, purihin Siya! Dating ligaw, ako ngayo'y Kaniyang inaakay Si Jesus ang

nagbigay ng aking kalayaan; Nililinis, nilulubos ang aking buhay, Kamangha-manghang tunay, purihin Siya. Kamangha-manghang tunay si Jesus sa' kin, Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan; Naghugas ng aking mga kasalanan Kamangha-manghang tunay, purihin Siya!

188 Ilan ba ang nakakakita sa Kaniyang nakatayo bilang Makapangyarihang Manlulupig, ang Salitang naging laman, na nalantad sa ating harapan; ang Alpha, ang Omega; Siya noon, Ngayon, at ang Darating; ang Ugat at Bunga ni David; ang Anak ng tao, ang Anak ng Diyos, Anak ng tao, at magiging Anak ni David? Sinasampalatayanan ba ninyo Ito nang taos sa puso ninyo?

[Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."-Ed.] Inilalantad ang Sarili Niya sa bawat kapanahunan, dinala Ito sa bawat mananampalataya, tinatabingan ang Sarili sa laman ng tao upang magkubli sa hindi mananampalataya. Nakakubli Siya sa likod ng tabing. Nawa ay wasakin ng Diyos ang bawat tabing at makita nawa natin Siya kung ano talaga Siya! Papatdin Niya ang tali, Papatdiq Niya ang tali, o, papatdin Niya ang tali, Ika'y lalaya! Sa kabilang pangpang ng Jordan, Sa halamanan ng Eden Sa lilim ng Puno ng Buhay Ako'y hihimlay Papatdin . . . Ayaw ba ninyong tumawid ng" Jordan ngayon? Masyado na tayong nagtagal sa ilang, tumawid na tayo tungo sa mga pangako! Papatdin Niya ang tali, Papatdin Niya ang tali, o, ika'y lalaya!

Itaas natin ang mga kamay natin ngayon. Pupurihin Siya sa tuwina, Pupurihin Siya sa tuwina, Pupurihin Siya sa tuwina, 'Pagkat pinalaya Niya! (Amen!)

189 Hindi ba't gumanda ang pakiramdam n 'yo? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."-Ed.] o kamangha-mangha, hindi nga ba gayon Siya? Magkamayan tayo sa isa't-isa ngayon, magsabing: Papatdin Niya ang tali, Papatdin Niya ang tali, O, papatdin Niya ang tali, (Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid.) O, ika'y lalaya! Pupurihin Siya sa tuwina, (ang makapangyarihang Diyos), Pu. . . ("Siya'y kahapon, ngayon, at magpakailan man," nagpalit lang Siya ng anyo.) . . . tuwina, Pupurihin Siya sa tuwina, 'Pagkat pi . . . (inalis Niyang lahat ang mga kredo sa akin) . . . ya Niya. (Itinulot Niyang mapanampalata yan ko ang Salita Niya.)

190 O, hindi ba ninyo naririnig ang biyulin ng Maestro na hinahagod ng busog sa Salitang ito? Siya'y tulad kahapon, ngayon! Pupurihin Siya sa tuwina, Pupurihin Siya sa tuwina, Pu . . . (Siya, na Salita!) . . . purihin Siya sa tuwina, (Ano'ng ginawa Niya?) 'Pagkat pinalaya . . . (sa likod ng kurtina) Niya!

Purihin ang Oiyos! Mahal ko Siya. Hindi ba ninyo Siya mahal? Hindi ba't Makalangit ito? [Kongregasyon,"Amen."-Ed.] Gusto ko ang mga katangian ng Salita, kita n 'yo, ang Espiritu Santo sa magiliw at mapagpakumbabang paraan. Ako'y - talagang gusto ko iyan. o, isipin na lang! Sa kabilang pampang ng Jordan, (malapit na ako roon ngayon.) Sa hala . . . (Imortal) ng Eden, . . . (Ano ang masusumpungan ko roon?) Sa lilim ng . . . (Ooon sa Halamanan ng Eden) . . . ng Buhay. Ako'y hihimlay.

Nais mo bang pumaroon? Pinapatid Niya ang bawa't tanikala. Papatdin Niya (Iahat ng tradisyon) ang tali Papatdin Niya ang tali (Iahat ng denominasyon, lahat ng kredo), . . . Niya ang tali,

o, at ika'y lalaya!

191 Papuri sa Oiyos! Sadyang mahal ko Siya. Kaya pala sinabi ni Isaias, "Siya ang Tagapayo, ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Makapangyarihang Diyos, ang Walang Hanggang Ama, Kamangha-mangha!" Kamangha-manghang tunay si Jesus sa 'kin. Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, o, naghugas ng aking mga kasalanan, Kamangha-manghang tunay, purihin Siya!

Ay, naku! Pinaliligaya niyan ang puso ko. Kamangha-mangha Siya. Sinasabi ko sa inyo, wala Itong wakas. Ito'y . . . dumating ako Rito tatlumpu't tatlong taon na ang nakalilipas, na ganito ang aking nararamdaman. At kung Siya'y magtatagal, isang araw ay ipipikit ko ang aking mga mata, at lalabas akong gayon pa rin. Amen! Kamangha-manghang tunay si Jesus sa' kin, Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan; Naghugas ng aking mga kasalanan Kamangha-manghang tunay, purihin Siya!

192 Maaari akong manatili rito maghapon. Ang sabi ni Pablo, "Kung ako'y aawit, aawit ako sa Espiritu. Kung ako'y mangangaral, mangangaral ako sa Espiritu. Kung ako'y lalakad, lalakad ako sa Espiritu. Kung ako'y magsasalita, magsasalita ako sa Espiritu." Lahat nawa'y maisagawa sa pamamagitan ng Salita at ng Espiritu. Opo. Amen. Lahat ng ito'y Katotohanan ng Diyos. 379 Nakikita ko Siya, ang Makapangyarihang Diyos na nalantad. Nakikita kong hinahawi Niya ang mga kredo, ang mga denominasyon; hinahawi ang — ang mga mapag-alinlangan, ang mga palatuntunang pang-edukasyon, at lahat na; lumalakad ng pasulong, nakatayo roon. Sa palagay n 'yo ba ay malulupig Siya ng mga denominasyon? Sa palagay n'yo ba ay malulupig siya ng Pandaigdigang Konseho? Nilupig Niya ang lahat, nilagot ang bawa't tanikala, nilaslas ang impiyerno; pinunit ang tatak, pumasok sa kabanalbanalang dako; inilantad ang Sarili Niya sa atin, bilang Salita, siya rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Amen. Mahal ko Siya.

193 Ngayon, hanggang sa pagkikita natin mamayang hapon, nais nating gawin ang isang bagay, iyon ay:

Ngalan ni Jesus ay kunin, Anak ng dusa't dalita Dulot Niya'y kaligayahan Sa'n ka man umabot pa. O

dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit; O dakilang Pangalan. . . (oo, nakuha ko na ang mga iyon) . . . Pag-asa ng lupa't . . . [Nakipagusap si Kapatid na Branham sa isang nasa plataporma-Ed.]

Kung magtatangka si Satanas na tuksuhin ka, na hindi ka nakatingin sa tamang bagay, ituro ninyo siya sa Salita gaya ng ginawa ni Jesus. Kita n'yo? Kita n'yo? Amen! Yuyukod sa Kaniyang Ngalan Sasambang walang humpay, Hari Siyang mapuputungan, Sa dulo ng paglalakbay. O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit; O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit,

194 Darating si Billy rito nang mga bandang alas sais, mamimigay siya ng mga prayer card doon sa mga nais pumarito sa hanay ng panalangin. Sa palagay ko'y kailangan nating gawin 'yon. Hindi na dapat namin gagawin ito, ngunit, dahil sa dami ng tao, makabubuting idaos natin ito, kita n 'yo?

Ngayon, alalahanin n'yo Siya. Lagi n'yo Siyang isaisip, isapuso, saan man kayo magtungo. Kita n 'yo, isaisip n 'yong lagi si Jesus. Ngalan ni Jesus ay. . .(Ngayon, makinig!). . .nin. Pananggalang sa gulo; (Anong nangyayari?) Kung pagsubok ma'y dumito (Ano'ng dapat n'yong gawin?) Manalangin kay Jesus. O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't langit; O dakilang Pangalan!

Pag-asa ng lupa't langit.

Yumuko tayo ngayon. Hihilingin ko sa pastor na pumarito siya at pauwiin na ang mga tagapakinig. BrotherNeville, pagpalain ka ng Diyos, Brother Neville.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7